”Asahan ang dakilang mga bagay mula sa Dios.
Magtangka ng dakilang mga bagay para sa Dios.”
*William Carey*

# Mga Hakbang
## TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

*Pagiging puspos ng Banal na Espiritu*

HELMUT HAUBEIL

Tagapaglathala:
Schritte zur persönlichen Erweckung
TOP Life Wegweiser-Verlag GmbH, Wien
Austrian Publishing House
Verlagsarchivnummer: 040 415
ISBN: 978-3-903002-14-2

Unang pagkalimbag sa wikang Ingles, Marso 2015
Ikalawang pagkalimbag sa Ingles, Abril 2016-nakalimbag sa South Korea
Ikatlo at ika-apat na pagkalimbag sa Ingles, Abril 2016-nakalimbag sa
Estados Unidos
1. Edition in Filipino-Tagalog March 2017
2. Edition in Filipino-Tagalog March 2018

Konsepto:
Simon Eitzenberger, www.desim.de

Tagalikha:
Konrad Print & Medien, www.konrad-medien.de

Pamatnugutan: Christian Stroeck
Pagkuha ng Larawan: Henry Stober

**Makipag-alam at mag-order para sa wikang dayuhan:**
© Helmut Haubeil, Rosenheimer Str. 49
D-83043 Bad Aibling / Oberbayern – Germany
E-Mail: helmut@haubeil.net, Phone +49 (0)8061 4900712

Orihinal na salin ay sa German. Karadagang salin sa Bahasa-Indonesia, Bulgaria Croatian, Czech, Danish, English, Filipino-Tagalog, French, German (orihinal), Hindi (India), Hungarian, Kirundi (Burundi-EastAfrica), Kinyarwanda (Rwanda-EastAfrica), Mizo (India), Odiya (India), Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Spanish, Serbian, Swedish, Tegulug (India), Urdu-Pakistan, Vietnamese. Nagnanasa ng salin sa ibang wika. Makipag-ugnayan kay H. Haubeil, upang mapagkasunduan.

**Kami ay malugod na nagaanyaya na dalawin ang aming website https://steps-to-personal-revival.info/. Inyong masusumpungan ang salin sa maraming wika, patotoo at maraming makahulugang tulong. Maaari kayong bumasa, i-download, at ipadala sa inyong mga kaibigan.**

**Impormasyon sa pag-order:** Karagdagang detalye, tignan sa pahina 2

Ang mga talata ay hinango mula sa Ang Biblia Tagalog copyright 1982 ng
Philippine Bible Society. Member, United Bible Society

# MGA HAKBANG TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

## ORDER INFORMATION
## IMPORMASYON SA PAG-ORDER

**USA**
Remnant Publications
649 E. Chicago Rd
Coldwater MI, 49036
Phone 800-423-1319
or 517-279-13043
Web address for orders:
www.remnantpublications.com
Available at your Adventist Book Centers

**Canada**
*Lucas Jurek*
118 G First Avenue North
Williams Lake, BC
V2G 1Y8
Email:lucasjurek@gmail.com
Mobile number: 250 983 - 2650

**Australien**
*Colin Hone*
Booklets in English
colin.hone@murrayhone.com.au

**Philippines**
*Allan D. Faina*
Email: berevived7.14@gmail.com
*SDA church*
Fidela Herrera Subd
Bgy. Santol, Tanza, Cavite-4108
Phones: (63) 9976003397

**Russia**
*Source of Life Publishing House*
Vostochanya St. 9, Zaoksky 301000
Tula Region, Russia
Tel. +78 73 42 01 01
www.lifesource.ru

**Europe - Russian-language literature**
*Christa Medien GmbH*
Pulverweg 6
D-21337 Lüneburg (Germany)
Tel. +49 (0)4131 9835-580
www.christa-medien.eu
und www.christa-shop.eu
E-Mail: info@christa-medien.eu

**Germany and abroad**
*Wertvoll leben*
Im Kiesel 3, D-73635 Rudersberg
www.wertvollleben.com
Email: info@wertvollleben.com
Phone: +49 (0)7183 - 3071332

**Austria**
*TOP Life Wegweiser-Verlag*
Prager Str.287, A-1210 Wien/Vienna
www.toplife-center.com
Email: info@wegweiser-verlag.at
Phone +43 (0)13199301-0

**Austria and Germany**
*Adventist Book Center*
Bogenhofen, A-4963 St.Peter/Hart
www.adventistbookcenter.at
Email: info@adventistbookcenter.at
Phone +43 (0)2294000

**Switzerland**
*Advent-Verlag*
Leissigenstr. 17, CH-3704 Krattigen
www.av-buchshop.ch
Email: info@adventverlag.ch
Phone +41 33 654 1065

## SPEAKER FOR SEMINARS

**USA and many countries:** www.spiritbaptism.org – start page scroll down

**Germany, Austria, Switzerland, European countries:**
www.steps-to-personal-revival.info - click German version – Kontakt page – scroll down

**Phillipines:** Allan D. Faina, Email: svh.freshsoymilk@gmail.com, SDA church:
Fidela Herrera Subd, Bgy. Santol, Tanza, Cavite-4108, Phones: (63) 9976003397

# *Mga Hakbang*
## TUNGO SA PERSONAL NA
# PAGPAPANIBAGONG BUHAY

*Pagiging puspos ng Banal na Espiritu*

HELMUT HAUBEIL

TALAAN NG NILALAMAN

7
PAGPAPAKILALA
MGA HAKBANG TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY
*Puspos ng Banal na Espiritu*

9
PAUNANG SALITA
PARA SA MGA LIDER AT MGA LIDER SA HINAHARAP
*Pinaparami ang mga resulta*

15
KABANATA 1
ANG PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS
*Ano ang itinuturo ni Jesus tungkol sa Banal na Espiritu?*
*Nalalaman mo ba ang pinakamahalagang Mensahe ni Jesus?*

26
KABANATA 2
ANO ANG SENTRO NG ATING MGA SULIRANIN?
*Mayroon bang espirituwal na dahilan sa ating mga problema?*
*Ang dahilan ba ay ang kakulangan ng Banal na Spiritu?*

53
KABANATA 3
ANG ATING MGA PROBLEMA SILA BA'Y KAYANG LUTASIN – PAANO?
*Paano tayo lalago na magiging masaya at matatag na Kristiano?*
*Paano mapupuspos ng Banal na Espiritu ang ating mga buhay?*

TALAAN NG NILALAMAN


71
KABANATA 4

ANONG MGA PAGKAKAIBA ANG MAAARI NATING ASAHAN?

*Anong kalamangan mayroon tayo sabuhay na puspos ng Banal na Espiritu?*
*Ano ang nawawala sa atin kung tayo ay hindi nanalangin para sa Espiritu Santo?*

95
KABANATA 5

ANG SUSI SA PRAKTIKAL NA KARANASAN

*Paano ko ipapatupad at mararanasan ang solusyon ng Diyos para sa akin?*
*Paano ako mananalangin upang ako ay makasiguro*
*na ako ay puspos ng Espiritu Santo?*

112
KABANATA 6

ANONG KARANASAN ANG NAGHIHINTAY PARA SA ATIN?

*Personal na karanasan, at mga karanasan mula sa simbahan,*
*komperensya at union.*

124
KABANATA 7

KAPAKANAN AT PAGBABAHAGI

138
APENDISE

*Mungkahi para sa karagdagang Pag-aaral*
*Babasahin sa Paksang ito*
*40-Days Instruction Manual*
*Bagong mga Karanasan sa Pamumuhay kasama ang Espiritu Santo*

## ANG ATING PANGINOON MISMO AY NAGBIGAY NG UTOS[1]

# PAHINTULUTAN ANG INYONG SARILI NA MAGING PATULOY AT PAULIT-ULIT NA MAPUSPOS NANG PANIBAGO NG ESPIRITU![2]

1 E.G. White, *Mount of Blessing*, MB 20.3 (egwwritings.org)
2 Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes* (Lüneburg, 1999), S. 101

# MGA HAKBANG TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

*Puspos ng Banal na Espiritu*

*Bakit kaya ako ay mabilis at masinsinang naukopa ng mga bagay ng "Buhay na nasa Espiritu Santo"?*

Noong ika labing-apat ng Agusto 2011, nang ako ay nasa Kandergrund sa Bernese Highlands sa Switzerland isang mahalagang pag-uugnay ang naging napakalinaw para sa akin. Aking nakita ang espirituwal na dahilan kung bakit nawawala ang malaking bahagi ng ating mga kabataan. Ako ay tunay na nababahala! Aking biglang naisip ang aking mga anak at mga apo. Simula noon ako ay lubusang naging abala sa paksang ito.

***Ngayon ako ay naniniwala na ito rin ang espirituwal na dahilan sa likod ng marami nating mga suliranin, lalo't higit sa ating mga problemang pansarili, sa ating lokal na iglesia, at sa buong iglesiang pangkalahatan. Ito ay ang kakulangan ng Banal na Espiritu.***

Kung ito ang dahilan, nararapat na tunghayan natin ng maagap ang isyu. Kung ang dahilan ay maaring mapawi o kaya'y tuluyang mabawasan, sa makatuwid maraming mga problema ang maaaring kalabisan o maaaring mabigyan ng lunas.

### Ano ang masasabi ng iba tungkol sa kakulangang ito:

- **Emil Brunner,** (isang evangelical reformed theologian), ay sumulat na ang espiritu Santo “ay laging humigit-kumulang ay naging anak sa labas ng teolohiya”[1]
- **D. Martin Lloyd-Jones:** *Kung maaari kong ibigay ang aking tapat na opinyon, samakatwid ay walang paksa sa Bibliyang paniniwala na talagang nakaligtaan sa nakalipas o pangkasalukuyan gaya sa tema ng Espiritu Santo. Ako ay nakasisiguro na ito ang dahilan ng panghhina ng pananampalatayang ebangheliko.*[2]
- **Leroy E. Froom:** *Kumbinsido ako na ang kakulangan ng Banal na Espiritu ang ating pinakamalalang suliranin.*[3]
- **Dwight Nelson:** *“Ang ating iglesia ay nasa punto ng kapaguran sa pagbuo ng kahanga-hangang mga anyo, mga plano, at mga programa, ngunit kung sa wakas ay hindi natin tatanggapin sa ating espirituwal na paglubog (kakulangan ng Banal na Espiritu), na kung saan ay umabot sa marami sa atin mga ministro at mga pinuno, sa gayon ay hindi tayo makakalabas sa ating pag-aanyong Kristiano.”*[4]

Sa panimula, nais nating tingnan sandali ang ilang reperensiya na ginawa ng Panginoong Jesus tungkol sa Espiritu Santo.

---

1 Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes* (Lüneburg, 1999), Cover
2 D. Martin Lloyd-Jones, *Vollmacht,* Telos-Taschenbuch Nr. 385, Marburg 1984, p. 72
3 E.G. White, *The Coming of the Comforter* (Hagerstown, 1949), p. 94
4 Editor Helmut Haubeil, *Missionsbrief Nr. 34* (Bad Aibling, 2011), S. 3

PAUNANG SALITAPARA
SA MGA LIDER AT MGA LIDER SA HINAHARAP

# PINAPARAMI ANG MGA RESULTA

Mahal na Lider,

Ibig mo ba ang iyong lugar ay lumago sa espirituwalidad at ayon sa bilang? Ngunit ito ba ay tunay na posible ngayon? Opo, ito ay tiyak na posible. Paano?

*"Ano ang iyong sadya, hindi ka magtatagumpay sa kapangyarihan ng hukbo at hindi sa kapangyarihan ng tao: Hindi,*

***ang aking Espiritu ang magsasagawa nito!***

*Ako'y nangangako, ang Panginoon Makapangyarihang Diyos."*
*(Zac.4:6)*

Paano ito paniwalaan na mangyari?

Sa aking pag-iisip tayong lahat ay maaari pa rin na matuto rito. Ibig din ba nating matuto mula sa mga karanasan ng iba? Ako ay kumbinsido rito. Nawa ang Panginoon ang magpakita sa atin ng lahat ng buong paraan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu.

Ang naibahaging mga kaanasan sa pamamagitan ng "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" ay ipinamalas na itong librito ay maaaring maging mahalagang tulong. Ngunit ang paglagong espirituwal at gayon din sa bilang ay nangangailangan ng higit pa sa pagbasa lang minsan ng librito o ipamahagi ito. Ito ay nangangailangan ng pakikilahok ng iyong puso. Ako ay maglalakas-loob na sabihin: Ang iyong lugar ay susulong lamang hanggang sa kaya mong pagsulong. Walang maaaring gumabay sa iba, liban na siya mismo ay

nakaalis na sa dating landas. Ang ating mga buhay, ating mga dalangin, ating mga patotoo, ating mga pakikipag-usap, ating mga impluwensiya at pangangaral ay gagamitin ng Diyos. Sa katunayan, ang maamihang pagbabasa ay tila ba isang susi: Ipinakita ng pang-edukasyong pananaliksik na: ito ay kinakailangan na basahin ang gayong isang napakamahalagang paksa para sa ating mga buhay ng anim hanggang sampong ulit bago mo ito ay lubos na maunawaan. Subukan ito kahit na minsan. Ang resulta ang magpapasang-ayon sa iyo.

**Dalawang patotoo mula sa isang pastor** at isang Lider ng Depatamento ng Union, ngayon ay retirado, sa USA:

1. Patotoo – ... Aking nabasa ang iyong aklat "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" ng tatlong ulit. Hindi ko inisip na ako ay makakasumpong ng gayong bagong mga pananaw tungkol sa pananalangin. Pananalangin na nakabase sa mga pangako ng **Diyos tulad ng iyong naipaliwanag. Mula roon, ang Diyos ay nagkamit ng pagtatagumpay sa aking buhay na hindi ko inisip na posible.** – Ako ay naanyayahan na mangaral sa isang camp meeting. Ang aklat mo ay binigyan ako ng paksa. Hunyo 26, 2017 – F.S. pinaikli

2. Patotoo – ... Mula nang aking simulang basahin ang iyong aklat (Nabasa ko ito ng 6 na ulit ayon sa payo na nasa aklat) at natutunan kung paanong manalangin na may kasamang mga pangako, ang aking buhay ay nabago. ...Ang Panginoon ay ginabayan ako na maghanda ng sermon para sa camp meeting tungkol sa pinakahigit nating kailangan, ang nakapananariwang pag-ulan ng Espiritu ng Diyos. **Sa lahat ng mga taon ako ay nagtalaga sa gawain, hindi ko naramdaman ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumikilos sa mga tao tulad ng 3,000 na naroon sa auditorium.** – Napansin ng aking asawa ang isang ganap na pagbabago sa akin. Kahit ako ay namangha sa aking sarili. – Hulyo 25, 2017 F.S. pinaikli

**Konsepto ng 40-araw – mula 17 hanggang 65 na mga kaanib**

Ang maliit na iglesia sa Cologne-Kalk, Germany, ay mayroong 17 German, Spanish at Portuguese na mga kaanib. Inanyayahan sila ni Pastor J. Lotze na isagawa ang 40-day concept. Kanilang pinag-aralan ang 40-Days-na aklat sa grupo na tig-dalawa, ang bawat isa ay mananalangin para sa limang hindi pa naaabot na mga tao at sila ay magtatatag ng personal na ugnayan sa kanila. Sa ika-40 araw sila ay ngakaroon ng araw para sa mga bisita at pagkatapos niyon ay isang 14-na araw na pangangaral. Sila ay nakapagpabinyag ng 13 tao sa loob ng maikling panahon. Kanilang inulit ang konsepto ng 40-araw ng ilang ulit at lumago sa 65 kaanib sa loob ng 4 na taon. (Tingnan ang 40-Day na aklat para sa

konsepto ng 40-araw at magtungo sa “Mga Karanasan” Bilang 19 upang matagpuan ang higit pa tungkol sa karanasan sa Cologne.)

**Lugano, lugar na nagsasalita ng Italyano sa Switzerland – napaka-walang kaugnayan sa relihiyon**

Si Pastor Matthias Maag ay nagkaroon ng napakabuting mga karanasan bilang misyonero sa Timog Africa kasama ang 40-Days na mga aklat ni Dennis Smith. Nang siya ay bumalik sa Switzerland, siya ay nagsimula agad sa konseptong ito. Nagkaroon ng 15 binyagan roon sa unang taon [na kung saan ay napaka-katangi-tangi sa rehiyong ito]. Isang babae ay naging palagiang dalaw sa iglesia sa loob ng 15 taon. Sa panahon ng 40 araw siya ay nagdesisyon na mabinyagan.

**Kabataan** – Ang pangalan ko ay si Alina van Rensburg at ako ang director ng Young Adult para sa Timog Queensland Conference [12,200 miyembro sa Austalia]. Mayroon akong isang kabataang babae na nagbahagi sa akin ng “Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” sa pasimula ng taong ito at ako ay walang pasubaling tinangay ng hangin. Ginalugad nito ang tumpak na paksa na inilagay ng Diyos sa mga puso ng aking asawa at sa aking sarili: paggising sa Banal na Espiritu sa aming mga buhay!! – Maaari kong sabihin sayo ang maraming kuwento, ngunit sa pinakabuod, kami ay lubhang pinagpala ng maliit na librong ito! Si Greg Pratt [Discipleship and Spiritual Development Director SQC] ay may labis na 300 na aking ipinamahagi sa lahat ng mga lider ng aking young adult sa aming pulong sa pamumuno ng mas maaga ngayong taon at ang tugon ay naging lubos na hindi mapapaniwalaan.- Kaya ngayon ay nais kong dumaloy ang karagdagang 150 upang ibigay sa aking mga young adults sa Big Camp ngayong taon, upang pag-aralan sa panahon ng Life Group Sessions.

**366 binyagan + 35 sa baptismal class –**

Ang Kalihim ng Burundi Union, na si Paul Irakoze, [130,000 miyembro, 100,000 “Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” sa Kirundi], ay nagsabi na bilang kabuoan **320 na dating mga miyembro ang nagsibalik** sa pamamagitan ng pulyeto. Sila ay tinanggap sa pamamagitan ng bagong bautismo noong Marso 2017.

**Bingi** na mga tao ay nagbasa ng librito ng tatlong ulit – pagkatapos ay kanilang ibinahagi ang kanilang mga karanasan sa ibang taong may mahina ring pandinig. Resulta: Noong Marso 2017, kami ay nagbinyag ng 25 na mga taong bingi.

**Mga bilanggo –** Aming ipinamahagi ang mga librito sa aming mga miyembro ng iglesia sa Mpimba Prison. Sila ay kinilos ng Banal na Espiritu at nagsimulang ibahagi ang kanilang pananampalataya. Ngayong huling Sabado, 21 na mga bilanggo ay nabinyagan at 35 ang naghahanda para sa bautismo.Ito ay bunga ng libritong Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. Pinaikli

**Panahon ng Pag-aaral / Sanglinggong Pananalangin**

Ang Burundi Union ay nagkaroon ng sanglinggong pananalangin para sa kanilang 130,000 na mga miyembro noong Nob. 2017 gamit ang "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" muli. Ang mga sermon ng aming kalihim sa paksang ito ay isinahimpapawid sa Adventist radio tuwing gabi. – Mga resulta: Mahalagang sanglinggong pananalangin, mga dalanging nasagot, katuparan kasama ang Banal na Espiritu, maraming miyembro ay nakasaksi ng pagbabalikloob, ang mga pastor ay nagpapasalamat na gawin ang kanilang paglilingkod na puno ng Banal na Espiritu.

**Mga Estudyante –** Si Pastor Dwight Nelson, Nangungunang Pastor sa Andrews University ay nagsabi na ang munting aklat na ito ay "binago ang loob ko. Ibig ko rin na gawin ito para sa iyo". Siya ay nagsimula ng September 2, 2017 isang serye ng tatlong sermon: "Ground Zero at ang Bagong Pagpapanibagong Buhay: Paanong mabautismuhan ng Banal na Espiritu?" Siya ay sumipi mula sa "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" at inirekomenda ito sa bawat isa. Na humantong sa 4,000 downloads at ang order ng ilang libong librito. Mag-ugnay sa mga sermon na ito at sa kaniyang blog: https://www.pmchurch.tv/sermons

**Isang napakahusay na Ideya** – mula sa USA – Ako ay nakinig sa serye ng pangangaral ni Dwight Nelson kahapon. Habang aking ipinakikilala ang aklat na "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" sa aking Iglesia ngayong Sabado, ako ay maglalaro ng unang limang minuto sa pag-asa na ang kaniyang patotoo ay may kinalaman sa aklat ay magpaningas na makaakit. Pagkatapos ng salo-salo, sa pahintulot ng aking pastor, ay aming ipakikita ang kabuoan ng sermon doon sa mga interesado. DW

**Pangangaral –** Si Dwight Nelson ay sumulat sa kaniyang blog Okt.11, 2017 (pinaikli at isinaayos) Siyam na pu't isa na mga "panauhin" (bilang tawag nila) ay nakisama sa Zagreb Adventists sa niniety-ninety minutong programa. ...Sa isang personal na tala at sa nagpapasalamat na pagpapahalaga sa iyong mga dalangin

ng pamamagitan, Kinakailangan kong patunayan **Ako ay hindi nagkaroon ng karanasan ng publikong pangangaral tulad ng isang ito sa Zagreb sa lahat ng taong ako ay kasangkot sa pangangaral.** Tulad ng sinabi ko sa mga pastor ditto sa Pioneer, Ako ay lubos na nakasisigurado na ito at nananatiling bunga ng Banal na Espiritung sariling pamamagitan sa araw at gabi sa siyudad na ito bilang kasagutan sa sama-samang panalangin. Pinaaalalahanan ko kayo, marami sa atin ay babalik sa Setyembre ay simulang hanapin ang Diyos para sa araw-araw na bautismo ng Banal na Espiritu ( tulad ng pag-anyaya ni Kristo sa atin na ating gawin sa Lukas 11:13). Na kung bakit ako ay nakatitiyak na ipalagay kung ano ang aking personal na karanasan at nasaksihan sa Zagreb sa Kaniyang iniutos na gawain. Na kung saan ang lahat ng ito ay walang masasabi tungkol sa akin – sa halip ay nagsasalita ng lahat ng bagay tungkol sa katotohanan ng pangako ni Jesus – **"Datapuwa't kayo ay makakatanggap ng kapangyarihan kapag ang Banal na Espiritu ay dumating sa inyo, at kayo ay magiging mga saksi ko ..."** (Mga Gawa 1:8). Kaya nga ano man ang ating gagawin, huwag nating pabayaan ang ating araw-araw na paghahanap para sa sariwa, nagbibigay kapangyarihang bautismo ng Espiritu ng Diyos tuwing umaga.

**Pagkakasundo:** May mga napakabuting mga karanasan ng mga indibidwal at mga pamilya (tingnan ang mga karanasan bilang 2/17; 3/31; 3/35; 3/40; 4/52; 4/56) Mga karanasan ng mga iglesia sa kabuoan mula sa pagkabahala, pag-aaway, pagkakababahabahagi, pinsala, walang pagpapatawad, silakbo ng emosyon at personal na mga pag-atake tungo sa mapagmahal at payapang kapatawaran at pagkakasundo (karanasan bilang: 1/10; 7/84).

**Batang Ina** – Mga Anak – USA: Sa katunayan, aking naramdaman ang napakalaking responsibilidad sa pagpapalaki ng tatlong munting mga batang lalaki. Nakita ko ang tanging pag-asa na mayroon ako ay ang araw-araw na paghingi para sa Banal na Espiritu na ako ay puspusin sa bawat araw. Mula nang ako ay magbasa ng iyong aklat, aking nakita kung anong pagkakaiba ang nagawa nito sa pag-uugali ng aking mga anak. Ako ay nagkaroon ng pagtitiyaga na ang karaniwan ay wala akong titiyaga. Ako ay may pag-ibig at awa kahit na ako ay may mga kabiguan. At sila ay madalas na sumasagot ng walang pagpapasakop ng puso. Tayo ay lumalagong tiyak, ngunit ako ay lubos na nagpapasalamat na maunawaan ang simpleng katutuhanan kung paanong si Jesus ay makapanahan sa akin! DW

**'Paano makapagtatag ng interes?'** Sa ilalim nitong talaan ng mga punto matatagpuan mo ang mahalagang mga mungkahi. Isang bagay, na kung saan ay

napakadaling simulan, ay ang mungkahi ng "Coordinated Reading". Ang pinakamalakas na pampasigla ay sa pamamagitan ng "seminar". Maaari kang magsagawa nito sa iyong sarili, o magkaroon ng isang panauhing tagapagsalita o gumamit ng video. Maaari mong dagdagan ang karanasan kung ikaw ay may nakatugmang babasahin dati o pagkatapos ng seminar.

**Aking hiling:** Maaari ba – bilang isang nakakatandang kapatid na lalaki – irekomenda sa iyo: manalangin at basahin ang munting aklat ng ilang ulit na kasama ang isang taong malapit sa iyo. Ito ay magiging kapansin-pansin na impluwensiya sa pagsulong ng iyong grupo, iglesia o komperensiya.

**Maaaring ang sunod na hakbang** ay ibahagi ang iyong pananaw at mga karanasan sa mga Pastor, mga Elder at iba pang mga susing-kaanib. Napakahalaga na maabot ang kanilang mga puso. Ganyan kung paanong nagsimula ang Ethiopia. Noong July 2017, 500 mga pastor ang nakatanggap sa Amharic sa pagtatapos ng sanlinggo na rebaybal. – Sa North Philippine Union ang aklat ay iniharap sa isang prayer conference sa Filipino sa 1,500 na mga Elder noong Hunyo 2017.

Mga karanasan

Magbabahagi k aba ng mga personal na patotoo at sa ating mga papel? Ito ay mayroong malaking inspirasyon sa kanila. Kung kinakailangan, ang mga patotoo ay maaari rin gamitin mula sa www.steps-to-personal-revival.info – Testimonies

Mahal na Lider!

Tayo ay lumago sa Espiritu. Ang Panginoon mismo ay nagbigay ng utos. [MB20.3]: **"Pahintulutan ang inyong sarili na maging patuloy at paulit-ulit na mapuspos nang panibago ng Espiritu".** (Epeso 5:18)

Si Kristo na nasa atin at ang Banal na Espiritu ay gagawin tayong mensahero ng mabuting balita. (Isaiah 40:9). Huwag kalimutan ang huling mga salita ni Jesus dito sa mundo: **"Ngunit tatanggap kayo ng Espiritu Santo at kayo'y magiging saksi ko sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan** [kakayanan, iangkop, higit na karaniwang kapangyarihan]." (Mga Gawa 1:8)

Inyong Kapatid kay Kristo Jesus

Helmut Haubeil

KABANATA 1

# ANG PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS

## ANO ANG ITINURO NI JESUS TUNGKOL SA BANAL NA ESPIRITU?

*Nalalaman mo ba ang pinakamakapangyarihang Mensahe ni Jesus?*

### Ilan sa unang personal na mga patotoo:

**Balik sa aming "unang pag-ibig":** Isang kapatid na babae ay sumulat sa akin: Ako at ang aking kaibigan ay kasalukuyang nag-aaral ng" 40 Days" na aklat sa ikatlong pagkakataon at halinhinan sa aklat na "Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay." Bago namin natuklasan ang mga materyal na ito, ang aming karanasan sa pananampalataya at buhay pananalangin ay hindi tulad ng dati kung ano ang nangyari minsan. **Naghangad kami na muling masumpungan ang aming "unang pag-ibig".** Nasumpungan namin ito! Kami ay nagpasalamat sa Diyos ng buong puso. Kahanga-hanga kung paanong ang mapagmahal na Diyos ay tumutugon sa mga dalangin at Kaniyang inihayag kung paanong gumawa ang kaniyang Espiritu-sa atin at sa mga taong ating idinadalangin. M.S.

**Pumasok si Jesus sa aming mga Buhay:** Isa pang tao ang sumulat tungkol sa mga aklat na ito: "...ito ay naging dakila at pinakahihintay na pagpapala sa aking buhay. Tulad din ng maraming miyembro ng iglesia at isang kapatid na babae mula sa aming iglesia ay may karanasan, may bagay na laging kulang sa aming karanasan sa pana-nampalataya, at ngayon kami ay mayroong pribilehiyo na maranasan kung paanong si **Jesus ay pumasok sa aming mga buhay** at simulang kami ay baguhin. Siya ay patuloy na gumagawa sa atin at sa mga bawat hakbang ay kaniyang inilalapit tayo sa Kaniya." S.K.

**Diba't ang mga alagad ni Jesus ay nagsipagtanong sa kanilang mga sarili: Paano ni Jesus naisasagawa ang gayong dakilang impluwensiya?** Ito ba ay may kaugnayan sa Kanyang mapanalangining buhay? Dahil dito'y namanhik sila sa Kaniya: *"Panginoon, turuan mo kaming manalangin."* Tumugon si Jesus sa kanilang kahilingan.

Ang liksyon sa Kanyang panalangin na nakatala sa Lukas 11:1-13 ay may tatlong bahagi: Ang dalangin ng Panginoon, ang talinghaga ng isang kaibigang dumating ng hating-gabi at sa kasukdulan ay ang patuloy na paghiling para sa Espiritu Santo.

Sa talinghaga (talatang 5-8) ang mga panauhin ay dumating sa tahanan ng isang lalaki malalim na ang gabi at **"wala siyang anuman,"** na maaari niyang ihain sa kanila. Dahil sa kaniyang pangangailangan, siya ay mabilis na nagtungo sa kaniyang kapitbahay. Kaniyang ipinaliwanag sa kanya na **"wala siyang anuman"** at humingi siya ng tinapay. Siya ay nagpatuloy sa paghingi hanggang sa wakas ay matanggap niya ang tinapay. Ngayon ay may tinapay na siya – tinapay ng buhay – para sa kaniya at sa kaniyang mga panauhin. Mayroon na siya para sa sarili at nasa kalagayan na maari na siyang magbahagi.

Ngayon ay iniuugnay ni Jesus ang talinghaga (problema: wala akong anuman) kalakip ang paghiling ng Banal na Espiritu sa pagsasabing: ***"Kung gayon** sinasabi ko sa inyo, Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan."* (Lukas 11:9) At ito ang mga sumusunod:

## Natatanging panawagan ni Jesus: Samakatuwid hingin ang Banal na Espiritu.

Mayroong isang natatanging sipi sa Banal na Kasulatan na kung saan ay mariing nag-utos si Jesus sa atin na hingin ang Espiritu Santo. Wala akong ibang alam na sipi na kung saan ay buong pagmamahal na hinihimok tayo ni Jesus na ito ay ating isapuso. Ang mga talatang ito ay masusumpungan sa liksyon sa Kanyang

panalangin sa Lukas 11. Doon ay Kanyang binigyang diin ng 10 ulit kinakailangan nating hingin ang Banal na Espiritu. (Lukas 11:9-13)

*"At sinasabi ko sa inyo, **Magsihingi** kayo, at kayo'y bibigyan; **magsihanap** kayo, at kayo'y mangakakasumpong; **magsituktok** kayo, at kayo'y bubuksan. Sapagka't ang bawa't **humihingi** ay tumatanggap; at ang **humahanap** ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan. At aling ama sa inyo, na kung **humingi** ang kaniyang anak ng isang tinapay, ay bibigyan nya siya ng isang bato? O ng isang isda kaya, at hindi isda ang ibibigay, kundi isang ahas? O kung siya'y **humingi** ng itlog, kanyang bibigyan kaya siya ng alakdan? Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa **nagsisihingi** sa Kanya!"*

Sa iilang mga talatang ito, ginamit ni Jesus ang pandiwang "magsihingi" ng anim na ulit; tapos pinalitan niya ang katagang "magsihingi" at binigyang diin ito ng "magsihanap" ng dalawang ulit – salitang may gawa – at dalawa pang ulit na "magsikatok" – salitang may gawa rin.

Hindi ba malinaw na ipinakikita ni Jesus sa atin na kailangan nating kumilos upang tayo ay mapuno ng Espiritu Santo? Ang huling "magsihingi" ay ginamit sa patuloy na panahunan sa Griyego. Ibig sabihin ay hindi lang tayo hihingi ng minsan, kundi magsihingi tayo ng patuloy. Dito hindi lang ibig ni Jesus na humingi ng bagay na mabilisan ngunit kaniyang inaasahan tayo na patuloy itong gawin. Tiyak na ibig niyang gisingin ang ating pagnanais para sa Banal na Espiritu sa taos-pusong paanyayang ito. Ang madaliang paanyaya ay nagpapakita sa atin ng matibay na paniniwala ni Jesus na maaari tayong mawalan ng bagay na mahalaga, kung hindi natin patuloy na hihingin ang pagbuhos ng Espiritu Santo. Malinaw niyang tinatawag ang ating pansin sa katunayan na tunay na kailangan natin ang Banal na Espiritu. Sa pamamaraang ito, ibig niyang patuloy nating matanggap ang mayamang pagpapala ng Espiritu Santo.

*Sa Christ's Object Lessons* ay sinasabing: "Hindi sinabi ng Diyos, humingi kang minsan, at ikaw ay tatanggap. Ipinamamanhik niyang tayo ay magsihingi. Walang pagod na magtiyaga sa pananalangin. Ang paghinging may pagtitiyaga ay nagdadala sa humihiling sa mas lalo pang maalab na saloobin, at nagbibigay sa kaniya ng karadagang pagnanais na matanggap ang bagay na kaniyang hinihingi."[1]

---

1 E.G. White, *Christ's Object Lessons* (1900), p. 145.3

Sa gayon ay nagbigay si Jesus ng tatlong mga halimbawa, na nagpapakita ng pag-uugali na hindi mailarawan kahit ng isang ama-taong makasalanan. Ibig niyang ipakita sa atin na higit pang hindi mailarawan na ang ating ama na nasa langit ay hindi tayo pagkalooban ng Espiritu Santo kapag tayo ay humingi. Ibig ni Jesus na masigurado natin na matanggap ang Espiritu Santo kung atin itong hihingin sa tamang pamamaraan. Sa pamamaitan ng pangakong ito at iba pang mga pangako, maaari tayong humingi na may pananampalataya at alam nating natanggap na natin ang ating hiniling. (1 John 5: 14-15; mas marami pang kaalaman sa kabanata 5)

Ang tanging paanyaya ay nagpapakita sa atin na ayon kay Jesus may mahalagang bagay na nawawala, kung hindi natin matiyagang hinihingi ang Espiritu Santo. Kaniyang hinihimok ang ating mga pansin na tunay na kailangan natin ang Espiritu Santo. Ibig niyang patuloy nating maranasan ang mayamang pagpapala mula sa Espiritu Santo.

Ang bahaging ito ng Kaniyang leksiyon sa pananalangin ay isang kakaibang proseso. Ang Banal na Espiritu ay pinakadakilang regalo ng Diyos – ang regalo na nagtataglay ng lahat ng iba pang regalo kasama nito. Ito ang regalong pagpaparangal sa Kaniyang mga alagad at malinaw na katunayan ng kaniyang pag-ibig. Sa aking pag-iisip ay maaari nating unawain na ang mahalagang regalo ay hindi ipipilit sa sinoman. Ito ay maipagkakaloob lamang doon sa mga nahahayag ng kanilang pagnanais sa regalo at pahalagahan ito.

Kaniyang ipagkakaloob ito doon sa mga nagpasakop ng kanilang mga buhay kay Jesus; Kaniyang ipagkakaloob ito doon sa mga namumuhay ng patuloy na nakaugnay. (Juan 15:4-5) Ang ugnayan ay ipinahahayag sa pamamagitan ng:

- May paghahangad sa Diyos ("*sinomang nauuhaw"* Juan 7:37)
- May pagtitiwala sa Diyos (*"ang sinomang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan"* Juan 7:38)
- Ganap na pagpapasakop bunga ng pagtitiwala sa Diyos (*"inihaharap ang iyong buong buhay sa pagkakaayos ng Diyos." Roma* 12:1)
- Sumusunod sa Diyos sa lahat ng bagay (*"silang nagsisitalima sa Kanya"* Gawa 5:32)
- Tumalikod sa kanilang daan, lumakad sa daan ng Diyos at gawin ito ayon sa kalooban ng Diyos (*"mangagsisi at mangagbautismo"* Gawa 2:38)
- Hindi pagpaplano ng anomang mali ("*Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon"* Mga Awit 66:18)
- Pag-unawa at pagkilala sa ating dakilang pangangailangan (*"ako'y wala"* Luke 11:6)
- Patuloy na paghingi ng Espiritu Santo (Lukas 11:9-13)

Hindi mo ba malinaw na nakikita sa mga inaasahan ng Diyos para sa atin, gaano kahalaga ang regalong ito? Kung iyong iisipin ang lahat ng mga kinakailangan, marahil ay matatagpuan mo ang kakulangan sa iyong sarili.

Ginawa kong ugali na manalangin araw-araw upang magkaroon ng paghahangad sa Banal na Espiritu na may kinalaman sa Juan 7:37: *"Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom."* [2]

**Maaari tayong manalangin:** "Panginoong Jesus, ganap akong nagsasabi ng Opo sa lahat ng kinakailangang gawin upang matanggap ang Espiritu Santo. Ako ay tapat na humihingi sayo ngayon - sa araw na ito - tuparin mo ito sa akin." Ang ating kahanga-hangang Diyos ay nariyan upang tuparin sa atin ang mga dapat gawin.

## Ang Banal na Espiritu ang Pinagmumulan ng Buhay na Ganap

Ayon kay Jesus bakit siya pumarito sa lupa? Kaniyang sinabi:

"Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito." (Juan 10:10)

Ibig ni Jesus na maranasan natin ang bagong buhay ngayon at ipagpatuloy ito sa isang kompleto at kakaibang anggulo pagkatapos ng kaniyang ikalawang pagdating bilang buhay na walang hanggan sa kaharian ng Diyos.

Kaniya ring ipinakikita sa atin na ang pinagmumulan ng buhay na ganap ay ang Espiritu Santo:

*"...'Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom. Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig ng buhay.' Nguni't ito'y sinalita niya tungkol sa Espiritu..." (Juan7:37-39)*

"Mga ilog ng tubig ng buhay" – hindi ba't iyan ay isang mabuting paghahambing sa isang ganap na buhay?

2 Kapakipakinabang na manalangin na may kasamang mga pangako, Kung ibig mong madagdagan ang iyong kaalaman tungkol dito. Pakibasa ang kabanata 4 ng *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay.*

## Sa panahon ng kaniyang buhay dito sa mundo nagbigay ba si Jesus ng kaukulang halimbawa?

Alam nating si Maria ay nagdalang-tao kay Hesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo. (Mateo 1:18).

Alam natin na pagkatapos ng kaniyang bautismo Siya ay nanalangin: *"At bumaba sa kaniya ang Espiritu Santo na may anyong katawan, tulad sa isang kalapati..."* (Lukas 3:22) Sa mga pagkakataong ito kinakailangan ba at mahalaga na matangap niya ang Banal na Espiritu araw-araw? Sinipi ko ito kay E.G. White:

> *"Tuwing umaga Siya ay nakikipag-usap sa Kaniyang Ama na nasa langit, at araw-araw ay tumatanggap mula sa Kaniya ng sariwang bautismo ng Banal na Espiritu."*[3]

Mayroong pangungusap sa *Acts of the Apostles:* Para sa mga nagtalagang manggagawa ay mayroong kahanga-hangang kaaliwan sa kaalaman na maging si Kristo sa Kaniyang pamumuhay dito sa lupa ay hinangad niya ang Kaniyang Ama araw-araw para sa sariwang pagtustos ng kinakailangang biyaya..."[4]

Tunay nga na si Jesus ay isang halimbawa sa atin tungkol dito. Tanungin natin ang ating mga sarili: Kung talagang kailangan ni Jesus araw-araw ang sariwang panustos mula sa Espiritu Santo, kung gayon gaanong higit na mahalaga ito sa iyo at sa akin?

Lubos na naunawaan ni apostol Pablo ang layunin ni Jesus. Sa kaniyang sulat sa iglesia ng Epeso, pinatunayan ni Pablo sa kapitulo 1:13 na sila ay natatakan ng Espiritu Santo nang sila ay naging mananampalataya. Sa kapitulo 3:16-17 kaniyang hinimok sila na maging malakas sa Espiritu at sa kapitulo 5:18, si Pablo bilang isang awtorisadong apostol, ay tumatawag sa mga taga Epeso at sa atin: "...mangapuspos ng Espiritu" o *"pahintulutan ninyo ang inyong mga sarili na patuloy at paulit-ulit na mapuspos muli ng Espiritu"*.[5] Nakita natin na kahit pa natanggap na natin ang Banal na Espiritu nang tayo ay maipanganak na muli, tayo sa kalahatan ay nangangailangan ng sariwang pagbuhos. Ito ay mahalaga para sa Espirituwal na buhay at paglago ng isang kristiyano, na sa araw-araw ay mapuspos ng Espiritu Santo.

---

3 E.G. White, *Signs of the Times,* November 21, 1895, par. 3

4 E.G. White, *The Acts of the Apostles,* (1911 p. 56.1)

5 Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes* (Lüneburg, 1999), S. 101

Ang ating Leksiyon sa Paaralang Pansabado ay nagsaad ng sumusunod tungkol sa Epeso 5:18: "Ano ang kahulugan ng 'mangabautismuhan' ng Espiritu Santo? Ito ay personal na ipinaliwanag ni Hesus ng may singkahulugan. Ang isang tao ay 'nabautismuhan' ng Banal na Espiritu (Gawa 1:5) kapag ang Espiritu Santo 'ay dumating' sa inyo (v.8). Ang mangabautismuhan ibig sabihin ay lubusang ilubog sa isang bagay – karaniwan ay tubig. Ito ay kinasasangkutan ng buong pagkatao. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nanganahulugan ng lubusang pagpapasakop sa impluwensiya ng Espiritu Santo – maging lubusang mapuspos Niya. Ito ay hindi minsanang karanasan, kundi isang bagay na dapat ay patuloy na nauulit, tulad ng inilarawan ni Pablo sa Epeso 5:18b sa panahunan sa Griyego na may pandiwang 'mapuspos'."[6]

## Pamamaalam na mga Pananalita ni Jesus at ang Banal na Espiritu

Sa pamamaalam na pananalita ni Jesus Kaniyang inihatid ang kagalakan at pag-asa sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila na ang Espiritu Santo ay darating kahalili Niya. Sinabi ni Jesus ang bagay na ikinamangha ng mga alagad sa Juan 16:7:

> *"Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo."*

## Isang Bagong Kapaki-pakinabang na Kalutasan

Sinabi ni Jesus sa mga alagad ang bagay na nakakamangha: *"Para sa inyong kapakinabangan na ako'y aalis."* Ibig sabihin na ang bagong kalutasan, na siya ay kasama natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay mas kapakipakinabang kaysa kay Jesus na personal na narito sa kasalukuyan. Sa ganitong pamamaraan ay hindi Siya limitado, kundi Siya ay maaaring makasama ng bawat tao, kahit saanman siya ngayon.

---

6 Leksiyonsa Paaralang Pansabado Hulyo 17, 2014

## Isang Personal na Patotoo mula sa isang Guro at isa sa Kaniyang mag-aaral:

Nang ang munting aklat "Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" mula kay H. Haubeil ay iniabot sa aking bahay sambahan mga isang taong nakalipas, ito ay aking natapos basahin ng mabilis. Na habang ito'y aking binabasa mas marami akong karanasan sa Diyos kaysa noong una – ito'y umakit at nagpalakas ng loob sa akin.

Sa dagdag na dahon ng librito ay natagpuan ko ang sumusunod na mga mungkahi:

"Sa Pedagohikong pananaliksik ay ipinakita na ang isang mahalagang paksa ay kinakailangang mabasa o marinig ng anim hanggang sampung ulit hanggang ating lubos na maunawaan ito."

Ang mga salitang ito na nagbibigay ng pag-asa ang umakit sa aking pansin: "Subukan mo ito kahit minsan. Ang resulta ang hihikayat sa iyo."

Nais kong maranasan iyon at sa aking ikatlong pagbabasa ito'y sumakop sa akin at aking naramdaman ang dakilang pag-ibig para sa ating Manunubos, na aking pinakaaasam sa buong buhay ko. Sa loob ng dalawang buwan ay natapos ko itong basahin ng anim na ulit at ang resulta ay kapakipakinabang.

Ito ay para bang aking naunawaan kung paanong si Jesus ay malapit sa atin at maaari nating tingnan ang Kaniyang dalisay, mabait at mapagmahal na mga mata. Mula noon ay hindi ko nais na humayo muli na wala ang ligayang ito para sa aking Tagapagligtas.

Sa paggising ko sa kinaumagahan, ako ay nananabik na sa aking pang-umagang oras ng pagsamba upang muli kong maranasan ang pagsasama ng Diyos at sa buong maghapon ako'y nanalanging tahimik na ang Espiritu Santo ang tutulong sa aking isipan sa aking pakikipag-usap, sa aking mga halimbawa, habang nagtuturo at nakikipanayam.

Nang ang bata ay manabik ng labis na pansin at kumilos ng alinsunod rito, binigyan ako ng Diyos ng lakas at kaalaman kung paano ito pakikitunguhan.

Mula noon ang araw ng aking trabaho ay puno ng presensya ng Manlalalang. Kaniya akong tinutulungan nang literal sa aking pang-araw-araw na buhay. Mula noon ako ay nananalangin sa umaga at sa kalagitnaan ng mga panahon para sa pagbuhos ng Espiritu Santo. Ito ay para bang ikaw ay malapit sa langit at maaari mo nang tikman kung ano ang tulad roon.

Habang nagbabasa ng munting aklat ay pumasok sa aking isipan na ang aking mga estudyante sa paaralan ay kinakailangan ding makibahagi sa karanasang ito. Ako ay nagtuturo ng 10-15 taong gulang sa ating Paaralang

Adventista ng Elijah sa Vorarlberg, Austria. Kung kaya ako ay nanalangin sa Diyos na bigyan Niya ako ng pagkakataon. Hindi nagtagal ako ay nagkaroon ng isa sa pinakakahanga-hangang karanasan kung paanong ang Espiritu Santo ay kumilos sa puso ng mga kabataan.

## Ang 13 taong gulang na si Ruffian at ang Banal na Espiritu

Ang karanasan ay *nagsimula isang taon bago ko nabasa ang munting aklat tungkol sa Espiritu Santo*. Isang bagong estudyante ang dumating sa aming paaralan at sa loob ng ilang araw ang payapang lugar ay nabago sa isang magulong silid. Ang batang lalaki ay 13 taong gulang noon – siya ang pinakamalaki sa lahat ng mga bata at nagtataglay ng kalakasan. Maraming mga bagay na natutunan sa loob ng taon ng pag-aaral at nagdala ng kahanga-hangang bunga ay parang naglaho sa isang saglit.

Pahintulutan nating siya mismo ang maglahad tungkol dito: "Nang ako ay dumating sa aking paaralan sa ngayon, wala akong idea kung anong naghihintay sa akin. Sa ikalawang araw ko sa paaralan pinabayaan ko ang aking sarili na magalit, masapak at sinimulang makipag-away sa isa sa aking kaklase. Sinuntok ko siya kahit na alam kong mas mahina siya kaysa sa akin, kagalitan siya at hindi ko ibig na makita siyang muli.

Kalaunan aking napagtanto ang aking kamalian at humingi ng tawad, tulad ng malimit kong ginagawa dati. Pagkatapos niyaon, ako ay nagkaroon ng pakikipag-usap sa punong-guro. Sa sumunod na mga buwan isang pamamaraan ang nagsimula sa akin. Ito'y kagila-gilalas na ang pamamaraang ito ay ngayon lang nagsimula yamang ako ay anak ng ministro. Nagsimula akong maglaan ng maraming panahon kay Jesus."

Akala ko ang kabataang ito ay nangangailangan ng higit na natatanging pagpansin. Alam niya ang kaniyang kamalian, pinagsisihan ito at sumubok muli, nguni't hindi siya nagtagumpay ng matagal sa kaniyang sariling lakas. Sa simula, napakahirap na lumipas ang maghapon na wala siyang away, nguni't unti-unting naging mas mabuti.

Pagkalipas ng 6 na buwan kaniyang sinabi, na kaniyang naisip na ang mga dalangin ang nagdala sa kaniya ng malapit sa Diyos. Samantala siya ay nagsimulang manalangin para sa kalakasan sa umaga. Ang kaniyang galit at pakikipag-away ay naging madalang.

Labing-isang buwan na ang nagdaan mula ng siya ay pumunta sa aming paaralan at aming nakikita ang mas marami pang pagbabago. Ngunit ang

kaniyang galit, ang silakbo ng kaniyang pagtutungayaw at ang kaniyang kamao ay hindi laging kontrolado.

Ito'y natural lamang – sinikap niyang magtagumpay sa kaniyang sariling lakas at pagkaunawa, na minsan ay nangyayari at sa ibang panahon ay hindi naman. *Ang aming mga dalangin ay nakagawa ng pambihira, ngunit ang kaniyang isipan ay hindi parin tama, at wala ang kapangyarihan ng Espiritu na magpabago*.

Anong kabutihan ang magagawa nito, kung nakikita ng tao ang kaniyang kamalian, sinusubukang kontrolin ang kaniyang init ng ulo at sa susunod na sandali ay nabigo muli? Sa panahong iyon, saka ko lang napagtanto na ako ay nasa dulo ng aking talas ng isip, nang matanggap ko ang munting aklat na nabanggit sa itaas. Ito ay dumating sa tamang panahon. Saka ko napagtanto kung ano ang aming kakulangan. Ito ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Hindi man lang namin hiniling na kami ay Kaniyang tulungan!

Mula noon marami ang nagbago. Mula Disyembre 2012 ay wala nang suntukan at pagkakagulo – Halos hindi ako makapaniwala. Ang mga batang lalaki na lagi niyang sinasaktan araw-araw ay naging kaniyang kaibigan at sila ay nagkakasamang may kaayusan.

Siya ay lubusang nagbago – siya ay magalang at naging mapagbigay at kapayapaan ang sumaklaw sa kanyang mapusok na pag-uugali. Ang kaniyang mga kaklase ay makapagpapatunay na ang Diyos ang gumagawa. Makikita mo ang bunga araw-araw. Sa kapurihan ng Diyos ay nais kong banggitin na ang batang ito ay nagdesisyon na mabautismuhan noong June 2013. Kung 'di dahil sa Espiritu Santo. ...

Laging nasa isipan ko na kaya kong pamahalaan ang bata at makita niya ang mga dahilan. Ginampanan namin ang pagtitiyaga, atensiyon at pakikipag-usap ng maraming ulit. Ngunit ito ay hindi pangmatagalan. Ang Diyos ang dapat na mamagitan at ako'y turuan na ang Kaniyang Espiritu, ang siyang gumawa na ang imposible ay maging posible.

Balang-araw kapag ang kabataang lalaking ito ay nasa langit, kung gayon aking kikilalanin na ang Diyos ang nagdala. Nang ako ay nasa dulo na ng aking karunungan at sa katapusan ay aking naunawaan na hindi ko kayang akayin siya, noon din ay nagsimulang gumawa ang ating Diyos sa kanya. Nakakapagbigay ng kalakasan sa akin na makitang walang mga pangyayari na walang pag-asa para sa Diyos. C.P.

*Panalangin: Ama namin sa langit, salamat ng marami sa mapilit na paanyaya ni Jesus na aming hilingin ang Espiritu Santo. Humihingi ako ng paumanhin sa mga naging kawalan na aking naranasan dahil salat sa Espiritu Santo. Nangangailangan ako ng Banal na pamamatnubay upang si Jesus ay maging lalong malaki sa akin. Kailangan ko ang Kanyang tulong sa lahat ng bahagi ng aking buhay. Salamat at ang Espiritu Santo ay makapagbabago ng aking katangian at maaari akong gawing angkop sa kaharian ng Diyos sa langit. Aking ganap na ipinasasakop ang aking sarili sa iyo kasama ng lahat sa akin at kung anu man meron ako. Salamat sa iyong pagtanggap sa akin at sa pagkakaloob mo sa akin ng mga pagpapala. Tulungan mo akong lumago sa karunungan tungkol sa Espiritu Santo. Amen.*

KABANATA 2

# ANO ANG SENTRO NG ATING MGA SULIRANIN?

*Maypoon bang espirituwal na dahilan sa ating mga problema? Ang dahilan ba ay ang kakulangan ng Banal na Espiritu?*

## MGA KADAHILANAN NG KAKULANGAN

Ang kasagutan ng Biblia ay: *"Kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi. Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't nagsisihingi kayo ng masama,* (ayon sa kaisipan ng laman, Roma 8:5-7), upang gugulin sa inyong mga kalayawan." (Santiago 4:2-3)

Ang ating Panginoong Jesus ay inaanyayahan tayo ng may pagmamahal at iginigiit na ating hingin ang Espiritu Santo (Lukas 11:9-13). Ating nauunawaan na dapat nating gawin ito ng patuloy. Sa ikatlong kabanata ay tutunghayan natin ito ng malapitan.

> *"Kanilang pinag-uusapan ang tungkol kay Kristo at tungkol sa Banal na Espiritu, ngunit wala silang tinanggap na kapakinabangan. Hindi nila isinuko ang kaluluwa upang gabayan at kontrolin ng banal na mga anghel."*[7]

---

7 E.G. White, *The Desire of Ages,* ( 1898), p. 67

Sa ilang mga panahon na nakalipas tayo ay nananalangin ng pagpapanibagong buhay. Ito ay napakahalaga. Sabi ni E.G. White: "Ang pagbabautismo ng Banal na Espiritu ang kailangan ng mga iglesia ngayon."[8] "Bakit hindi tayo mangagutom at mangauhaw sa kaloob ng Espiritu, yamang ito ang pamamaraan upang tayo ay tumanggap ng kapangyarihan? Bakit hindi natin pag-usapan, idalangin, ipangaral ang tungkol dito?"[9]

Tunay na mainam na manalangin tayo ng pagpapanibagong buhay, nguni't hindi lamang kailangang idalangin ito, sa halip - tulad ng wika ni Mark Finley – ito ay **"sa pagsasagawa natin sa mga elemento ng pagpapanibagong buhay mula sa Bibliya."**[10] Maaari ko ba kayong anyayahan sa mga hakbang tungo sa personal na papapanibagong buhay? Para sa marami ito ay magpapatnubay tungo sa mas makapangyarihan at ganap na buhay.

Sa panimula, nais nating suriin ang suliranin. Nais nating gawin ito ng lubos; kung hindi ay may panganib na ating isaalang-alang ang pagbabago sa na hindi kinakailangan o mahalaga. Pagkatapos niyaon ay nais nating tumingin sa solusyon ng Diyos, na nag-aalok ng napakalaking pagpapala at sa katapusan, kung paano natin maisakatuparan ito at maranasan ito.

Ang ating kakulangan ng Banal na Espiritu ay hindi nangangahulugan na ang lahat ng ating ginawa at kasalukuyang ginagawa ay walang kabuluhan. Meron at marami ang lubhang mabuting plano at mga programa. Tunay na pinagpala ng Diyos ang ating mga pagsisikap. Ngunit gaano kayang lalong malaki ang kinalabasan at gaanong mas mahusay ang maaaring katayuan, kung atin itong totoong ipinamumuhay o mamuhay ng mas malapit sa Espiritu Santo – tanging ang Diyos lang ang nakakaalam nito.

Ito'y maaaring nawala sa ganitong direksiyon at maaaring magtungo sa ganitong dako sa hinaharap tulad ng sabi ni Henry T. Blackaby:

"Siya (Diyos) ay maaaring gumawa ng mas marami sa loob ng anim ng buwan kasama ang mga taong nakatalaga sa Kanya, kaysa sa maaari nating gawin sa loob ng anim na pung taon na hindi Sya kasama."[11]

Ito ay ang katanungan ng agarang pagtungo sa tamang pamamaraan sa ilalim ng pangunguna ng Diyos at samakatwid mayroong lalong higit na bisa (husay). Iyan ang kalagayan kapag tayo ay puspos ng Espiritu Santo.

---

8 E.G. White, *Manuscript Releases* Vol. 7 p. 267

9 E.G. White, *Testimonies for the Church* Vol. 8 (www.wgwwritings.org),p. 22

10 Mark A. Finley, *Revive us again,* p. 25

11 Henry T. Blackaby, *Den Willen Gottes erkennen und tun (Experiencing God: Knowing and Doing the Will of God),* (Kassel, 2002), p. 31

Halimbawa: Isang tao ay nangaral. Matapos siyang nagsalita – maaaring wala, may kaunti, marami o lahat ay tumanggap ng mensahe. Kung marami o ang lahat ay tumanggap ng mensahe at isinakabuhayan ito, kung gayon ito ay lalong higit na mabisa. Ito ay isang bagay na ipinagkakaloob ng Banal na Espiritu.

## TATLONG PANGKAT NG MGA TAO AT ANG KANILANG PERSONAL NA RELASYON SA DIYOS

Ang salita ng Diyos ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng tatlong pangkat ng mga tao batay sa kanilang personal na relasyon sa Diyos. Sa loob ng mga grupong ito ay maraming iba't-ibang tabing na nakadepende sa pagsasanay ng mga magulang, katangian, pagsasanay ng isang sarili, edad, kultura, pinag-aralan, etc. Nguni't kahit na kasama ang lahat ng mga pagkakaiba mayroon lamang tatlong batayan ng saloobin patungo sa Diyos:

- Walang kaugnayan – tinatawag ito ng Bibliya bilang likas ng tao.
- Ganap, tunay na kaugnayan – tinatawag ito ng Biblia bilang taong espirituwal.
- Nahahati o nagkunwaring kaugnayan – ang Biblia ay inilalarawan ito bilang taong laman o mahalay.

Ang mga tawag na "likas", "espirituwal" at "laman" sa Salita ng Diyos ay hindi pagsusuri sa ganitong kaso. Ito lamang ay naglalarawan ng personal na ugnayan ng isang tao sa Diyos.

Itong tatlong grupo ay nailarawan sa 1 Corinto 2:14-16 at 1 Corinto 3:1-4. Sa ngayon nais lamang nating mabanggit ng kaunti ang paksa ng likas na tao. Siya ay nakatira sa mundo. Ang mabilis na pagsulyap sa dalawang grupo sa loob ng iglesia ay makatutulong na ating maalaman kung saan ang suliranin ay karaniwang nakatago. Ang pinakamahalagang bagay na dapat maunawaan ay kung saang pangkat tayo kabilang. Nang sa gayon ang ating pagsusuri ay tumutulong din sa ating sariling pagsiyasat. Nais nating tingnan ang ating sariling mga buhay at hindi ang mga buhay ng iba.

***Ano ang mga tularan para sa paghirang sa isang pangkat at sa ibang pangkat?*** Ating malalaman na sa lahat ng tatlong grupo ang paghirang ay nakabatay sa kanilang personal na ugnayan sa Espiritu Santo.

## Ang Likas ng Tao

*"Nguni't ang taong ayon sa laman ay* ***hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios:*** *sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagkat ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu." (1 Corinto 2:14)*

Ang likas o natural ng tao ay lubos na walang ugnayan sa Espiritu Santo. Siya'y nabubuhay sa mundo at hindi kailanman nagsiyasat ng tungkol sa Diyos o bihira lang magsiyasat ng tungkol sa Diyos.

## Ang Espirituwal at ang Laman ay Nasa Iglesia

Ang dalawang pangkat na ito ay mariing ipinakilala sa 1 Corinto 2 at 3 gayun din sa Roma 8:1-17 at sa Galatia 4 at 6. Kailangan nating pansinin na ang tularan sa dalawang pangkat na ito ay ang kanilang ugnayan sa Banal na Espiritu. Ito nga, dahil itinakda ng Diyos na ang Espiritu Santo ay ating tanging koneksyon sa langit. (The Desire of Ages, p. 322; Mateo 12:32) "Ang puso ay kinakailangang bukas sa impluwensya ng Espiritu, kung hindi ang pagpapala ng Diyos ay hindi maaring matanggap."[12]

## Ang Espirituwal na Miyembro ng Iglesia

Ating basahin ang 1 Corinto 2:15-16:

*"Nguni't* ***ang sa espiritu*** *ay nagsisiyasat sa lahat ng mga bagay, at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman. Sapagka't sino ang nakakakilala ng pagiisip ng Panginoon, upang siya'y turuan niya? (Isaias 40:13)* ***Datapuwa't nasa atin ang pagiisip ni Kristo."*** (NKJV)

*"Ang tao kasama ng Espiritu ay gumagawa ng pasya tungkol sa lahat ng bagay, ngunit ang gayong tao ay hindi sakop sa pantaong pagpapasya lamang, sapagkat, sino ang nakababatid ng isipan ng Panginoon upang siya ay turuan?* ***Ngunit tayo'y mayroong isipan ni Kristo."*** (NIV)

Ang espirituwal na tao ay ang tunay na Kristiyano. Siya ay tinatawag na "espirituwal", sapagkat siya ay puspos ng Espiritu Santo. Dito din, ang ugnayan sa Espiritu Santo ay ang uliran para sa pagkahirang bilang isang espirituwal na tao. Siya ay mayroong mabuti at lumalagong ugnayan sa Banal na Espiritu. Si Jesus ay *"nasa kalagitnaan ng kanyang buhay";* sinasabi din natin minsan na si Jesus ay

12 E.G. White, *Leuchtende Spuren (Steps to Christ)* (Hamburg, 1959) p. 69

nasa trono ng ating mga puso. Ang taong espirituwal ay talagang nakatuon at ganap na inilagak ang kaniyang sarili kay Jesus at bilang pangkalahatang tuntunin ito ay napatunayan araw-araw sa pamamagitan ng pagpapasakop ng kaniyang sarili kay Jesus sa bawat umaga kasama ng lahat ng bagay sa kanya at ng lahat ng kung anu sya. Sa mensahe ng Laodicea sya ay tinatawag na "mainit", sa talinghaga ng 10 birhen, sya ay tinawag na "pantas". Sa Roma 8:1-17 at sa Galatia 5 ay nagsabi pa ng karagdagan tungkol sa kanya. Kanyang nararanasan ang buhay ng *"lalong sagana"* (Juan 10:10) o kagaya ng pahayag ni Pablo: *"upang kayo'y mapuspos ng buong kapuspusan ng Diyos."* (Efeso 3:19; Colosas 2:9)

## Ang Mahalay na Miyembro ng Iglesia

Ang tao ay maaaring miyembro ng iglesya sa maikling panahon o sa maraming taon gayunman ay nananatiling mahalay na Kristiyano. Kung sa iyong pagkabigla nasumpungan mong ikaw ay Kristiyanong mahalay sa sandaling 'yan, kung gayon ay huwag kang mabalisa tungkol dito, sa halip ikaw'y magalak, dahil ikaw ay may posibilidad na baguhin ito ng madalian. Mararanasan mo ang higit na ligaya sa pamamaitan ng buhay kasama ang Espiritu Santo. Ako ay naniniwala na karamihan sa mahalay na Kristiyano ay hindi batid na nasa ganitong kalagayan at may pagnanais na makaranas pa sa kanilang pananampalataya. Ang kanilang kawalang malay kung madalas ay hindi nila kamalian. Isaalang alang: ikaw ay makakaranas ng dakilang kaligayahan sa pamamagitan ng buhay kasama si Kristo sa iyong puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. (Si Jesus sa Juan 15:11: *"at upang ang iyong kagalakan ay malubos."*) Sa pamamagitan ng pagbabagong ito ikaw ay unti-unting makakaranas ng masaganang buhay (Si Jesus sa Juan 10:10 – karagdagan pa dito sa mga susunod) at ikaw ay magkakaroon ng tunay na matibay na pagasa para sa buhay na walang hanggan.

*Panalangin: Ama namin sa langit, kung maaari ako ay gawin mong pumayag na tanungin ang aking sarili. Kung ako ay Kristiyanong mahalay, kung gayon maaari pong tulungan mo akong maunawaan ito agad. Gawin mo akong nais na pumayag sa lahat ng bagay na iyong kagustuhan. Maaari pong ako ay ihatid sa masayang Kristiyanong buhay-tungo sa ipinangakong masaganang buhay at buhay na walang hanggan. Maaari po ay baguhin ang aking puso. Salamat sa pagtugon sa aking dalangin. Amen.*

Ating basahin kung ano ang binabanggit ni Apostol Pablo patungkol sa maka-laman na miyembro ng iglesia na masumpungan sa 1 Corinto 3:1-4 "*At ako, mga kapatid, ay* ***hindi nakapagsalita sa inyo na tulad sa mga nasa espiritu,*** *kundi tulad sa mga nasa laman, tulad sa mga sanggol kay Cristo. Kinandili ko kayo ng gatas, at hindi ng lamang-kati; sapagka't kayo'y wala pang kaya noon: wala, na ngayon pa man ay wala kayong kaya; sapagka't kayo'y sa mga laman pa: sapagka't samantalang sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi baga kayo'y mga sa laman, at kayo'y nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga tao? Sapagka't kungsinasabi ng isa, Ako'y kay Pablo; at ng iba, ako'y kay Apolos; hindi baga kayo'y mga tao?"*

Inyo bang malinaw na nakikita dito na ang batayan para sa pagkahirang sa grupong ito ay ang personal na relasyon sa Espiritu Santo? Sa iilang mga talatang ito, binanggit ni apostol Pablo ng apat na beses na sila ay sa laman. Anu ang kahulugan ng laman? Ito ay nangangahulugang: ang taong ito ay nabubuhay mula sa kapangyarihan ng laman, at ito ay ang kalimitang lakas at abilidad na taglay ng isang tao. At saka, nangangahulugan ito na hindi siya napuspos ng Espiritu Santo o kaya'y hindi sapat ang pagpuspos ng Espiritu Santo.

Iniisip ng ilan ang grupong ito ay binubuo lamang ng mga tao, na namumuhay sa masagwang kasalanan. Ngunit ito ay isa lamang sa mga tabing na nasa loob sa grupong ito. Nais kong muling bigyang diin na maraming mga pagkakaiba sa loob ng bawat mga grupong ito.

Tinawag ni Pablo ang mga taong nasa laman bilang *"mga kapatid na lalaki"*. Ito'y nagpapakita na sya ay nakikitungo sa mga **miyembro ng iglesia.** Hindi masabi ni Pablo sa kanila *"tulad ng mga taong espirituwal"*. Nangangahulugan ito na: **Hindi sila napuspos ng Espiritu Santo o kaya'y hindi sapat ang pagpuspos ng Espiritu Santo.** Kinakailangang sabihin niya sa kanila na sila *"ay mga bata kay Kristo"*. Ipinapakita nito na hindi sila lumago sa pananampalataya na dapat mayroon sila. Ang isang tao ay maaaring may malawak na kaalaman sa Biblia gayunpaman ay hindi lumago sa espirituwal. Ang paglagong espirituwal ay may kinalaman sa ganap na pagtatalaga kay Jesus at ang buhay na palagian sa Banal na Espiritu.

Maraming Kristiyano sa laman ang nakakaramdam ng walang kasiyahan, pagkabigo, walang pakay o kaya'y laging nasa ilalim ng pagpupunyagi sa kanilang espirituwal na buhay.

Ang ibang miyembro ng iglesia sa laman ay nasanay na sa ganitong kalagayan o sila ay nasiyahan sa ganitong kalagayan. Maaari nilang sabihin: "Kami ay makasalanan lamang! At wala na kaming magagawa pa hinggil dito!"

Muli ang ibang Kristiyano sa laman ay maaaring masigasig. Nagagalak na sila ay nakakaalam ng maraming katotohanan sa Biblia. Ang mga miyembro ng iglesia sa laman ay maaaring masigla at may tungkulin sa pangunguna sa lokal na iglesia o kaya ay sa pangasiwaan ng iglesia. Maaari pa silang gumawa ng mas marami para sa Diyos.

> ***Mateo 7:22-23:*** *"Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonyo, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo'y iphahayag ko sa kanila, Kailanma'y hindi ko kayo nangakikilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan."*

Saan nakalatag ang problema? Sinabi ni Jesus na hindi niya sila nangakikilala. Wala silang tunay na ugnayan kay Kristo, bagkus ay isang pagkukunwaring ugnayan lamang. Alinman, maaaring walang tunay na pangako o di kaya'y hindi naipanatili. Si Jesus ay hindi nakapamuhay sa kanilang mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kung kaya sila ay walang personal na ugnayan kay Kristo. "Kaya maaaring may maliwanag na ugnayan kay Kristo..."[13] kahit si Kristo ay wala sa atin? Aking nabasa ang ilang mga hindi birong mga salita tungkol dito. Bago ko ito banggitin, nais kong bigyan ng diin na maaari tayong palayain sa mga sumusunod na bagay kung tayo lamang ay mamumuhay ng buhay kapiling ang Espiritu Santo:

> "Ang isang diwang salungat sa diwa ni Kristo ay ikakaila Siya, anuman ang sabihin. Maaaring ikaila ng mga tao si Kristo sa pamamagitan ng pagsasalita ng masama, ng pagsasabi ng kamangmangan, at ng mga salitang walang katotohanan o may kalupitan. Maikakaila nila Siya sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga pasanin sa buhay, sa pamamagitan ng paghahangad ng makasalanang kalayawan. Maikakaila nila Siya sa pamamagitan ng pakikiayon sa sanlibutan, sa pamamagitan ng di magalang na asal, sa pamamagitan ng pag-ibig sa sarili nilang mga opinyon, sa pamamagitan ng pagbibigay katwiran sa sarili, sa pamamagitan ng pagkikimkim ng alinlangan, paggawa

---

13 E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898), p. 676

ng kaguluhan, at pananatili sa dilim. **Sa lahat ng mga paraang ito ay ipinahahayag nilang si Kristo'y wala sa kanila."**[14]

Ito ay maaaring baguhin ng madali ng biyaya ng Diyos. Atin itong babalikan sa ikatlo at ikalimang yugto.

## Bakit ang pagpapasakop ng ating mga buhay at paggawa ng pangako sa Diyos ay mahalaga?

Sabi ng Salita ng Diyos: *"Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing huhay, banal, na kaayaya sa Diyos, na siya ninyong katampatang pagsamba."* Roma 12:1

"Ninanais ng Diyos na tayo'y pagalingin, at tayo'y palayain [mula sa kalupitan ng ating pagkamakasarili at pagkaalipin sa kasalanan]. Subali't dahil sa ito'y nangangailangan ng isang ganap na pagbabago, pagbabago ng ating buong pagkatao, ay nararapat na lubos nating ipagkaloob ang ating mga sarili sa Kaniya."[15] Ang ating pagkamaako ay nasaktan, nanibugho, nayamot, naghinanakit, at iba pa. Nais ng Diyos na palayain tayo sa ganitong saloobin.

"Inanyayahan Niya tayong ibigay natin sa Kanya ang ating mga sarili, upang magawa Niya sa atin ang Kanyang kalooban. Nananatili para sa atin na mamili kung ibig nating lumaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan, upang makibahagi sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos."[16]

Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng ng Diyos, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, kaayaaya sa Diyos, na siya ninyong katampatang pagsamba.

Tinutugon ng Diyos ang ating panimulang pangako sa pamamagitan ng pagkapanganak na muli. (Juan 3:1-21). Pagkatapos niyaon ay ang pananatiling pagpapasakop (Juan 15:1-17). Pag-aaralan natin ito mas higit pa sa ikatlong bahagi.

---

14 E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898), p. 349

15 E.G. White, *Steps to Christ* (1892), p. 43.2

16 E.G. White, *Steps to Christ* (1892) p. 43.4

Si Morris Venden ay nagpahayag tungkol sa pagpapasakop ng ating mga sarili sa Diyos:

"Walang anumang bagay tulad ng bahagyang nagpapasakop. Hindi maaaring ikaw ay bahagyang nagpapasakop, gaya ng ikaw ay bahagyang buntis. Kahit alin, maaaring ikaw ay nagpapasakop o hindi. Dito ay walang pumapanig sa gitna."[17]

May nabanggit din si Ellen White patungkol sa araw araw na pagpapasakop:

"Yaon lamang magiging kamanggagawa ni Kristo, yaon lamang magsisipagsabing, Panginoon, lahat ng nasa akin at ang buo kong sarili ay sa Iyo, ay siya lamang ang kikilalaning mga anak na lalaki at babae ng Diyos."[18]

Kaya nga ang tao ay maaaring nasa iglesia at maaaring maligaw pa rin. Kalunus-lunos! (Ang talinghaga na tungkol sa sampung birhen at ang mensahe sa iglesia ng Laodicea ay naglalarawan nito.)

## Bakit napakahirap kilalanin ang pagiging Kristiyano sa laman?

Yamang ang buhay ng tao sa laman ay puno ng "relihiyon", mas malimit na hindi niya napupuna na siya ay may nakakaligtaang bagay na mahalaga: isang matalik at nakakapagligtas na ugnayan kasama ang Diyos. Kung si Kristo ay hindi pahintulutan na pamunuan ang ating buong buhay, sa makatwid Siya ay nakatayo sa harap ng pintuan na kumakatok. (Apokalipsis 3:20) At Kaniyang sinasabi: Kung ito ay hindi magbabago, sa gayon ay isusuka ko kayo.

At meron pang ibang dahilan. Sa kadahilanan na tayo ay may matibay na pundasyon sa doktrina, na nakabatay sa Biblia, tayo ay may matibay na mga paniniwala. (At gayun din naman nais din nating maging bukas sa karagdagang pananaw.) Tayo ay mayroong kasiguraduhan na nananalig tayo sa katotohanan; at iyun ang nagpapakilig sa atin. Marami tayong mabubuting kaalaman. Nakapagsasabi tayo ng mga tamang bagay. At ito ang mga kasama sa mga dahilan kung bakit napakahirap kilalanin ang problema sa laman. Hindi baga ito gumaganap ng tungkulin kung ako nga ba ay tunay na nakapamuhay kasama ang Espiritu Santo? Kung hindi, maaari ko bang mapansin ang pagkakaiba?

Isang pastor ang sumulat: "Katatanggap ko lamang ng isang tawag mula sa isang kapatid na babae na nagbabahagi sa aming 40 na araw na pananalangin.

---

17 Morris Venden, *95 Theses on Righteousness by Faith* (Pacific Press),1987, p. 63

18 E.G. White, *Desire of Ages,* p. 523

> *Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng ng Diyos, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, kaayaaya sa Diyos, na siya ninyong katampatang pagsamba.*

(Mga detalye tungkol sa 40 na araw ng panalangin sa Kabanata 5) Sinabi niya na ito ay nakapagbago ng kanyang buhay. **Siya ay nagtaka sa buong buhay nya kung ano ang nawawala sa kanyang espiritwal na pamumuhay at ngayon ay alam niya – ito ay ang Espiritu Santo.** Aking minimithi na inyong marinig ang kanyang patotoo. Sinabi nya na kanyang napansin sa unang pagkakataon sa kanyang buhay na sya ay nagkaroon ng ugnayan sa Diyos. ...Ang iba ay nakapansin din ng pagbabago sa kanyang buhay."[19] Ating makikita na ang isang tao ay maaaring makapuna na mayroong bagay na kulang, ngunit hindi alam kung ano. Marami ang naghahangad ng mas higit pa nguni't hindi alam kung ano ito at kung paano magkakaroon nito.

Pinapasalamatan ko na sa 1 Corinto 3:1-4 ay ginamit ng tatlong beses ang salitang *"pa rin"*. *"Sapagka't kayo'y mga sa laman pa."* Ito ay nagpapakita sa atin na maaari para sa isang taong laman na maging espirituwal. Walang sinuman na dapat manatili sa pagiging laman. Sa kadahilang sya ay nasa loob ng iglesia ay meron syang mabuting pagkakataon na maunawaan ito at mabago ito. Pag-uusapan natin mamaya kung paano tayo maaaring maging espirituwal.

Isa pang aspeto na kailangan isaalang-alang ay ang inggit at ang pag-aawayan o kagaya ng binanggit sa Banal na Kasulatan: *"Mayroong inggit at pagtatalotalo sa bawat isa sa inyo."* Ang pag-uugaling ito ay nagpapatunay kay Pablo na ang miyembro ng iglesya sa laman ay hindi nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, ngunit kumikilos ng mahalay – tulad ng ibang mga tao. Maaari silang kumilos kagaya ng likas ng tao; kahit na sila ay nababalutan ng pagiging relihiyoso. Nangangahulugan kaya na ang hindi mabuting samahan sa iglesia ang pinagmumulan ay ang mahalay na kaisipan ng mga miyembro ng iglesia? (Tingnan Judas t.19) Sa panahon ni Jesus hindi ba't ang mga Phareseo at

---

**19** E-mail an H. Haubeil – natanggap noong Pebrero 15, 2012

mga Saduceo ay nagtatalo sa isa't isa? Nangangahulugan na noong una pa man ay mayroon nang hindi mabuting samahan sa pagitan ng mga konserbatibo at ng mga liberal/umuunlad. Ang isang grupo ay masyadong maselan at ang isang grupo naman ay hinawakan ang mga bagay ng maluwag. Ngunit pareho silang naniniwala na tama ang kanilang pakahulugan at saloobin sa Biblia. Ngunit ipinamalas ni Jesus sa atin na ang parehong pangkat ay mahalay, ibig sabihin ay hindi puspos ng Banal na Espiritu. Ang ganitong bagay ay maaari din ngayon. Ang konserbatibong Kristiyano ay maaaring mahalay na Kristiyano rin.

Sa kasawiang-palad, ang mga tao ngayon ay tumitingin sa salamin ng "konserbatibo o liberal/umuunlad." Ang kalamangan ay ang tagamasid ay dumating ng lubusan. Gayunpaman, sa pag-uuri ng Banal na Kasulatan tungkol sa "laman o espirituwal" tayo ay hinamon na tanggapin ang imbentaryong espirituwal. Kailangang gawin natin ito para sa ating kabutihan. Isaalang-alang kung ano ang malinaw na sinasabi ng Diyos sa atin sa Galacia 6:7-8:

> *"...sapagka't ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya. Sapagka't ang naghahasik ng sa kanyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan."*

Ang taong laman ay ibig sundin si Jesus at malugod Siya, nguni't hindi niya isinuko ang kanyang buong buhay kay Jesus o kung nagawa man niya noon maaari din namang siya'y bumalik sa mga maling gawa. (Galacia 3:3, Apokalipsis 2:4,5) Ang ibig sabihin na sya, maaaaring hindi nya namamalayan, nais nyang mamuhay sang- ayon sa kalooban ng Diyos **at** sa kanyang kagustuhan ng **magkasabay.** Nguni't hindi maaaring ganito. Sa kahulihan ay kanyang pinapasan ang kanyang sariling buhay sa kanyang mga kamay. Kagaya ng kasabihan, mayroong dalawang kaluluwa na nananahan sa kanyang dibdib. Maaari bang ipadala ng Diyos ang Banal na Espiritu sa ganoong katayuan? Ang Santiago 4:3 ay nagkaloob ng ganitong kasagutan *"Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't nagsisihingi kayo ng masama."* Ako ay dumating sa pagpapasiya na ibig sabihin ay humihingi ng may mahalay na saloobin. Hindi kaya ang kasagutan sa ganoong kahilingan ay maaaring magtulak sa pagiging pagkamakaako? Dahil dito, ang meyembrong ito ng iglesia ay nabubuhay sa pamamagitan ng karaniwang kapangyarihan ng tao at mga kakayahan. Sa Apokalipsis 3:16 tinawag ito na Email an H. Haubeil – natanggap noong Pebrero 15, 2012malahininga" at sa Mateo 25 "mangmang".

## Bakit tinawag ni Jesus na malahininga ang mga mahalay na miyembro ng iglesia?

Bakit kaya napakaraming mga Kristiyano ay kulang sa karanasan sa Espiritu Santo? Upang masagot ang katanungang ito, atin munang titingnan ang pangyayari sa Laodicea. Bakit tinawag ni Jesus na malahininga ang mananampalataya ng iglesia ng Laodicea? Binigyan nya tayo ng malinaw na palatandaan: *"Narito, ako'y nasa pinto at tumutuktok."* (Apokalipsis 3:20) Hindi si Hesus ang nasa sentro ng buhay ng mga mananampalataya, higit pa, Siya ay nasa labas. Siya ay nakatayo sa labas sa harap ng pinto. Bakit hindi Siya pumapasok? Sapagka't Siya ay hindi inanyayahan. Hindi Niya pinipilit ang Kanyang sarili paloob, sapagka't kanyang iginagalang ang ating malayang pagpapasiya.

Bakit iniwan ng mga mananampalataya si Jesus sa labas sa harap ng pintuan? Maraming iba't-ibang sanhi at katuwiran para dito. Ang iba ay kumikilos lamang sa pawang pangkaisipan at sa lahat ng pamantayan sa kanilang espirituwal na mga buhay, kagaya ng Iskribang si Nicodemo, at hindi nauunawaan kung anu ang buhay Kristiyano. (Ihambing ang Juan 3:1-10). Para sa iba ang "halaga" ng pagiging disipulo ay masyadong mataas, marami silang dapat na isuko sa kanilang mga sarili, kagaya ng "mayaman na binata". (Ihambing sa Mateo 19:16-24). Sa pagsunod kay Hesus hinihiling ang pagtanggi sa sarili at pagpayag na mabago ang buhay (ihambing ang Mateo 16:24-25) at tuluyan na ipasakop ang kanyang sarili sa Diyos (Roma 12:1). Ang pag-iwan kay Jesus sa labas ay dulot ng pawang kapabayaan - hindi sapat na panahon sa personal na pagsasama kay Jesus.

Aking uulitin: ang dahilan ng pagiging malahininga sa Apokalipsis 3:20 ay: *"Narito ako'y nasa pintuan."* Si Jesus ay hindi ang sentro ng ating mga buhay, higit pa sya ay nasa labas o di kaya'y sa isang tabi. Kaya ang pagiging malahininga ay may kaugnayan sa ating personal na ugnayan kay Kristo. Sa kabilang banda, ang taong nababahala ay tiyak na hindi kinakailangan maging malahininga.

Isang halimbawa: Ang isang lalaki ay maaaring mamuhunan ng malaki sa kaniyang hanapbuhay at makaligtaan ang kanyang asawang babae. Siya ay tapat sa kanyang trabaho, nguni't malahininga sa kaniyang buhay may-asawang ugnayan. Ang isang tao ay maaari din na tapat na miyembro ng iglesya, isang masigasig na pinuno ng iglesya o pastor o presidente at maaaring malahininga pa rin sa kaniyang ugnayan kay Kristo. Ang taong ito ay maaaring napakatapat upang gampanan ang maraming gawain, na kaniyang nakakaligtaan ang kanyang personal na ugnayan kay Kristo. **Ito ang malahiningang nais alisin ni Jesus.** Isang kalunuslunos na ang isang tao ay napaka-abala sa gawain ng Diyos (sa iglesia at gawaing misyonero) at nakaligtaan niya ang Diyos ng gawain.

## ANG TALINGHAGA TUNGKOL SA SAMPUNG BIRHEN

Ano ang ipinapakita ng talinghaga ni Jesus tungkol sa sampung birhen na may kinalaman sa pagiging espirituwal o mahalay na miyembro ng iglesia?

- Ang sampu ay mga birhen
- Ang lahat ay may dalisay na paniniwala sa Biblia
- Ang lahat ay may ilawan
- Ang lahat ay may Biblia
- Ang lahat ay natungo upang salubungin ang lalaking ikakasal
- Ang lahat ay tumingin sa hinaharap sa ikalawang pagparito
- Ang lahat ay nakatulog
- Ang lahat ay nakarinig ng panawagan at nagising
- Ang lahat ay naghanda ng kanilang ilawan
- Ang lahat ng ilawan ay nagniningas
- Kalahati sa kanila ay napansin na ang kanilang ilawan ay humihina

Ang lahat sa kanila ay naghanda ng ilawan at ang lahat ng ilawan ay nagliwanag ngunit ang nagliliwanag na ilawan ay nangangailangan ng langis. Enerhiya ay nagamit. Pakatapos ng maikling panahon, lima sa kanila ay nakapansin na *ang kanilang ilawan ay humihina na*. Ang ilawan ng limang mangmang na birhen ay nagliwanag lamang sa maikling panahon ay nagpapakita sa atin na mayroon sila mula sa Banal na Espiritu. Nguni't hindi ito sapat. Mayroong kakaunti lamang na langis. Iyon lamang ang tanging kaibahan.

Nang ang lima ay dumating humihiling na sila ay papasukin, tumugon si Jesus: ***"hindi ko kayo nakikilala."*** Sila ay masyado ng huli upang magkaroon ng langis, ang Espiritu Santo. Ang pintuan ay nanatiling sarado.

Ang pangungusap ni Jesus ay nagpapakita sa atin na ang ating personal na ugnayan sa Kanya ay may kinalaman sa Banal na Espiritu. Kung ang sinoman na hindi nagpapahintulot sa kaniyang sarili na gabayan ng Espiritu Santo ay hindi kikilalanin ni Jesus. Sa aklat ng Roma 8:8-9 ganito ang sinasabi: *"At ang mga nasa laman ay hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos...kung ang sinuma'y walang Espiritu ni Kristo, siya'y hindi sa Kanya."*

Sa katotohanan, tayo ay mayroon lamang tunay na personal na ugnayan kay Kristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sinasabi ng 1 Juan 3:24: "At dito'y nakikilala natin na Siya'y nananatili sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu na Kanyang ibinigay sa atin." Nangangahulugan ito na ang katiyakang mayroon ako

na ako ay puspos ng Espiritu Santo ay sa ganoong katiyakan din na ako ay na kay Jesus at Siya ay nasa akin.

Ganito ang naging karanasan ng isang kapatirang babae, na nakibahagi sa 40 araw ng pananalangin. Sa pamamagitan ng presensya ng Espiritu Santo sa kaniyang buhay Siya ay nakaranas sa kaniyang ugnayan sa Diyos ng ganap na kakaibang pamamaraan, at napuna ng iba ang pagbabago sa kaniyang buhay. Isang kapatid na babae na nagmula sa silangang Germany ay sumulat ng mga sumusunod pagkatapos niyang pag-aralan ang libritong ito: "Kasama ng aklat na 40 Araw-Mga Panalangin at Debosyon sa Paghahanda sa Ikalawang Pagbabalik na isinulat ni Dennis Smith at ang libritong ito ay naging dakila at matagal ng inaasam-asam na pagpapala sa aking buhay. Tulad din ng iba pang mga miyembro ng iglesia at isang kapatid na babae mula sa ating iglesia ay nakaranas, may bagay na laging kulang sa ating karanasang pananampalataya at ngayon tayo ay mayroong karapatan na maranasan kung paanong si Jesus ay pumasok sa ating buhay at simulan ang pagbabago sa atin. Siya ay patuloy pa rin na gumagawa sa atin at sa bawat hakbang ay inilalapit niya tayo sa Kanya."[20]

Isang kapatid na lalaki ang sumulat ng mga sumusunod: Ang *libritong Mga Hakbang Tungo sa Personal na Papapanibagong Buhay* ay tunay na tumimo sa akin.

Ang kabanata tungkol sa sampung birhen at lalo't higit sa sampung birhen at lalo't higit sa Roma 8:9b "*Ngayon kung sinuma'y walang Espiritu ni Kristo, siya'y hindi sa Kanya.*" lubhang gumulat sa akin. Pagdaka, ako'y hindi nakakatiyak kung nasa akin ba ang Espiritu Santo at kung siya'y gumagawa sa akin, sa kadahilanang masakit para sa akin na ako ay nagkukulang ng kaukulang "bunga" sa aking buhay. Ngayong Sabado ng hapon natapos kong basahin ang aklat at walang hanggang kalungkutan ang bumalot sa akin. Pagkatapos ay binasa ko ang dalangin na nasa pahina 108 at may malalim na paghahangad ang bumangon sa akin na tanggapin ang Espiritu Santo, upang ang aking puso ay mabago at ang Diyos Ama ang Siyang babago sa akin sang ayon sa Kaniyang kalooban. ...Salamat sa munting aklat at sa mga salita, na tunay na kumilos sa akin." A.P

Ang dakilang kapahamakan sa isang mahalay na Kristiyano ay kapag hindi niya matanggap ang buhay na walang hanggan kung ang kaniyang kalagayan ay hindi magbago. Roma 8:9b: *"Ngayon kung sinuma'y walang Espiritu ni Kristo, siya'y hindi sa Kaniya."*

---

**20** E-mail mula Marso 31, 2013

Ngayon para sa kabuuan: Ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng espirituwal at ng laman na miyembro ng iglesya ay may kinalaman sa Espiritu Santo. Ang espirituwal na Kristiyano ay puspos ng Banal na Espiritu. Ang laman o mahalay na Kristiyano ay hindi o hindi gaanong puspos ng Espiritu Santo.

Kung iyong mapagtanto na ikaw ay mahalay na Kristiyano, ay huwag kang magalit. Ang Diyos ay nag-aalok sa iyo ng lunas: ang Espiritu Santo.

Sa ibang grupo ang Espiritu Santo ay masyadong nabigyan ng diin; sa kabilang panig, sa ibang grupo Siya ay kinaligtaan. Ang Panginoon nawa ang Siyang manguna sa atin sa daan na nasa kalagitnaan ng Biblia.

## PAGHAHAMBING: ANG NAUNANG IGLESIA AT ANG IGLESIA SA HULING MGA PANAHON

Kung ating ihahambing ang naunang iglesia sa pangkasalukuyang iglesia, ating mapapansin na ang naunang iglesia ay kinakailangang binubuo ng mas maraming taong espirituwal. Ipinapakita sa aklat ng Mga Gawa na ito ang dahilan ng kanilang mabilisan at positibong paglago. Wala silang ibang tulong. Nguni't sila ay may Espiritu Santo. Tayo ay may masaganang mahuhusay na tulong. Ngunit tayo ay may kakulangan sa Banal na Espiritu.

Alalahanin kung ano ang sinabi ni A. W. Tozer: "Kung ang Banal na Espiritu ay kukunin sa ating iglesia ngayon, 95% ng ating ginagawa ngayon ay magpapatuloy at walang makakapansin ng kaibahan. Ngunit kung ang Banal na Espiritu ay inalis mula sa sinaunang iglesia, kung gayon ay 95% ng kanilang ginagawa ay maaaring matigil at ang lahat ay mapapansin ang kaibahan."[21]

## Natutunan na ba natin na mamuhay na wala ang Espiritu Santo? Ang iglesya ba sa panahon ngayon ay pangunahing binubuo ng mahalay na Kristiyano?

Bilang isang kinahinatnan, tayo ba ay malimit na walang lakas at sa malaking bahagi ay walang pagtatagumpay? May kinalaman ba ang mahalay na saloobin sa katunayan na mayroon lamang tayong mabagal na paglago ng iglesia sa maraming lugar? Ang marami bang malubha na suliranin natin sa maraming panig ay dulot ng saloobing mahalay? Ating mapapansin na higit pa at mas marami sa ating mga personal at gitna ng suliranin sa isa't isa ay dulot ng

---

21 Dr. S. Joseph Kidder, *Anleitung zum geistlichen Leben* (Andrews University) PPP Folie 2

kakulangan ng Banal na Espiritu. Sa bagay na pang personal, maaari natin itong mabago ng mabilis sa tulong ng Diyos.

Ang mga sumusunod na pahayag para sa mga ministro ay mangyari ding gamitin sa lahat.

Sinabi ni Johannes Mager: "Pinaghambing ni Pablo ang espirituwal at laman na uri ng Kristiyano, sa pagitan ng mga puno ng Banal na Espiritu at sa mga walang lugar sa Banal na Espiritu sa kanilang buhay: nangabautismuhan ng Espiritu Santo nguni't hindi naman puno ng Espiritu Santo."

Para sa isang ministro, ito'y nangangahulugan ng: Maaaring nagtataglay ako ng mahusay na pagsasanay, magaling sa mga saligan sa wikang Biblia at mahusay na maisagawa ang pagintindi ng talata; maaaring tinanggap ko ang mga dakilang katotohanan sa Biblia ng may buong katalinuhan at nauunawaan ito at mahusay sa mataasang teolohiya buhat sa sari-saring siglo; maaari din namang meron akong mahusay na pagkaunawa ng homilya at may kakayanan akong ipangaral ang napapanahon at makatotohanang mga pangaral-at sa kabila ng lahat ng aking nalalaman at talino ay maaari hindi puno ng Espiritu Santo. Ang mga aklat, pinag-aralan, maayos na kasangkapang tekniko, kahit na ang karisma ay puwedeng maging anyo, kahalili ng kakulangan sa pamumuhay na puno ng Espiritu.

Pangangaral, pananalangin sa publiko, pagsasaayos ng buhay ng iglesia, paghahanda ng programang pang-ebanghelyo, pagbibigay ng mga payo – ang mga bagay na ito ay maaaring matutunan at sanayin kahit wala ang Espiritu Santo. Si Ellen G. White ay nagpahayag ng mapanganib na posibilidad kagaya ng mga sumusunod: "Ang dahilan kung bakit mayroon lamang maliit na bahagi ng Espiritu ng Diyos ang naihayag ay sa kadahilanan na natutunan ng mga ministro na gawin ito na wala ang Espiritu Santo." (E.G. White, Testimonies for the Church, Volume 1, (1868), p. 383.1)

Si Johannes Mager ay isang pastor, mangangaral at guro ng sistematikong teolohiya sa maraming taon. Ang huli niyang naging trabaho ay sekretarya ng departamento ministeryo ng Euro-African Division (sa ngayon ay: Inter-European Division) sa Bern, Switzerland. Siya ngayon ay retirado at naninirahan sa Friedensau, Germany.[22]

---

22 Johannes Mager *Auf den Spuren des Heiligen Geistes (Following the steps of the Holy Ghost),* (Lüneberg 1999), p. 102-103

*Para sa Buod: Ang kahulugan ng pagiging-laman ay nabubuhay sa pamamagitan ng karaniwang lakas at kakayahan na wala ang Espiritu Santo o di kaya'y hindi sapat na dami ng Banal na Espiritu.*

## ANG PANGUNAHING BALAKID SA PAGIGING-KRISTIYANONG LAMAN

Ang dakilang tuntunin ng moralidad sa Banal na Kasulatan ay – ibigin ang iyong kaaway, patawarin ang mga tao sa lahat, pagtagumpayan ang kasalanan, atbp. – ay maaari lamang matamo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, hindi ng pagsisikap ng tao. Ito'y nagpapakita sa atin na ang pangunahin na suliranin sa pagiging-laman ng Kristiyano ay nakabatay lamang sa kalakasan ng tao. Hindi natin magagawa ang kalooban ng Diyos na mag-isa sa ating sariling lakas. Ating basahin ang ilan sa mga talata sa Biblia tungkol sa paksang ito:

**Isaias 64:6:** *"At ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi."*

**Jeremias 13:23:** *"Makapagbabago baga ang Etiope ng kanyang balat, o ang leopardo ng kaniyang batik? Kung magkagayo'y mangakakagawa naman kayo ng mabuti, na mga bihasang gumawa ng masama.*

**Ezekiel 36:26-27:** *"Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob nyo ng bagong diwa...At aking ilalagay ang Aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa.*

**Roma 8:7:** *"Sapagka't ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Diyos; sapagka't hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari." "Ang isipang nasasaklawan ng laman ay laban sa Diyos; ito ay hindi nagpapasakop sa utos ng Diyos, ni hindi maaaring gawin ito.*

Malinaw at tumpak na sinabi ni Ellen White:

"Kung sinuman ang sumusubok na abutin ang langit sa pamamagitan ng kaniyang sariling gawa sa pagsunod kautusan, ay nagtatangka ng imposible. Ang tao ay hindi maliligtas kung walang pagsunod, **nguni't ang kaniyang gawa ay hindi dapat sa kaniyang sarili, si Kristo ay dapat gumawa sa kanya sa kalooban at gawin ang kaniyang mabuting kaluguran."**[23]

---

23 E.G. White, *Review and Herald,* July 1, 1890

Sa aking palagay ang mga katunayang ito ay nagpapakita ng sapat na wala tayong kakayahan na gawin ang kalooban ng Diyos kung wala ang Espiritu Santo. Ang ating pangunahing tungkulin ay lagi nating kailangang gumawa ng pagpapasya para sa kalooban ng Diyos at tayo ay pagkalooban ng Diyos ng kalakasan upang maisakatuparan ito. Ang pagkaunawa ng doktrina ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay napakahalaga at makapagpapalaya. Gayunpaman, hindi natin matatalakay ang detalye rito.

## ANONG MAAARING MANGYARI, KUNG ANG ISANG TAO AY SUBUKANG GAWIN ANG ISANG BAGAY NA HUMIGIT SA KANIYANG LAKAS?

Ano ang maaaring mangyari kapag madalas kung mapagtanto: Hindi ko kayang gawin! Ngayon ako'y bigo na naman! Aking naisip na sa ibang antas tayo ay nakararanas ng kabiguan.

Sa aking palagay ang suliraning ito ay mas higit na kitang-kita sa mas batang henerasyon kaysa sa mga mas matatanda. Ang mga nakatatandang tao ay sanay sa mas mataas na kahulugan ng tungkulin, masunurin sa pamilya, paaralan at kalakalan. Kaya't sila ay hindi madaling mayamot sa mga kabiguan na gaya ng nakababata. Nguni't ang suliranin ay parehong naroroon sa mga kabataan at mga matatanda. Lamang, ang mga kabataan ay napupuna ito ng mas natatangi. Ang paglalakbay sa landas ng pananampalataya sa kanilang sariling lakas ang pangunahing suliranin ng bawat Kristiyanong laman, kahit na ito ay alam niya o hindi.

Paano natin susubukang malutas ang problemang ito? Ang isang tao ay maaaring manalangin ng mas matindi para sa tulong ng Diyos at magpasya na subukan ng mas maigi. Ang ibang tao ay maaaring mag-isip na hindi kinakailangan na maging makitid ang ating pag-iisip. Ngayon siya ay nagsisimulang dalhin ang mga bagay na hindi sinasadya at maramdamang mas malaya. Gayunpaman, mayroon din na tuluyang umaalis sa kaniyang pananampalataya at nakakaramdam ng mas mabuti. Ang tanging suliranin lamang ay, itong mga wari ay kalutasan ay mga maling solusyon, dahil ang mga kahihinatnan ay darating di kalaunan o kaya'y sa susunod na panahon. Ang tamang paraan ay manghawak sa utos ng Diyos ng taimtim, sapagka't ito ay ibinigay ng may pagmamahal at para sa ating ikabubuti. Gayunpaman, kailangan natin ng lakas ng Diyos para dito. Ang tamang paraan ay mamuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na may karagdagang kaligayahan, pag-uudyok, kalakasan, mabunga at matagumpay.

## ANG PANGUNAHING SULIRANIN

Sa tingin ko ay atin nang tinanggap na ito ay may malaking kinalaman sa pagiging-laman na uri ng Kristiyano. Hindi ba ito nagiging mas malinaw kung bakit ayaw ng Jesus ang alin mang malahiningang tagasunod? Wala silang buhay na sagana tulad ng nais ng Diyos na ipagkaloob sa atin at sila ay masamang halimbawa kahit na karamihan sa kanila ay hindi alam ito. Ang suliranin ay mas malubha kaysa sa ating iniisip. "Ang mahihinang loob na mga Kristiyano ay mas masama pa sa mga taong hindi naniniwala sa relihiyon; dahil ang kanilang mapanlinlang na mga salita at hindi siguradong katayuan ay umakay na maligaw ang marami."[24]

Sa aklat na Christ our *Righteousness* na isinulat ni Arthur G. Daniells ay ating mababasa ang mga sumusunod:

"Ngunit ang pormalismo ay isang bagay na labis na mapanlinlang at mapanira. Ito ay ang nakatago, hindi inaasahang bangin, kung saan ang iglesia ay tinakot na mawasak sa maraming panahon sa loob ng mga siglo. Si Pablo ay nagbigay ng babala na ang ganitong *'anyo ng kabanalan'* (2 Tim. 3:5) na walang kapangyarihan ng Diyos [na hindi napuspos ng Espiritu Santo] ay maaaring isa sa mga panganib ng huling panahon at tayo ay pinaaalalahanan na huwag magpadala sa maginhawa, at ugaling mapanlinlang sa sarili."[25]

### Mga Maaaring Dahilan na Nag-aakay sa Pagiging Kristiyanong-laman

Ang susmusunod na mga sanhi o mga dahilan ay mga bagay na kung saan ay nag-aakay sa pagiging Kristiyanong-laman:

1. **Kamangmangan** – hindi pa natin itinalaga ang ating mga sarili ng lubusan sa paksa ng "buhay kasama ang Espiritu Santo" o kaya'y hindi pa natin nasumpungan ang susi upang ilagay ito sa pagsasanay.

2. **Kawalang-paniniwala o maliit na pananampalataya** – Ang mapuspos ng Espiritu Santo ay kinakailangan ng ganap na pagpapasakop ng ating buhay kay Hesu Kristo. Ito rin ay maaaring mangyari dahil sa kamangmangan, o maaaring dahil tayo ay natatakot na tayo ay akayin ng

24 EGW Letter 44, 1903, quoted in *Adv. Bible Commentary,* Vol. 7, p. 963 on Rev. 3:15,16

25 Arthur G. Daniells, *Christ our Righteousness,* p. 20

Panginoon taliwas sa ating ninanais. Nangangahulugan ito na hindi tayo nagtitiwala ng lubusan sa pag-ibig at katalinuhan ng Diyos.

3. **Mga Maling Palagay** – Ang isang tao ay maaaring mag-isip na s'ya ay puspos ng Espiritu Santo, kahit na sila ay hindi katotohanan o di kaya'y hindi. Parang ito ang malimit na suliranin.

4. **Pagiging Masyadong Abala** – Ang mga tao ay masyadong nabibigatan kaya kanilang iniisip na sila ay wala o sapat na panahon upang panatilihin ang ugnayan sa Diyos. O kinuha nila ang panahon, ngunit hindi sila sumusulong sa pakikipag-ugnayan sa Diyos.

5. **Kasalanan ng Nakatago, o marahil ay paninirang-puri** – ito ay tulad ng kapos na ugnayan, ibig sabihin ay walang ugnayan sa kapangyarihan ng Diyos.

6. **Kalimitan ay Kumikilos Sang-ayon sa Kanilang Pakiramdam –** Ang Salita ng Diyos ay nagsabi: *"Ang matuwid ay nabubuhay ng may pananampalataya"*. Ako ba ay gumagawa ng desisyon sa pamamaitan ng pagtitiwala sa Diyos o sang-ayon sa aking damdamin? Ang pangungusap ni Roger Morneau ay tunay na natanim sa aking isipan: *"Ang mga espiritu ay hinihimok ang mga tao na makinig sa kanilang mga damdamin sahalip na sa salita ni Kristo at ng Kanyang mga propeta. Sa hindi siguradong na paraan ay maaaring makuha ng espiritu ang pamamahala sa mga buhay ng mga tao na hindi nila namamalayan kung ano ang nangyayari."* [26]

## Bakit dapat ko hilingin ang Espiritu Santo, kahit na ako ay napuno na ng Espiritu Santo?

Sa isang banda, ang Espiritu Santo ay ibinigay sa atin upang manatili sa atin. Sa kabilang banda, dapat nating patuloy na hingin sa pamamagitan ng pananampalataya ang Espiritu Santo. Paanu natin mabibigyan ng solusyon ang ganitong mga pagsasalungat?

---

26 Roger Morneau, *A Trip into the Supernatural,* Review and Herald 1982, p. 43

Sa isang banda:

Sinabi ni Jesus sa Juan 14:17: *"Sapagka't Siya'y (Espiritu Santo) tumatahan sa inyo at sasa inyo."* Gawa 2:38: *"Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa...at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo."*

Sa kabilang banda:

Nang nagturo si Jesus ng tungkol sa panalangin, Kanyang sinabi sa Lukas 11:9-13: *"...magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; ...gaano pa kaya ang ang inyong Ama sa kalangitan na magbigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa Kanya!" Efeso 5:18 ay nagsabi: "...kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu."* Sa parehong kaso, sa orihinal na salitang Griyego, ito'y nangangahulugan ng tuluyang paghiling.

Kalutasan:

Sabi ni E.G. White: "Gayun pa man ang mga pagkilos ng Espiriru ay laging nakatugma sa nakasulat na salita. Kung paano ang sa natural, ay gayun din naman sa espirituwal na sanglibutan. Ang natural na buhay ay naingatan sa bawat saglit ng banal na kapangyarihan; nguni't ito ay hindi naipagpapatuloy ng tuwirang milagro, nguni't sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagpapala na nakalagay sa abot ng ating makakaya. Gayundin ang espirituwal na pamumuhay ay naipagpapatuloy sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan na ipinagkaloob. Kung ang tagasunod ni Kristo ay lalago 'hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.' (Efeso 4:13), kinakailangan n'yang kumain ng tinapay ng buhay, at uminom ng tubig ng kaligtasan. Kailangan n'yang magmasid at manalangin at gumawa, sa lahat ng bagay ay magbigay ng pag-iingat sa mga tuntunin ng Diyos sa Kaniyang salita."[27]

Tinanggap natin ang buhay nang tayo ay naisilang. Upang maipagpatuloy natin ang buhay na ito ay kailangan nating kumain, uminom, mag-ehersisyo at iba pa. Kagaya din ito sa ating espirituwal na buhay. Tayo ay mayroong Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating bautismo ng tubig at ng Espiritu (pagka-buhay na mag-uli) upang itong espirituwal na buhay ay manatili sa ating buong buhay. Upang maipagpatuloy ang espirituwal na buhay, ito ay kinakailangang gumamit ng espiritwal na kapamaraanan na ipinagkaloob ng Diyos: ang Espiritu Santo, ang Salita ng Diyos, panalangin, ang ating mga patotoo, at marami pang iba.

---

**27** E.G. White, *The Acts of the Apostles,* (1911), p. 284.2

Nagwika si Jesus sa Juan 15:4: *"Kayo'y manatili sa akin at ako'y sa inyo."* Si E.G. White ay nagpahayag ng patungkol dito: "Ang pananatili kay Kristo ay nangangahulugan ng patuloy na pagtanggap ng Kanyang Espiritu, ng isang buhay na lubos na itinalaga at ipinasakop sa paglilingkod sa Kanya."[28]

Kaya't nangangailangan tayong humingi araw-araw ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pananampalataya at ipasakop ang ating mga sarili sa Panginoon tuwing umaga kasama ang lahat ng ating tinataglay at kung anuman tayo.

## SAAN AKO NAKATAYO?

Ngayon ang pinakamahalagang bagay ay alamin kung saang grupo ako kabilang. Saan ako nakatayo?

Noong ang aking mahal na ina ay 20 taong gulang, kaniyang tinugon ang katanungan ng isang lalaki sa pamamagitan ng pasasabing siya ay walang interes sa pananampalataya. Siya ay dagliang tumugon: At kung ikaw ay mamatay sa kinagabihan? Ang komentaryong ito ay tumama sa kanya ng matindi. Ngunit ito ay nagkaroon ng napakapositibong epekto. Ito ay umakay sa kanya upang siya ay gumawa ng pagpapasya para kay Jesus at sa Kanyang iglesia. Marahil ang katanungang ito ay makatulong din sayo:

*Ipagpalagay ... ikaw'y namatay ngayon...! (sakit sa puso? Aksidente?)*
*Mayroon ka bang kasiguraduhan ng buhay na walang*
*hanggan kay Jesu Kristo? Huwag manatiling walang katiyakan.*

---

**28** E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898), p. 676.2

## Bagay na Nakakapangamba

Ako ay lubos na nangamba ng simula kong maunawaan ang dakilang kalakihan ng suliraning ito. Aking pinag-isipan at idinalangin kung talagang karapatdapat bang isama ang talatang ito. Aking kinukuha ang pagkakataon sapagkat ito ay may kinalaman sa kaligayahan sa buhay ngayon at sa buhay na walang hanggan, at ito rin ay lalo na ay may impluwensya sa pag-aasawa at pamilya, gayun din sa iglesia at hanapbuhay. Hindi ko alam kung kanino ito patungkol. Ngunit nais ko na makatulong sa mga taong nababahala, sa kadahilanang ako ay natulungan din naman. Napakahalaga na ang sinumang laman ay makaintindi nito; kung hindi siya ay hindi maaaring magbago sa tulobg ng Diyos. Ang Diyos sa Kaniyang pag-ibig ay nagnanais na masagana tayong pagpalain sa pamamagitan ng isang matalik na ugnayan kay Hesu Kristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Bilang resulta malaking kawalan ay maaaring iwasan at hindi masukat na pagpapala ang mararanasan. At ang kahanga-hangang bagay ay pwede nating bigyang lunas ng mabilisan ang sitwasyon sa tulong ng Diyos. (Karagdagang detalye sa kabanata 3 at 5)

Ang suliranin ng mahalay na pagiging Kristiyano ay naisalarawan sa Banal na Kasulatan sa maraming paraan. Sari-saring grupo at ang mga tao na nasa mga grupo ay maaaring may lalong kakaibang punto na tinututukan, ngunit ang nasa kalagitnaang suliranin ay iyon din. Ang magkakaibang mga paglalarawan ay ang mga:

- **"nasa laman o mahalay"** – Roma 8:1-17, 1 Corinto 3:1-4, Galacia 5:16-21 at iba pang mga talata
- **"mangmang"** – ang talinghaga ng sampung birhen Mateo 25:1-13 "Ang katayuan ng iglesia na kinakatawanan ng mangmang na birhen, ay kinikilala din na nasa katayuan ng malahininga."[29]
- **"malahininga"** – ang sulat sa Laodicea sa Apokalipsis 3:14-21
  *"ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit."* (Apokalipsis 3:15) Hindi ba nakakapagtaka? Mas gugustuhin pa ni Jesus ang malamig kaysa sa malahininga. Ano ang kanyang dahilan para dito? "Ang mahihinang loob na mga Kristiyano ay mas masama pa sa mga taong hindi naniniwala sa relihiyon; dahil ang kanilang mapanlinlang na mga salita at ang mga hindi siguradong katayuan sa pananampalataya ay nag-aakay na maligaw ang iba. Ang mga taong hindi naniniwala sa relihiyon ay ipinapakita ang kanilang tunay na kulay. Ang malahiningang Kristiyano ay dinadaya ang dalawang

---

29 E.G. White, *Review and Herald,* Aug. 19, 1890

panig. Siya ay 'di mabuting makasanlibutan, gayundin hindi sya mabuting Kristiyano. Ginagamit sya ni Satanas na gawin ang isang trabaho na walang ibang makakagawa."[30]

- **Hindi "ipinanganak na muli"** o hindi nanatili sa ganitong kalagayan – Juan 3:1-21

  "Ang bagong silang ay bihirang karanasan sa ganitong edad ng sanlibutan. Ito ang dahilan kung bakit napakaraming kabalisahan sa ating mga iglesya. Marami, napakarami, ang nag-aakala na ang pangalan ni Kristo ang hindi sagrado at 'di banal. Sila ay nabautismuhan, ngunit sila'y inilibing ng buhay. Ang sarili ay hindi namatay, kung kayat hindi sila bumangon sa pagiging kabagohan ng buhay kay Kristo."[31]
- **May anyo ng kabanalan** – *"Na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito."* 2 Timoteo 3:5 Si Arthur G. Daniells ay nagwika ng suusunod tungkol dito:

  "...Ngunit ang pormalismo ay isang bagay na lubhang mapanlinlang at mapanira. Ito ay nakatago, hindi inaasahang bangin, na kung saan ang iglesia ay binantaan na basagin ng maraming beses sa loob ng mga siglo. Tayo ay biniyan ng babala ni Pablo na itong "anyo ng kabanalan" (2 Timoteo 3:5) nguni't walang kapangyarihan ng Diyos [hindi napuspos ng Espiritu Santo] ang magiging isa sa mga panganib sa huling araw at pinapayuhan tayo na huwag madala ng komportable, mapanlinlang sa sarili na pag-uugali."[32]

At mayroon pang ilang nakakagulat na mga pangungusap sa mga sulat ni Ellen White:

- **Napaka, napaka kaunti**

  "Sa aking panaginip, isang bantay ang nakatayo sa pintuan ng isang mahalagang gusali, at tinanong ang bawat isang dumating upang pumapasok, 'Natanggap mo ba ang Espiritu Santo?' Ang panukat ay nasa kanyang kamay, at mayroon lamang napaka, napaka kaunti ang natanggap sa loob ng gusali."[33]
- **Walang isa sa dalawangpu ang handa**

  "Ito ay taimtim na pangungusap ang aking ginawa sa iglesia, na walang isa sa

---

30 E.G. White, Letter 44, 1903, quoted in the *Seventh Day Adventist Bible Commentary,* Vol. 7, p. 963 on Rev. 3:15,16

31 E.G. White, MS 148, 1897, quoted in the *Seventh Day Adventist Bible Commentary* Vol. 6, p. 1075 Many buried alive

32 A.G. Daniells, *Christ our Righteousness,* p. 20

33 E.G. White, *Selected Messages,* Vol. 1 (1958), p. 109.2

dalawampu na ang pangalan ay nakatala sa aklat ng iglesia ang handa na tapusin ang kanilang kasaysayan sa sanlibutan, at maaaring maging siguradong walang Diyos, at walang pag-asa sa sanlibutan bilang pangkaraniwang makasalanan."[34]

- **Bakit tayo ay lubhang inaantok?**
  "Bakit ang mga sundalo ni Kristo ay lubhang inaantok at walang bahala? Dahil sila ay may napakaliit lamang na ugnayan kay Kristo; sapagka't sila ay salat sa Kanyang Espiritu."[35]
- **Lubhang mapanganib**
  "Ako ay hindi rito mamamalagi sa igsi at walang kasiguraduhang buhay; ngunit mayroong isang kakila-kilabot na panganib – isang panganib na hindi sapat na nauunawaan – sa pagbibinbin sa pagpapasakop sa nakiki-usap na tinig ng Banal na Espiritu ng Diyos, sa pagpili na mamuhay sa kasalanan; at dahil dito, ay mayroong tunay na pagkaantala."[36] Ano ang nasa kalagitnaan ng kasalanan? *"Sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa akin."* (Juan 16:9) Ang palatandaan na tayo ay tunay na naniniwala at nagtitiwala kay Jesus ay kapag tuluyan nating ipinasakop ang ating mga sarili sa Kanya. May kinalaman ito sa ating ganap na pagpapasakop; ang ating pagpayag na sundan Siya sa lahat ng bagay.

Nais kong banggitin muli: Aking kinuha ang pagkakataon na maidagdag ang mga mahahalagang talata, sapagkat mayroon itong kinalaman sa ating pangsariling kaligayahan sa buhay at sa ating buhay na walang hanggan, at gayundin din sa ating impluwensya higit sa lahat sa ating pag-aasawa, mga pamilya at mga iglesia.

## Mga Katanungan at Marami pang Katanungan

Ang mahalagang tanong ay kung ikaw ba ay puspos ng Espiritu Santo o hindi. Ngunit, kailan ang isang tao ay puspos ng Espiritu Santo? Ano ang mga pangunahing pangangailangan? Ano ang mga positibong resulta ng isang buhay na may Espiritu Santo? Ano ang nangyayari kung hindi wasto ang iyong iniisip na ikaw ay puspos ng Espiritu Santo?

---

34 E.G. White, *Christian Service* (1925), p. 41.1

35 E.G. White, *The Great Controversy* (1911), p. 507.3

36 E.G. White, *Selected Messages,* Vol. 1 (1958), p. 109.2

## Maging Mapagpasalamat sa mga Tanda

Pasalamatan ang Panginoon na ating lalo pang itinatalaga ang ating mga sarili sa paksa ng pagpapanibagong buhay. Sa aking palagay, ang ating dakila at kamangha-manghang Diyos ay may mahalagang kadahilanan sa pagbibigay sa atin ngayon ng simbuyo sa pamamaitan ng Espiriu Santo para sa pagpapanibagong buhay. Ito kaya ang mga dahilan?

- Nais Niyang pagaanin ang ating mga kakulangan at akayin tayo palabas sa ating malahiningang kalagayan.
- Nais Niyang mahanda tayo para sa nalalapit na ikalawang pagbabalik ni Hesus at sa mahalagang panahon bago ito maganap.
- Nais Niyang dalhin ang dakilang nagtatapos na pagpapanibagong buhay (Apokalipsis 18:1-2) sa sanlibutan sa pamamagitan nila, *"silang nagsisitupad ng utos ng Diyos at may patotoo ni Jesu-Kristo."* (Apokalipsis 12:17) at *"may pananampalataya ni Jesus"*. (Apokalipsis 12:17)

Ating ding pasalamatan ang Diyos na ang bawat Kristiyanong laman ay maaaring daliang maging espirituwal na Kristiyano. At ang sinumang mamumuhay sa Espiritu Santo ay maaaring lumago sa kapunuan ni Kristo. Ito ngayon ang susunod nating gawain. At ngayon, para sa isa pang karanasan sa pagtatapos ng kabanatang ito.

## Bagong Taga-udyok at Panloob na Kaligayahan

"Isang kapatid na babae sa iglesia ang nagbigay sa akin ng libritong *'Mga Hakbang sa Personal na Pagpapanibagong Buhay'*. Ako ay napuspos sa pamamagitan ng nilalaman ng librito. Matagal na akong nagsasaliksik ng kagaya nito at sa wakas ay akin itong nasumpungan. Aking inumpisahang ayusin ang aking espirituwal na buhay at doon ko lang naunawaan na mayroon akong kailangang gawin: Aking isinuko ang aking sarili ng buong kaganapan kay Jesus. Mula noon ako ay ginigising ng Panginoon ng napaka-aga at binigyan ako ng panahon para sa aking personal na pagsamba. Araw-araw ako ay nag-aaral ng isang kabanata sa 40-Days na aklat. Aking napuna ng malinaw na ang aking ugnayan kay Jesus ay lumago ng lalong higit. Ito ay naging mas malalim at matalik. Ang Espiritu Santo ay nagtatrabaho sa akin. Pagkaraan ng 40-Days na aklat, aking pinag-aralan ang ikalawang aklat ng 40-Days na libro. Simula noon ay aking pinag-aaralan ang bawat aklat ng apat na ulit. Wala akong magawa

kundi aking hilingin ang araw-araw na ugnayan sa Diyos. Ang resulta ay kahanga-hanga, sapagka't ang aking bagong taga-udyok at panloob na kaligayahan ay hindi mapigilang hindi mapuna. Sa panahong ito nagkaroon ako ng karapatan na magkaroon ng maraming karanasan kasama ang Diyos. Naghanap din ako ng pagkakataon na maibahagi ang aking karanasan. Sa malapit na relasyon kay Jesus ang maraming mga bagay ay nagiging hindi mahalaga at ang hindi kailangang alalahanin ay nalulutas. Aking inaasahan at idinadalangin na maraming mga tao ay magkakaroon ng ganitong karanasan na aking naging karapatan na makaroon." H.S.

# ANG ATING MGA PROBLEMA SILA BA'Y KAYANG LUTASIN – PAANO?

*Paano tayo lalago na magiging masaya at matatag na mga Kristiyano? Paano mapupuspos ng Banal na Espiritu ang ating mga buhay?*

> *Si Jesus ay nagwika:*
>
> *"Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. (Juan 15:4)*
>
> *"Ang pananatili kay Kristo ay nangangahulugan ng patuloy na pagtanggap ng Kanyang Espiritu, buhay na lubosang ipinasakop sa paglilingkod sa Kaniya."*[37]

Ang banal na kalutasan para sa ating pangunahing suliranin na may dalawang bahagi ay siya ring daan para sa masayang pamumuhay Kristiano. Bakit? Si Jesus ay nagbigay ng pahayag sa mga salitang ito: *"Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong*

37 E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 676.2

*kagalakan ay malubos."* (Juan 15:11) Sa pamamagitan ng dalawang mga hakbang na ito (patuloy na pagtanggap sa Banal na Espiritu at ganap na pagpapasakop) si Kristo ay naninirahan sa atin at ito ang daan sa lubos na kasiyahan. Col.1:17 ay nagsasabi ng tungkol sa kasaganaan ng kaluwalhatian: Si Kristo ay nasa 'yo. 'Di ba ito'y kapansin-pansin na ipinaloob ni Jesus ang talinghaga ng puno ng ubas na nasa pangako para sa Banal na Espiritu sa Juan 14 at ang Gawain ng Espiritu Santo sa Juan 16?

***Ang napakamahalagang punto na ating (bilang tuntunin) isuko ang ating mga sarili araw-araw sa Diyos kasama ng lahat ng bagay bilang tayo at anumang mayroon tayo at atin din namang hingin araw-araw at tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya ang pagbubuhos ng Espiritu Santo.***

## BAKIT NAPAKAHALAGA NA ISUKO ANG ATING MGA SARILI KAY JESUS ARAW-ARAW?

Nagwika si Jesus sa Lukas 9:23: *"Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin."*

Sinabi ni Jesus na ang pagiging alagad ay bagay na pang-araw-araw. Upang tanggihan ang sarili ay nangangahulugan na ibinibigay kay Jesus ang pamamahala sa aking buhay. Ang pagdadala ng krus ay 'di nangangahulugan na tayo ay magkakaroon ng kahirapan araw-araw. Narito ang ibig sabihin:na tanggihan araw-araw ang ating pagkamakaako at ibigay nang may kagalakan at maluwag sa loob kay Jesus – tulad ng sinabi ni Pablo tungkol sa kanyang sarili:" ako ay nasa panganib ng kamatayan araw-araw." Kapag may isang nagpasan ng krus sa kapanahunan ni Jesus, sa makatuwid siya ay nahatulang mamatay at sya'y paroroon sa lugar kung saan ito ipapatupad. Kaya ito ay may kinalaman din sa pagtanggap ng kahirapan, na kung saan ay lumitaw mula sa pagsunod kay Jesus.

Ating tinanggap ang ating pisikal na buhay sa kapanganakan. Upang mapanatili ang ating buhay, kalakasan at kalusugan tayo ay karaniwang kumakain araw-araw. Ating tinanggap ang ating espirituwal na buhay nang tayo ay ipanganak na muli. Upang maingatang malakas at malusog ang ating espirituwal na buhay ay kinakailangan din na ingatan ang panloob na katauhan

araw-araw. Kung ito ay 'di mangyayari sa ating pisikal na buhay gayun din sa ating espirituwal na buhay, kung gayon tayo ay magiging mahina, magkakasakit o kaya'y mamatay. Hindi tayo maaaring kumain muna ng pagkain bilang reserbang pagkain at hindi rin natin maaaring iimbak ang Espiritu Santo.

Sa aklat na *Acts of the Apostles* ay mayroong napakahalagang payo rito: "Tulad ng likas, ganoon din sa espirituwal na sanlibutan. Ang likas na buhay ay naingatan sa bawat sandali ng banal na kapangyarihan; ngunit ito ay hindi napanatili ng tuwirang kababalaghan, subali't sa pamamagitan ng paggamit ng mga pagpapalang nakalagay sa abot ng ating makakaya. Kaya nga ang espirituwal na buhay ay napanatili sa pamamagitan ng paggamit ng mga paraan na ipinagkaloob sa awa't tulong ng Maykapal."[38]

Itong pahayag sa aklat na *The Desire of Ages* ay tunay na kumintal sa akin: "Tayo ay sumunod kay Kristo araw-araw. Ang Diyos ay hindi magkakaloob ng tulong para sa bukas."[39]

Si Ellen White ay nagwika:

"Sa pagsunod kay Jesus, ito ay nangangailangan ng buong pusong pagbabalik-loob sa simula, at ng paulit-ulit na pagbabalik-loob bawat araw."[40] "Gaano man naging lubusan ang ating pagtatalaga at pagbabalik-loob, ito ay walang pakinabang sa atin malibang ito ay papanumbalikin araw-araw... ."[41] "Italaga ang iyong sarili sa Diyos sa umaga; gawin mo itong pinakapangunahing gawain. Tulutan na ang iyong dalangin ay, "Tanggapin mo ako, O Panginoon, bilang Iyong ganap. Aking inilalagak ang lahat ng aking mga panukala sa Iyong mga paa. Gamitin mo ako ngayon sa paglilingkod sa'yo. Tumahan ka sa akin, at tulutang ang lahat ng aking mga gawain ay sang-ayon sa Iyo." Ito ay bagay na dapat gawin araw-araw. Sa bawat umaga italaga ang iyong sarili sa Diyos para sa buong maghapon. Isuko ang lahat ng iyong mga panukala sa Kanya, upang matupad o magpatuloy ayon sa Kaniyang pangangalaga sa kinabukasan. Kaya nga sa araw-araw ay iyong ibigay ang iyong buhay sa mga kamay ng Diyos, at nang sa gayon ang iyong buhay ay mahuhubog ng mas higit pa ayon sa buhay ni Kristo."[42]

---

38 E.G. White, *The Acts of the Apostles* (1911), p. 284.2

39 E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 313.4

40 Editor Francis D. Nichol, *Adventist Bible Commentary Vol. 1* (Review and Herald, 1976), p. 1113

41 E.G. White, *Review and Herald,* Jan. 6, 1885

42 E.G. White, *Steps to Christ* (1892), p. 70.1

Wika ni Morris Venden:

"Kung hindi mo pa nasumpungan ang pangangailangan ng araw-araw na pagbabagong-loob, ito ay maaaring maging pangunahing sisira sa iyong buhay.Sa aklat na *Thoughts from the Mount of Blessings* pahina 101 ay nagbibigay ng ganitong pangako: "Kung iyong hanapin ang Panginoon at maging hikayat araw-araw ... ang lahat ng iyong pagmamaktol ay matatahimik, lahat ng iyong kahirapan ay mapapawi, lahat ng nakakatarantang suliranin na sa ngayon ay kinakaharap mo ay malulutas."[43]

Ang pananatili kay Jesus sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabago ng ating pagtatalaga ay kasing halaga ng tulad ng tayo ay unang lumapit sa Kanya.

Dinagdag pa ni Morris Venden: "Ang pananatili at araw-araw na ugnayan sa Diyos ay naghahatid sa pananatiling pagpapasakop, bawat sandali na pagtitiwala sa Kanya."[44]

Maaari tayong makatiyak na: kapag tayo ay nasa-isipan ng pagpapasakop ng ating mga sarili kay Jesus tuwing umaga, sa gayon ay ating ginagawa kung ano ang nais Niya na ating gawin, sapagka't Kaniyang sinabi: *"Magsiparito kayo sa Akin..."* (Mateo 11:28) at: *"...ang lumalapit sa Akin sa anomang paraan ay hindi ko itataboy."* (Juan 6:37)

"Ang Panginoon ay nakahanda na gumawa ng mga dakilang bagay para sa atin. Hindi natin makakamit ang tagumpay sa pamamagitan ng bilang, ngunit sa pamamagitan ng buong pusong pagpapasakop ng kaluluwa kay Jesus. Tayo ay susulong sa pamamagitan ng Kanyang lakas, at pagtitiwala sa Makapangyarihang Diyos ng Israel..."[45]

Ang dakilang impluwensya na maaaring ipagkaloob ng Diyos sa pamamagitan natin kapag tayo ay lubusang magpasakop ng ating buhay sa kanya ay inilarawan ni John Wesley tulad ng sumusunod: "Ang Diyos ay higit na makagagawa sa isang tao, na nagkatiwala ng kanyang sarili ng 100 porsyento sa Diyos, kaysa sa buong hukbo ng mga tao, na nagkatiwala lamang ng 99 porsyento ng kanilang buhay sa Diyos."[46]

---

43 Morris Venden, *95 Thesis on Righteousness by Faith* (Pacific Press, 1987), p. 96

44 Morris Venden, *95 Thesis on Righteousness* by Faith (Pacific Press,1987), p. 233

45 E.G. White, *Sons and Daughters of God,* p. 279

46 Dr. S. Joseph Kidder, *Anleitung zum geistlichen Leben* (Andrews University), PPP slide 14

Sinulat ni Ellen White:

"Yaon lamang magiging mga kamanggagawa ni Kristo, yaon lamang magsisipagsabing, Panginoon, lahat ng nasa akin at ang buo kong sarili ay Iyo, ay siya lamang ang kikilalaning mga anak na lalaki at babae ng Diyos."[47] "Lahat ng nangagtatalaga ng kanilang kaluluwa, katawan, at espiritu sa Diyos ay magiging patuloy na tumatanggap ng bagong kaloob na kakayahan ng katawan at pagiisip...Ang Banal na Espiritu ay nalalagay ng kaniyang pinakamataas na lakas upang gumawa sa puso at pag-iisip. Ang biyaya ng Diyos ang nagpapalaki at pagpaparami ng kanilang mga kakayahan, at ang kasakdalan ng banal na likas ay dumarating upang tumulong sa gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa ...At sa kanilang pantaong kahinaan sila ay makagagawa ng mga gawain ng Makapangyarihan sa lahat."[48]

Lubhang marami na sa paksa ng araw-araw na "pagtatalaga" o "pangako" o di kaya'y "pagpapasakop ng iyong sarili" o "pagbabagong loob".

## Bakit kinakailangan na ang tao ay araw-araw na hihingi ng bagong bautismo ng Banal na Espiritu?

Ang kahilingan na mapuspos ng Banal na Espiritu ay isang kahilingan kay Jesus na manatili sa akin. Sapagka't Siya ay namumuhay sa akin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Nguni't bakit araw-araw?

Nagwika si E.G. White sa *The Acts of the Apostles:* "Sa isang manggagawang nagtalaga, ay mayroong kamangha-manghang gantimpala sa kaalaman na maging si Kristo sa panahon ng Kaniyang buhay dito sa lupa ay hinangad sa Kaniyang Ama araw-araw para sa sariwang panustos ng kinakailangang biyaya ... Ang Kaniyang sariling halimbawa ay kasiguraduhan na ang taimtim, at masigasig na paghingi sa Diyos ng may pananampalataya – pananampalatayang naghahatid sa ating tuluyang pagpapasakop sa Diyos, at walang reserbang pagtatalaga sa Kaniyang gawain – ay makakatulong na dalhin sa sangkataohan ang tulong ng Banal na Espiritu sa pakikipagbaka laban sa kasalanan."[49]

Kung ito ay araw-araw na pangangailangan para kay Jesus, kung gayon mas lalong mahalaga ito para sa atin.

---

**47** Dr. S. Joseph Kidder, *Anleitung zum geistlichen Leben* (Andrews University), PPP slide 14

**48** E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 827.3

**49** E.G. White, *Acts of the Apostles,* (1911), p. 56.1

Sa 2 Corinto 4:16 ay may mahalagang mensahe:
*"...nguni't ang aming pagkataong loob ay* ***nababago sa araw-araw."***

Ang ating pagkataong loob ay nangangailangan ng araw-araw na pag-aaruga. Sa paanong paraan na ang araw-araw na pagbabago ay nagaganap? Sang-ayon sa Efeso 3:16-17, 19 ito ay nagaganap sa pamamagitan ng Espiritu Santo: *"Upang sa inyo'y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob, na si Cristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo'y mag -ugat at magtumibay sa pagibig, ...upang kayo'y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos."*

Bilang isang kinahinatnan:

- Bilang tuntunin, nangangailangan na manalangin araw-araw para sa panibagong pagtanggap ng Banal na Espiritu.
- Ang resulta si Jesus ay mananahan sa atin.
- Bibigyan Niya tayo ng kapangyarihan sang-ayon sa kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian para sa panloob na nilalang. Ang kapangyarihan ng Diyos ay higit sa pangkaraniwan.
- Kaya't ang pag-ibig ng Diyos ay nailagay sa ating mga puso.
- At ito ang daan tungo sa buhay "na puno ng ka-Diyosan". (Tignan ang Juan 10:10; Colosas 2:10)

Isa pang mahalagang talata ay masusumpungan sa Efeso 5:18 *"...kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu."* Inyong pansinin na ito ay mas higit pa sa payo. Ito ay utos na sakdal. Ang ating Diyos ay inaasahan tayo na naisin nating mamuhay kasama ang Espiritu Santo. Ang mga dalubhasa sa Griyego ay nagsabi na ang talatang ito ay nagpapahayag nang lalong tiyak – at aking uulitin ang sinabi ni Johannes Mager: "Pahintulutan ninyo na ang inyong mga sarili ay palagian at patuloy na mapuspos ng panibago ng Espiritu."[50]

Ang ating gabay sa pag-aaral ay nagsasabi: "Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nangangahulugan ng ganap na pagpapasailalim sa impluwensya ng Espiritu Santo – na tuwirang 'mapuspos' Niya. Ito ay hindi lamang minsanang

50 Editor Werner E. Lange, *Unser größtes Bedürfnis* (Lüneburg, 2011), S. 42

karanasan, nguni't isang bagay na kinakailangang patuloy na maulit, kagaya ng paglalarawan ni Pablo sa Efeso 5:18 sa salitang Griyego na 'mapuspos'."[51]

Si apostol Pablo ay isinulat ito sa kapitulo 5, kahit na isinulat nya ang mga sumusunod sa kapitulo 1:13: "...na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiriu Santo, na ipinangako." Ang mga taga Efeso ay may ebidensya na tinanggap nila ang Espiritu Santo. Gayunpaman, kinakailangan na sila ay: "mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu" at upang "mapuspos ng Espiritu" at "pahintulutan ninyo na ang inyong mga sarili ay palagian at patuloy na mapuspos ng Espiritu ng panibago". Sa kapitulo 4:30 Siya ay nagbabala sa atin na huwag pighatiin o insultuhin ang Espiritu Santo.

Sinabi ni Ellen White:

> "Para sa araw-araw na bautismo ng Espiritu ang bawat manggagawa ay kinakailangan mag-alay ng kahilingan sa Diyos."[52]
>
> "Upang magkaroon tayo ng katuwiran ni Kristo, ating kailangan araw-araw na mabago sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu, upang maging kabahagi ng likas na kabanalan. Ito ay ang gawain ng Banal na Espiritu na itaas ang panlasa, na pabanalin ang puso, na padakilain ang buong pagkatao."[53]

Nagwika ang Panginoon sa ibang dako sa pamamagitan niya: "Para sa mga taong natatakan ng Banal na kasulatan bilang salita ng Diyos, at naghahangad na sundin ang mga aral nito, ay upang maging araw-araw na nag-aaral, araw-araw na tumatanggap ng espirituwal na kaalaban at lakas, na ito naman ay ipinagkakaloob para sa bawat tunay na mananampalataya sa kaloob ng Banal Espiritu."[54]

Sa karagdagan, kaniyang sinabi: "Tayo ay dapat sumunod kay Kristo sa bawat araw. Ang Diyos ay hindi nagkakaloob ng tulong para sa kinabukasan."[55]

---

**51** Sabbath School Study Guide July 17, 2014

**52** E.G. White, *The Acts of the Apostles* (1911), p. 50.2

**53** E.G. White, *Selected Messages 1,* (1958), p. 374.1

**54** E.G. White, *The Signs of the Times* March 8, 1910, par. 1

**55** E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 313.4

At sa ibang dako: "Ang ugnayan sa banal na ahensya sa bawat sandali ay mahalaga para sa ating paglago. Maaaring tayong ay mayroong sukat ng Espiritu ng Diyos, ngunit sa pamamagitan ng pananalangin at pananampalataya, tayo ay **patuloy na higit pang maghanap ng Espiritu."** [56]

Akin din nasumpungan ang kataka-takang talata na ito: "Kailangan mo ng araw-araw na bautismo ng pagmamahal na sa panahon ng mga alagad ay siyang nagbuklod sa kanila."[57]

Sa Roma 5:5 ay ipinapakita na ang pagmamahal ng Diyos ay ibinuhos sa ating puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ating matatagpuan ang tulad nito sa Efeso 3:17. Ang araw-araw na bautismo ng Espiritu Santo (ang pagiging puspos ng Espiritu Santo) ay kasabay ding nagdudulot ng araw-araw na bautismo na may pag-ibig (pagiging puspos ng pag-ibig ng Diyos). At sa karagdagan, nasabi din sa Galatia 5:16 na bilang resulta, ang kapangyarihan ng kasalanan ay nawasak.

## ANG KAHALAGAHAN NG PERSONAL NA PAGSAMBA

Anong kahalagahan mayroon sa personal na pagsamba, kung ito ay napakahalaga na ako ay araw-araw na magpapasakop kay Jesus at hilingin na mapuspos ng Espiritu Santo?

Ang araw-araw na pagsamba at ang pangingilin ng Sabbath ang mga saligan para sa espirituwal na buhay.

Atin nang nabasa ang mga talata sa Banal na Kasulatan at iba't ibang mga sipi. Ipinapakita sa atin na ang ating katauhan ay nababago sa bawat araw. Ito ay naghahagis ng malinaw na liwanag sa malaking kahalagahan ng ating araw-araw na pagsamba.

Ang buong saligan sa serbisyo ng pagsamba sa tabernakulo ay ang pag-aalay ng mga handog na susunugin tuwing umaga at gabi. At sa araw ng Sabbath ay may karagdagang handog na susunugin (Bilang 28:4, 10). Anong kahalagahan meron ang handog na sinusunog?

"Ang sinunog na handog ay kumakatawan sa ganap na pagpapasakop ng taong makasalanan sa Panginoon. Dito ay walang itinatago ang tao para sa kanyang sarili, sa halip ang lahat ng bagay ay pagmamay-ari ng Diyos."[58]

---

**56** E.G. White, *The Review and Herald,* March 2, 1897, par. 5

**57** E.G. White, *Testimonies to the Church* (1904), vol. 8, p. 191

**58** Fritz Rienecker, *Lexikon zur Bibel* (Wuppertal, 1964), p. 1017

Ang mga oras na nakalaan para sa umaga at gabing paghahandog ay itinuturing na sakdal, at sila'y naging angkop upang ipangilin bilang isang nakatakdang panahon ng pagsamba sa buong bayan ng Judio ... Sa kaugaliang ito, ang mga Kristiyano ay may halimbawa para sa umaga at gabing panalangin. Habang hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang mga paikot-ikot lamang na seremonya na walang espiritu ng pagsamba, Siya ay nakatingin ng may malaking katuwaan ang mga nagsisi-ibig sa Kaniya, yumuyuko umaga at gabi upang hanapin ang kapatawaran sa mga kasalanan na nagawa at iharap ang kanilang mga kahilingan para sa kinakailangang mga pagpapala."[59]

Iyo bang napuna na ang araw-araw na pagsamba ay kaugnay ng Sabbath bilang pamantayan ng ating espirituwal na pamumuhay? Bilang karagdagan, ito ba ay nagbigay ng karagdagang linaw na may kinalaman ito sa araw-araw na pagpapasakop kay Hesu Kristo, na siyang inanyayahan sa pamamagitan ng Espiritu Santo upang manirahan sa atin?

Nagawa mo ba ang pinakamahalagang espirituwal na prinsipyo sa iyong sarili: Na ibigay sa Diyos ang karapatang mauna ng higit sa lahat ng bagay sa araw-araw? Sinabi ni Jesus sa Sermon sa Bundok:

*"Ngunit saliksikin mo ang kaharian ng Diyos at ang Kaniyang katuwiran, at ang lahat ng mga ito ay idaragdag ko sa iyo."* Mateo 6:33

Ang kaharian ng Diyos ay kapag si Kristo ay nasa iyong puso ngayon. Kaya't ito ang dahilan kung bakit kinakailangan natin ang araw-araw na pagpapasakop at upang araw-araw na hingiin ang Banal na Espiritu sa panahon ng ating pagsamba. Ang tiyak na panahon ay kapag tayo ay tumayo sa harapan ng Diyos: Tayo ba ay mayroong nakapagliligtas na ugnayan sa ating Diyos at tayo ba ay nanatili sa Kaniya? (Tignan ang Juan 15:1-17) Hindi ba kayo naghahangad ng mas higit – ng mas higit na katuparan sa inyong pananampalataya?

Sinoman ang gumugol ng maliit o walang payapang panahon kasama ang Diyos o mayroon lamang na hindi sapat na panahon sa pagsamba ay maaari lamang mapalakas sa pamamagitan ng kanilang pagsamba isa o dalawang beses sa sanglinggo. Ito ay kagaya sa isang tao na kumakain lamang ng minsan sa sanglinggo. Bilang paghahambing: Hindi ba ito'y kakatuwa na ibig na palusuin ang iyong sarili isang beses sa loob ng sanglinggo? Hindi kaya nangangahulugan ito na ang isang Kristiyano na walang pagsamba ay mahalay?

---

59 E.G. White, *Patriarchs and Prophets* (1890) p. 353.3

Ito ay nangangahulugan din na kung mananatili siya sa ganitong kalagayan, sa gayon ay hindi sya ligtas. Kung tayo ay Kristiyanong makalaman, ang ating pagsamba ay maaari na maging pananagutan. Kung tayo naman ay espirituwal, samakatwid ang pagsamba ay magiging lalo at higit pang pangangailangan.

Mga taon ang lumipas, aking nabasa ang isang munting aklat ni Jim Vaus: *Ako ay Gangster.* Siya ay isang kriminal na nagbalik-loob. Taos puso niyang kinumpisal ang kanyang mga kasalanan – halimbawa, pagsira sa pangako, pagnanakaw, at marami pang iba. Kaniyang naranasan ang pambihirang banal na pamamagitan. Ito ay natatak sa akin. Aking sinabi sa aking sarili: Maayos naman ang aking ginagawa sa halos lahat ng paraan, ngunit wala akong karanasan gaya ng ganoon. At ako ay nanalangin sa Panginoon: "Amang nasa langit, nais ko din na isuko ang lahat ng mga nalalaman ko na kasalanan at ang lahat ng kasalanan na iyo pang ipapakita. At karagdagan, ako ay maagang babangon sa umaga upang manalangin at bumasa ng Banal na kasulatan. At nais ko din makita kung ikaw ay mamamagitan sa aking buhay."

Purihin ang Diyos! Siya ay namagitan sa aking buhay. Simula noon, lalo na ang aking umagang pagsamba na may kaugnayan sa Sabbath, ang naging batayan ng aking buhay na kasama ang Diyos.

***Sa pamamagitan ng pang araw-araw na pagpapasakop at sa pamamagitan ng araw-araw na pagpuspos ng Espiritu Santo, ang ating buhay ay maaaring mabago. At ito ay nangyayari sa ating personal na pagsamba.***

## PAGSAMBA SA ESPIRITU AT KATOTOHANAN

Ating isipin kung ano ang layunin ng pagsamba. Sa huling mensahe ng Diyos sa sangkatauhan, ito ay may kinalaman sa pagsamba sa manlalalang na taliwas sa pagsamba sa hayop. (Apokalipsis 14:6-12) Ang panlabas na tanda ng pagsamba ay ang Sabbath (pagsamba sa Manlalalang). Ang saloobin ng pagsamba ay naitala sa Juan 4:23-24: *"Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga* ***tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan;*** *sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa Kaniya. Ang Diyos ay Espiiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan."*

> *Upang tayo ay magkaroon ng katuwiran ni Kristo, kinakailangan natin araw-araw na mabago sa pamamagitan ng impluwensiya ng Espiritu, upang maging kabahagi tayo ng likas na banal.*

Upang sumamba na nasa espiritu tiyak na nangangahulugan ng pagsamba na sinasadya, nguni't upang mapupuspos din ng Espiritu Santo. Upang sumamba na nasa katotohanan ay nangangahulugan ng pamumuhay na ganap na nagpapasakop kay Jesus, na siyang katotohanan sa Kanyang pagkatao. Sinabi ni Jesus: "*Ako ang katotohanan*" (Juan 14:6) At ito ay nangangahulugan ng sa pamamagitan ng paninirahan kay Jesus para mamuhay ng sang-ayon sa salita ng Diyos at pangunguna, sapagka't Kaniyang sinabi: *"Ang iyong salita ay katotohanan."* (Juan 17:17) at sinasabi sa Mga Awit 119:142: "*Ang salita mo ay katotohanan."* Kung wala tayong tunay na pagsamba sa panahon ngayon, hindi kaya tayo ay nasa panganib na madapa sa peligrosong panahon? Ito ay magiging malaking suliranin para sa lahat ng mga Kristiyano sa laman.

Sa aking pananaw, nais nating lahat na magkaroon ng pagsulong sa tulong ng Diyos at lumago sa kaalaman. Maaari kaya na ang mga sumusunod na maling paniniwala ay ang mga balakid para sa iba na nais sumulong.

## BAUTISMO AT ANG ESPIRITU SANTO

Ang ilan sa mga tao ay nag-iisip na sila ay puspos ng Espiritu Santo sapagka't sila ay nabautismuhan kaya ang lahat ay ayos at hindi na kinakailangan na sila ay gumawa pa ng iba. Si D.L.Moody ay nagbigay ng pahayag ukol dito: "Marami ang nag-iisip na sapagka't sila ay minsang napuspos ay puspos na sila magpakailanman. Oh kaibigan ko, tayo ay sisidlan na maraming butas; kinakailangan para sa atin na palaging nananatili sa ilalim ng balon upang tayo ay mapuno."[60]

---

**60** D.L. Moody, *They Found the Secret,* p. 85, 86; quoted in *"10 Days – Prayers and Devotions…"* by Dennis Smith, p. 23

Si Joseph H. Waggoner ay nagsabi:

"Sa lahat pangyayari, na ang bautismo ang nakitang bilang katunayan para sa kaloob ng Banal na Espiritu, ang nagsisising makasalanan ay nanahimik sa loob ng mahalay na seguridad. Siya ay nagtitiwala lamang sa kanyang bautismo bilang palatandaan ng biyaya ng Diyos. Bautismo at hindi ang Espiritu sa kaniyang puso ang kanyang magiging tanda o 'patotoo'..."[61]

Ang bautismo ay tunay na makabuluhang pagpapasya; ito ay nakatugma sa kalooban ng Diyos.Ito ay mayroon at mananatili ang kaniyang dakilang kahalagahan. Nguni't hindi natin kinakailangang lumingon sa mga kaganapan sa nakalipas bilang katunayan na tayo ay puspos ng Espiritu Santo. Sahalip kailangan nating malaman ngayon at maranasan ngayon na tayo ay puspos ng Espiritu Santo.

May mga taong tumanggap ng Espiritu Santo bago sila nabautismuhan – halimbawa si Cornelio at ang kanyang sambahayan o si Saulo. Ang iba ay tumanggap ng Espiritu Santo pagkatapos na sila ay mabautismuhan – ang halimbawa ay ang mga Samaritano o ang 12 mga lalaki ng Efeso. Ngunit ito ay nagkakapareho lamang kung ang isang tao ay tumanggap ng Espiritu Santo bago, sa o pagkatapos ng bautismo: ang mahalaga ay tinanggap natin ang Espiritu Santo sa ilang panahon at Siya ay nasa ating mga puso ngayon. Hindi mahalaga kung ano ang nangyari sa nakalipas, sa halip ay kung paano ang mga bagay ngayon.

Nais kong paalalahanan ka muli: Tinanggap natin ang ating pisikal na buhay sa kapanganakan. Ang ating buhay ay napananatili ng pagkain araw-araw, pag-inom, ehersisyo, pagtulog, atbp. kung hindi ay hindi tayo mabubuhay ng mahaba. Ang tulad ring batas ang ginamit sa ating espirituwal na buhay tulad sa ating pisikal na pamumuhay. Tinanggap natin ang bagong buhay sa pamamagitan ng Espiritu santo, lalo kung ating ganap na ipasasakop ang ating mga sarili kay Kristo. An gating espirituwal na pamumuhay ay nananatili sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, panalangin, salita ng Diyos, atbp. Sinabi ni E.G. White: " Ang likas na buhay ay napanatili sa bawat sandali ng banal na kapangyarihan; ayon pa man hindi ito nagpapatuloy sa pamamagitan ng tuwirang himala, ngunit sa pamamagitan lamang ng paggamit ng mga pagpapala na nakalagay sa abot ng ating makakaya. Kaya nga ang espirituwal na buhay ay naipagpapatuloy sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan na inilaan sa awa't tulong ng Maykapal."[62]

---

61 Joseph H. Waggoner, *The Spirit of God* (Battle Creek, Michigan 1877), p. 35 quoted in Garrie F. Williams, *Erfüllt vom Heiligen Geist* (Lüneburg,2007), S. 58

62 E.G. White, *The Acts of the Apostles* (1911), p. 284.2

Alinma'y hindi ang pisikal o ang espirituwal na buhay ay nananatili ng kusa sa atin. Ito ay kinakailangang gumamit ng mga pamamaraan na ipinagkaloob ng Diyos sa atin.

Ibig sabihin nito: Nang tayo ay ipanganak na muli, ang Espiritu Santo ay ipinagkaloob sa atin upang manatili. Ngunit upang Siya ay manatili, ito ay nakadepende sa pang-araw-araw na paggamit ng kaparaanan, na kung saan ay inilaan ng Diyos sa atin. Ano ang kahihinatnan kung hindi natin gagamitin ang "kaparaanan"?

Ang Espiritu Santo ang pinakamahalaga sa lahat ng mga "kaparaanang" ito. Sa karagdagan, ang panalangin ay napakahalaga, maging ugnay sa Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang salita, makibahagi sa mga pagsambang paglilingkod at iba pang mga bagay.

Sa aking palagay, maaari nating sang-ayunan na bilang patakaran, ito ay kinakailangan rin na araw-araw na alagaan ang panloob na katauhan. Kung hindi natin gagawin ito, kung gayon tayo makakaranas ng kahina-hinayang na kahihinatnan. Tayo ay hindi maaari na alinma'y hindi maunang kumain ni maaari nating iimbak ang Espiritu Santo. "Ang Diyos ay hindi nagkakaloob ng tulong para sa kinabukasan."[63] Sa aking palagay, ito ay maliwanag na katuwiran na ang araw-araw na pagpapasakop kay Jesus ay kinakailangan at tayo ay dapat na araw-araw na anyayahan ang Espiritu Santo sa ating buhay.

Alinman sa mga bagay na ito ay nagsisilbi ng parehong layunin – sila ay dalawang panig ng iisang barya; mayroong malapit na ugnayan kay Kristo. Aking binigay ang aking sarili sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapasakop at sa pamamaitan ng paghingi ng Espiritu Santo aking inaanyayahan Siya sa aking puso. Kabilang sa mga talata ng Biblia ay ang 1 Juan 3:24 (tingnan din ang Juan 14:17,23) ipinakikita sa atin na si Jesus ay nananahan sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo: *"At dito'y nakikilala natin na siya'y nananahan sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu na kaniyang ibinigay sa atin."*

## ANG MGA EPEKTO NG BANAL NA ESPIRITU

Kapag ang Espiritu Santo ay nasa akin, kung gayon ay Kaniyang ginaganap sa akin kung ano ang nakamit ni Kristo. Sa Roma 8:2 sinabi: *"Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Kristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan."* Maaari nating ipaliwanag ang *"kautusan ng*

---

63 E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898), p. 313.4

*Espiritu"* bilang pamamaraan na kung saan ang Espiritu Santo ay umaawa sa puso na ganap na nagpasakop sa Diyos. Tanging ang Espiritu Santo lamang ang makapagbibigay buhay sa akin kung ano ang nakamit ni Kristo. Ipinaliwanag ng malinaw ni E.G. White: "Ang Espiritu ay ipagkakaloob bilang isang kapangyarihang bumubuhay, at kung wala ito ang sakripisyo ni Kristo ay mawawalang kabuluhan... Ang Espiritu ang nagbibigay ng bisa sa mga ginawa ng Manunubos ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng Espiritu na ang puso ay magiging dalisay. Sa pamamagitan ng Espiritu ang mananampalataya ay nagiging kabahagi ng likas ng Diyos ... Ang kapangyarihan ng Diyos ay naghihintay na kanilang paghingi at pagtanggap."[64]

Si Thomas A. Davis ay naglarawan ng pamamaraan sang-ayon sa mga sumusunod: "Ito ay nangangahulugan na kahit ang bisa ng gawain ni Kristo para sa mga tao ay nakasalalay sa Espiritu Santo. Kung wala Siya, lahat ng bagay na ginawa ni Jesus dito sa lupa – sa Gethsemane, sa krus, ang pagkabuhay at ang kaniyang pagka-saserdote na paglilingkod sa langit – ay hindi magiging matagumpay. Ang kinalabasan ng gawain ni Kristo ay hindi magiging mas kapaki-pakinabang kung ihambing sa mga malalaking relihiyon o wastong pinuno. Ngunit kahit na si Kristo ay mas higit kaysa sa mga ito, hindi Niya kayang iligtas ang sangkatauhan ng mag-isa sa pamamagitan ng Kaniyang mgaturo at halimbawa. Upang mabago ang mga tao, kinakailangan na makipagtrabaho sa kanila. Ang gawaing ito ay natapos sa pamamagitan ng Espritu Santo, na ipinadala upang gawin ito sa puso ng mga tao, kung saan ginawa ni Jesus na posible."[65]

Hindi kaya itong nag-iisang dahilan ay sapat na upang makita natin kung tayo ay napupuspos ng Espiritu Santo?

Kapag ang Espiritu ng Diyos ang naghari sa puso ng tao, ay binabago nito ang pamumuhay. Ang masasamang isipan ay iniwawaksi, ang mga likong gawain ay tinatalikdan; pag-ibig, kapakumbabaan, at kapayapaan ang humahalili sa galit, pagkainggit, at pakikipagalitan. Katuwaan ang humahalili sa kalungkutan, at sa mukha'y nababadha ang liwanag ng langit."[66]

Maraming mga mahahalagang resulta sa buhay na nakaugnay sa Espiritu Santo, at mayroon din na mga malaking kakulangan at pagkalugi kung wala Siya. Ang pagkakaiba sa pagitan ng buhay na mayroon at walang Espirotu Santo ay pagaaralan ng mas detalyado sa Kabanata 4.

---

**64** E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898)p. 671.2 at 672.1

**65** Thomas A. Davis, *Als Christ siegreich leben,* (HW-Verlag), S. 43/ *How to be a victorious Christian,* R&H.

**66** E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898), p. 173.1

## AKO BA AY PUSPOS NG BANAL NA ESPIRITU?

Pakiusap na tanungin ang iyong sarili ng mga sumusunod na katanungan patungkol sa pagiging puspos ng Espiritu Santo:[67]

- Mayroon bang kapansinpansin na epekto ang Espiritu Santo sa aking buhay? Halimbawa, ginawa ba Niyang tunay at dakila si Jesus sa iyo? (Juan 15:16)
- Akin bang sinisimulang pakinggan at unawain ang lihim na tinig ng Espiritu Santo? Maaari Niya ba akong gabayan sa malaki at maliliit na mga kapasiyahan sa aking buhay? (Roma 8:14)
- May bagong uri ba ng pag-ibig sa aking kapwa tao ang lumitaw na sa akin? Ang Espiritu Santo ba ay nagbibigay sa akin ng magiliw na malasakit at malalim na pag-aalala para sa mga tao, na kalimitan ay hindi ko kinikilalang kaibigan? (Galacia 5:22; Santiago 2:8,9)
- Ako ba ay nakararanas ng muli at muli kung paanong tumutulong ang Banal na Espiritu sa akin na makitungo sa aking kapwa tao? Ako ba ay pinagkakalooban Niya ng tamang salita upang maabot ang puso ng isang tao, na may alalahanin at mga intindihin?
- Ang Espiritu Santo ba ay nagbibigay sa akin ng lakas upang maibahagi ang tungkol kay Jesus at akayin ang ibang patungo sa Kaniya?
- Naranasan ko ba kung paanong tinulungan Niya ako sa aking buhay panalangin at tinulungan ako na masambit ang malalim na damdamin ng aking puso sa Diyos?

Kapag inisip natin ang tungkol sa mga katanungang ito, ating makikita ang napakalaking pangangailangan natin na lumago sa Espiritu Santo, upang makilala Siya ng lubusan at upang mahalin Siya ng higit pa.

Isang kapatid na lalaki ang sumulat: Ang aking ama at ako ay nagkasundo. Matapos naming pag-aralan ang *Mga Hakbang Tungo sa Pagpapanibagong Buhay* at ang *40 Days na aklat* una at ikalawa, Ako ay nagkaroon ng magandang karanasan na mapuspos ng Espiritu Santo. Sadyang nakakatuwang karanasan para sa akin kung paanong ang Espiritu Santo ay gumagawa at ibig na gumawa sa bawat bahagi ng aking buhay.

---

**67** Catherine Marshall, *Der Helfer* (Erzhausen,2002), p. 24

## PAGKAKASUNDO SA PAGITAN NG AMA AT ANAK NA LALAKI

Ang aking relasyon sa aking ama ay palaging tila magulo. Ang aking mga hiling at panalangin nuong ako ay paslit at kabataan ay magkaroon ako ng mas mabuting relasyon sa aking ama. Ngunit ito ay lalong naging mas masama. Lumipas ang anim hanggang pitong taon. Pinuno ng Diyos ang malaking kakulangan sa aking puso. Habang nag-aaral at nananalangin para sa Espiritu Santo, ang aking asawa at ako ay nagkaroon ng maraming malalaking karanasan kasama ang Diyos. Ipinanalangin namin ang aming pamilya lalo na ang aming ama. Sa panahong ito, nakatanggap ako ng bagong lakas na mahalin ang aking ama. Napatawad ko siya sa lahat na hindi naging magandang karanasan sa aming ugnayan simula ng ako ay bata pa. Ang aking ama at ako ngayon ay magkaibigan na. Siya din ay nagsimulang maging espirituwal at nagsimula ding magsabi sa iba ng tungkol sa Diyos. Ngayon, makalipas ang dalawang taon, ang ugnayan ko sa aking ama ay maigi pa rin. Pinapasalamatan ko ang Panginoon sa karanasang ito. Dati ay aking nararamdaman na wala akong lakas at kalimitan parang nag-iisa. Ngunit ng ako ay nag-umpisang manalangin araw-araw para sa Banal na Espiritu, ako ay nakararanas ng bago at kahanga-hangang uri ng buhay at ugnayan kasama ang Diyos. (Pangalan ay kakilala ng editor.)

*Panalangin: Panginoong Jesus, pinasasalamatan kita sapagkat nais mong manatili sa akin sa pamamagitang ng Espiritu Santo. Salamat sapagkat sa pamamagitan ng araw-araw na pagpapasakop ang aming tiwala at pag-ibig ay lumalago. Panginoon tulungan mo akong makilala ang Banal na Espiritu lalo na ang Kaniyang gawain. Nagnanasa ako na malaman kung ano ang nais Niyang gawin para sa akin, sa aking pamilya, at sa aking iglesia at kung paano kami magkaroon ng kasiguraduhan na maaari naming kamtin ang Espiritu Santo kapag kami ay araw-araw ng humingi. Salamat po sa mga ito. Amen*

## KARAGDAGAN PARA SA EFESO 5:18 – "KAYO'Y MANGAPUSPOS NG ESPIRITU!"

Maaari na nating makita sa wikang Ingles ang talata sa Efeso 5:18, na itong pakiusap ay ginawang pautos. Karagdagan pa, maaari nating makita na ang utos na ito nakatuon sa bawat isa. At maaari din nating makita na ito ay ating tungkulin na saliksikin ang kapunuan ng Espiritu Santo. Ngunit sa orihinal na salitang Griyego ay nagsasabi ng mas malinaw.

Si Johannes Mager ay nagpahayag ng kaniyang kuru-kuro ukol dito: "Sa mga sulat sa Lumang Tipan ay mayroon lamang isang sipi, na tuwirang nagsasalita tungkol sa pagiging puspos ng Espiritu Santo: 'Kayo'y mangapuspos ng Espiritu.' (Efeso 5:18) Sa aklat ng Mga Gawa ay ating matatagpuan na ang pagkapuspos ng Espiritu Santo ay isang kaloob, na kung saan ay ginamit upang kumilos sa makapangyarihang paraan sa tiyak na mga kalagayan. Gayunpaman, si Pablo ay naghayag na sa pagiging puspos ng Espiritu Santo bilang utos, na kung saan ay Malaya mula sa anumang kalagayan ng buhay at ito ay sumasakop sa lahat ng tagasunod ni Jesus. Itong maiksi, ngunit mahalagang utos ay binubuo ng apat na mahahalagang mga aspeto.

1. Ang pandiwa na 'puspos' *(plerein)* ay ginamit sa hindi maiwasang paraan. Si Pablo ay hindi gumawa ng mungkahi rito o magbigay ng kapirasong payong pangkaibigan. Hindi siya gumawa ng mungkahi, na maaaring tanggapin o tanggihan ng isang tao. Siya ay nag-utos bilang may kapangyarihang apostol. Ang utos ay laging nakikiusap sa kalooban ng isang tao. Kung ang isang Kristiyano ay puspos ng Espiritu Santo, ito ngayon ay nakasalalay sa malaking bahagi sa kaniyang sarili. **Ang mga Kristiyano ay nasasakop sa utos na magsikap na mapuspos ng Espiritu Santo.** Ito ang ating pananagutan bilang mga tao na mapuspos ng Espiritu Santo.
2. Ang pandiwa ay ginamit sa pangmaramihang anyo. Ang utos ay hindi tuwiran sa isang tao sa loob ng iglesia, na mayroong namumukod na tungkulin. Ang mapuspos ng Espiritu Santo ay hindi tanging karapatan para sa iilang napaunlakang mga tao. **Ang panawagan ay nalalapat para kahit kanino na kabilang sa iglesia – palagi at kahit saan. Walang hindi kasama.** Para kay Pablo, ito ay normal na ang lahat ng Kristiyano ay kinakailangang mapuspos ng Espiritu Santo.
3. Ang pandiwa ay nasa balintiyak na panahunan. Hindi nito sinabi: 'Puspusin ang inyong mga sarili ng Espiritu!', sa halip 'Kayo'y mangapuspos ng Espiritu!' Walang tao na makapupuspos ng kanilang sarili ng Espiritu Santo. Ito ay tanging gawain ng Espiritu Santo. Dito nakapaloob ang Kaniyang kapangyarihan. **Ngunit ang isang tao ay kinakailangang gawin ang mga**

**pamamaraan upang ang Espiritu Santo ay mapuspos siya. Kung wala ang kaniyang aktibong pagpayag ang Espiritu Santo ay hindi gagawa sa kaniya.**

4. Sa Griyego ang pautos ay nasa pangkasalukuyang panahunan. Itong 'di maiwasang pangkasalukuyang panahunan ay naglalarawan ng isang pangyayari na patuloy na nauulit na kasalungat sa 'di maiwasang nakalipas na panahunan, na naglalarawan ng minsanang pag-gawa. Sang-ayon dito, ang pagiging puspos ng Espiritu Santo ay hindi lamang minsang karanasan, ngunit sa halip ito ay paulit-ulit at sumusulong na pamamaraan. **Ang isang Kristiyano ay hindi tulad ng isang sisidlan na napuno ng minsan sa lahat ng panahon, ngunit sa halip ay kinakailangan na palaging 'pinupuno'.** Ang pangungusap ay maaaring maipahayag sa ganitong paraan: **Pahintulutan ninyo ang inyong mga sarili na palagian at paulit-ulit na mapuspos muli ng Espiritu!'**

**Ang pagiging puspos ng Espiritu Santo,** na ipinagkaloob sa atin sa bautismo [maliban na ito ay bautismo sa tubig at Espiritu na may ganap na pagsuko], ay maaaring mawala kung ang kabuuan na ibinigay sa atin ay hindi napanatili. Kung ito ay nawala, ito ay maaaring makuhang muli. Ang mapuspos ng Espiritu ay kinakailangang maulit upang ang Espiritu Santo ay maaaring sumaklaw ng lahat ng bahagi ng ating buhay at ang ating espirituwal na buhay ay hindi malanta at manghina. Ang mapuspos ng Espiritu ay hindi nangangahulugan na tayo ay mayroong malaking bahagi Niya, sa halip na ang Espiritu ay mas higit at lalo pang sumasaatin. Kaya't iniutos ni Pablo na ang lahat ng mananampalataya ay kinakailangang palagiang mapuspos ng Espiritu. Ito ay karaniwang kalagayan para sa isang Kristiyano. Isang bautismo, ngunit maraming 'pagpupuno.'"[68]

**Ang Panginoon mismo ang nagbigay ng utos:***
**Pahintulutan ninyo ang inyong mga sarili**
**na palagian at paulit-ulit na mapuspos muli ng Espiritu!****

---

**68** Johannes Mager ay dating pastor, mangangaral at sa mahabang panahon ay tagapag-lektura sa isang unibersidad tungkol sa sistematikong teolohiya. Kailan lang, siya ang pinuno ng departamento ng paglilingkod sa Euro-African Dibisyon sa Bern, Switzerland (ngayon ay Inter-European Division). Sa ngayon siya ay retirado na at naninirahan sa Friedensau. Ang sipi ay nagmula sa kanyang aklat: *Auf den Spuren des Geistes,* (Lüneburg, 1999) pahina 100-101 (may paalam mula sa manlilimbag)

* E.G. White, *Mount of Blessing,* MB 20.3 (egwwritings.org)

** Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes* (Lüneburg, 1999), S. 101

# ANONG MGA PAGKAKAIBA ANG MAAARI NATING ASAHAN?

*Anong kalamangan mayroon tayo sa buhay na puspos ng Banal na Espiritu? Ano ang nawawala sa atin kung tayo ay hindi nanalangin para sa Espiritu Santo?*

## PAGHAHAMBING SA PAGITAN NG MAHALAY AT KRISTIYANONG ESPIRITUWAL

Ang kahihinatnan ng Kristiyanong makalamman ay bahagya ng naitala para sa bawat katauhan. Ang ibang kahihinatnan ay ipinahayag sa kanilang sarili kagaya ng mga sumusunod:

- Ang tao ay hindi ligtas sa ganitong kalagayan. (Roma 8:6-8; Apokalipsis 3:16)
- Ang pag-ibig ng Diyos – ang pag-ibig na agape – ay wala sa tao (Roma 5:5; Galacia 5:22); sila ay lubos na umaasa sa kanilang pantaong pag-ibig, ang pita ng laman ay hindi nawasak. (Galacia 5:16)
- Ang tao ay hindi pa pinalakas na may kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu. (Efeso 3:16,17)
- Si Kristo ay hindi nabubuhay sa taong ito. (1 Juan 3:24)

- Ang tao ay hindi tumanggap ng kapangyarihan upang sumaksi para kay Kristo. (Gawa 1:8)
- Ang tao ay kumikilos sa pamamaraan ng tao (1 Corinto 3:3) na maaaring madaling magdulot na pagtatalo-talo at pagkabahala.
- Bilang tuntunin, ito ay mas mahirap para sa taong ito na tumanggap ng pagpapaalaala
- Ang kanilang buhay panalangin ay maaaring hindi sapat.
- Ang tao lamang ay may kakayanang pangtao na magpatawad at hindi magdala ng sama ng loob.

Ang Kristiyano sa laman ay kumikilos paminsan-minsan tulad ng likas na tao. Sinabi ni Pablo: *"hindi baga kayo'y mga sa laman, at kayo'y nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga tao?"* (1 Corinto 3:3). Sa ibang pagkakataon ang kanyang mga kilos ay tulad ng mga taong espirituwal, bagaman siya ay nabubuhay sa pamamagitan ng kanyang sariling kapangyarihan at kakayanan.

**Ang Kristiyanong espirituwal** ay nararanasan ang kabuuan ng Diyos:

> *"Upang sa inyo'y ipagkaloob Niya, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian,* ***na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa pagkataong loob;*** *na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo'y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig ay lumakas upang matalastas pati ng lahat ng mga banalkung ano ang luwang at ang haba at ang taas at lalim, at makilala ang pag-ibig ni Kristo na di masayod ng kaalaman, upang kayo'y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos. Ngayon sa makapangyarihang gumawa ng lubhang sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin, Ay sumakaniya nawa ang kaluwalhatian sa iglesia at kay Kristo Jesus sa buong panahon magpakailanman. Siya nawa."* Epeso 3: 16-21

## MGA EPEKTO NG KRISTIYANISMO SA LAMAN

Aking pinagsisisihan ang maraming nawala sa aking pamilya at gayundin aking mga iglesia kung saan ako ay naglingkod bilang ministro bilang dulot ng aking kakulangan ng Banal na Espiritu. Ito rin ay katotohanan sa ganitong lugar na wala tayong maaaring pangunahan pa maliban sa ating mga sarili. Kinakailangan din nating mapagtanto na ang personal na kakulangan ng Banal na Espiritu Santo sa bawat tao sa pamilya at iglesia ay nadadagdagan o di kaya'y dumarami.

## Mga Bata at Kabataan

Ang Kristiyanismo sa laman ay ang paanakan para sa liberal na Kristiyanong pamumuhay. Ang mga tao ay walang pagkaalam na sinubukan na may mabuting hangarin na gawin ang 'di nila kayang gawin tapos ay hahanap ng paraan upang makalabas sa sitwasyon. Ito ba ang dahilan kaya nawawala ang marami nating mga kabataan? Sa atin bang kamangmangan o sa iba pang mga dahilan ay naglagay ng halimbawa saating mga anak at sa mga kabataan ng pagiging mahalay na Kristiyano? Bilang resulta, sila ba ay naging mahalay na Kristiyano at dahil dito ay nagpupunyagi sa kawalan ng pag-asa? Ito ba ang dahilan kung kaya't marami ang hindi nagseseryoso o di kaya'y hindi na nagtutungo sa iglesia, o tinalikuran na ang iglesia?

Sa 'di pa mahabang panahon, isang nakatatandang kapatid na lalaki ang nagsabi sa kanyang iglesia: "May dahilan ang mga suliranin na mayroon tayo ngayon sa ating sariling buhay, at sa buhay ng ating mga kabataan: ang mga nakatatandang salinlahi ay nabigong unawain ang gawain ng Espiritu Santo at upang mapuspos Niya."[69]

Nais kong ipaalaalang muli ang kinahantungan ng pagiging malahininga (walang ganap na pagpapasakop kay Kristo): "Ang mahihinang loob na mga Kristiyano ay mas masama pa sa mga taong hindi naniniwala sa relihiyon; dahil ang kanilang mapanlinlang na mga salita at hindi siguradong katayuan ay umakay na maligaw ang marami. Ang mga taong walang relihiyon ay ipinapakita ang kanilang tunay na kulay. Ang mga Kristiyanong malahininga ay nanlilinlang sa bawat grupo. Siya ay hindi maaaring maging mabait na makamundo gayundin hindi siya mabuting Kristiyano. Ginagamit siya ng Diyablo upang gawin ang isang gawain na wala ng iba pang maaaring gumawa."[70]

Gayunpaman, kung tayo ay mamumuhay ng espirituwal, maipapakita natin sa ating mga anak ang daan sa tulong ng Diyos. Si Ellen White ay mayroong sinabi na talagang kagulat-gulat:

"Turuan ninyo ang inyong mga anak na ito ay kanilang tanging karapatan na tanggapin araw-araw ang bautismo ng Banal na Espiritu. Pahintulutan si Kristo na hanapin kayo bilang Kaniyang matulunging kamay upang magdala ng Kaniyang mga layunin. Sa pananalangin ikaw ay maaaring magtamo ng karanasan na magbibigay sa iyong ministeryo para sa iyong mga anak ng ganap na pagtatagumpay."[71]

---

69 Garrie F. Williams, *Erfülltsein vom Heiligen Geist – Wie erfahren wird das?* (Lüneberg 2007), S. 8

70 EGW Letter 44, 1903, quoted in Adventist Bible Commentary, Vol. 7, p. 963 on Rev. 3:15,16

71 E.G. White, Child Guidance (1954), p. 69

Tinuruan natin ang ating mga anak na manalangin. Ngunit atin ba silang tinuruan na manalangin araw-araw para sa Espiritu Santo? O hindi natin nalalaman Iyon para sa ating mga sarili? Sa panahong iyon, ako at ang aking asawa ay hindi nalalaman iyon. Pinapasalamatan ko ang Panginoon na Kaniyang hindi pinansin ang mga panahong ito na kung saan kami ay salat sa kaalaman. Ngunit bilang resulta, gaano kalaki ang naging kawalan?

Kahanga-hangang mga anak mayroon ang mga espirituwal na mga magulang kapag kanilang araw-araw na nilang itinatalaga ang kanilang mga sarili kay Jesus at nanalangin para sa Espiritu Santo.

## Kapaligiran – Banal na pag-ibig o pagiging mabait lamang sa isa't-isa?

Anong pagkakaiba ang mayroon sa kapaligiran ng mga mag-asawa at ng mga pamilya, iglesia at pagsasama-sama ng laman o espirituwal na mga Kristiyano, kung ang kapangyarihan ng Diyos ay nawawala para sa isang disiplinadong buhay, kung ang pag-ibig ng Diyos ay nawawala at ang kapangyarihan ng kasalanan ay hindi nawasak o kung ang mga bagay na ito ay naroroon sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos?

Ang mga maingat na Kristiyano sa laman ay mahilig mamintas. Ito ay hindi mabuti. Bagaman ating pag-uusapan ang tungkol sa mabubuting direktiba ng Diyos, kinakailangan din nating mapagtanto nang sabay-sabay na ang mahahalagang pagbabago ay maaari lamang mangyari kung ang pagbabago ay magmumula sa kalooban.

Ang mga liberal ay mahilig na hindi tanggapin ang mga bagay ng taimtim at iangkop ang makamundong pamamaraan. Hindi rin ito maaaring pagpalain ng Diyos.

Natuklasan ni Joseph Kidder ang mga sumusunod na pangkalahatang kalagayan ng iglesia sa ngayon: "Pananamlay, pagpapaimbabaw, makasanlibutan, kulang sa kabutihang loob, ang mga ministro ay natutupok na, ang mga kabataan ay lumilikas ng iglesia, mahina ang disiplina sa sarili, ang mga plano ay tunay na walang karanasan o kalalabasan, ang talamak na kakulangan ng malakas at tunay na nakatalagang mga tao."[72]

---

72 Dr. S. Joseph Kidder, *Anleitung zum geistlichen Leben* (Andrews University), PPP Folie 3+4

Ang dahilan ng ating mga suliranin ay ang kakulangan ng ating ugnayan kay Jesus (Juan 15:1-5) at ang labis na pagtitiwala sa pagsisikap ng mga tao (Zacarias 4:6). Nakita din ni Kiddler na ang kalutasan ay nasa buhay na puspos ng Espiritu Santo (Gawa 1:8).

Si Jesus ay nagbigay ng bagong utos:

> *"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa't isa. Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa." (Juan 13:34,35)*

Ang magmahal kagaya ni Jesus ay nangangahulugang: ang magmahal ng may banal na pagibig (agape). Maaari lamang nating magawa ito kapag tayo ay puspos ng Espiritu Santo.

> "Ang sukdulang pagmamahal sa Diyos at hindi makasariling pag-ibig para sa bawat isa – ito ang pinakamabuting kaloob na maaaring ipagkaloob ng ating Ama na nasa langit. Ang pag-ibig na ito ay hindi simbuyo, ngunit ito ay banal na alituntunin, ito ay nananatiling kapangyarihan. Ang mga pusong hindi itinalaga [lahat, sino man na hindi puspos ng Espiritu Santo, ay may isa] ay hindi maaaring lumikha o gumawa nito. Tanging sa puso lamang kung saan si Jesus ang naghahari ito ay maaaring matagpuan."[73]

Sa aking palagay ay may pagkakaiba kung tayo "lamang" ay mabuti sa isa't isa o kung tayo lalagpas dito at magmamahal na kagaya ng pagmamahal ng Diyos. Si E.G. White ay nagbigay ng makahulugan tanda:

> "Sa pamamagitan ng pagsusuot ng gayak ng maamo at tahimik na espiritu, siyam napu't siyam sa isandaang mga kaguluhan na lubhang nagpapapait ng buhay ay maaaring maligtas."[74]

Ang salita ng Diyos ay nagpapahiwatig sa 1 Tesalonica 4:3-8 ng tungkol sa buhay may-asawa. Kabilang sa ibang mga bagay, ang mga talatang ito ay nagsasalita tungkol sa pamumuhay ng pagpapakabanal at pagiging kapita-pitagan sa loob ng pag-aasawa. Ito ay taliwas sa madamdaming kalibugan

---

**73** E.G. White, *Acts of yhe Apostles* (1911) p. 551.2

**74** E.G. White, *Testimonies for the Church,* Vol 4, p. 348.3

ng mga Gentil. Yamang ito'y nagbanggit ng buhay na pagpapakabanal ng tatlong ulit at ang pagkakaroon rin ng Espiritu Santo, ating napagtanto na ang buhay na kasama ang Espiritu Santo ay may kakayanan at kinakailangang baguhin din ang ating relasyon sa buhay may-asawa. Sinadya ng Diyos para sa atin na magkaroon ng lubos na kaligayahan at katuparan sa ating buhay na may-asawa. Hindi ba ipinapakita nito sa atin na nais ng Diyos na tulungan tayo na makitungo na may mapamahal na lambing sa halip na kalibugan?

Si Jesus ay nanalangin para sa pagkakaisa ng Kaniyang mga alagad: *"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na Ako'y sinugo Mo."* (Juan 17:21)

Si William Johnson ay nagwika: "Maraming Adventista ay kinakailangan pa din na maunawaan kung ano ang kahulugan na maging isa kay Kristo. Sa mga nakalipas marahil ay hindi natin isinama ng lubusan ang kahalagahan nito o di kaya'y sumabay sa takbo ng kabayo patungo sa ibang direksyon."[75]

Si Kristo ay nasa atin kung tayo ay puspos ng Espiritu Santo. Ang Espirituwal na Kristiyanismo ay nag-ambag upang ang ating mga dalangin ay magkaroon ng katugunan mula sa Panginoon. Sinabi ni E.G. White: "Pagka ang bayan ng Diyos ay nagkakaisa sa Espiritu, ang lahat ng pagka-Pariseo, lahat ng sariling katuwiran, na kung saan ay naging kasalanan ng bansang Judeo, ay maaalis sa lahat ng mga puso ... Ipaaalam ng Diyos ang hiwaga kung saan ay nakatago ng matagal na panahon. Kaniyang ipaaalam kung ano ang mga'*kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Kristo na nasa inyo, na pag-asa niyo sa kaluwalhatian'* (Colosas 1:27)."[76]

## Pagpapayong Kaparusahan

Mayroon kayang magiging epekto ang pagpaparusa sa pamamagitan ng mga payo kung ito ay hindi ginawa o bahagyang nagawa ng may pag-ibig ng Diyos? Anong pagpapasya ang gagawin ng iglesia, kung saan ay binubuo higit sa lahat ng mahalay na mga Kristiyano o na kahit na may mahalay na pastor o di kaya'y pangulo? Nang ako'y magbalik tanaw sa aking gawain bilang pastor, saka ako ay nagkaroon ng pagkakilala na ang mga espirituwal na miyembro ng iglesia ay magkaroon ng hilig na pabalikin ang mga bumagsak na miyembro tungo sa katwiran. At kapag ang tao ay magsisi at magpahayag ng kasalanan, kung gayun

---

**75** William G. Johnsson, *Adventgemeinde in der Zerreißprobe,* (Lüneburg 1996), p. 118

**76** E.G. White, *Selected Messages, Book 1* (1958), p. 386.1

> *Pagka ang bayan ng Diyos ay nagkakaisa sa Espiritu, ang lahat ng pagka-Pariseo, lahat ng sariling katuwiran, na kung saan ay naging kasalanan ng bansang Judeo, ay maaalis sa lahat ng mga puso.*

ay natupad ang layunin ng pagpapayo. Minsan ang Kristiyano sa laman ay mahilig gamitin ang pagpapayo bilang parusa at kahit na gamitin ito sa maling paraan upang gamitin ang kapangyarihan. (Mateo 18:15-17; 1 Corinto 3:1-4; 2 Corinto 10:3, Santiago t.19).

## MGA SALITANG HINULA NG DIYOS SA HULING PANAHON

Ang Diyos ay may kaugalian na ihayag ang mahalagang pagsulong sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta (Amos 3:7). Kaya Kaniyang ibinigay ang mahahalagang mensahe ng hula para sa huling panahon sa pamamagitan ni Ellen White. Sa kadahilanan na maraming mga bagay ang tunay na magiging ganap na kakaiba sa nakalipas na panahon, ito ay mahalaga at kinakailangan na magkaroon ng karagdagang kaalaman mula sa Diyos. Ngayon ating tatawagin ito na "nasa panahon". Sang-ayon kay Ellen White, ang mga mensaheng ito ay may kaugnayan hanggang sa si Jesus ay muling bumalik. Yamang ang kaniyang mga payo ay sumasaklaw sa pagbabago ng pamumuhay, pagsumbat, babala, atbp. Ang isang taong espirituwal ay mas madaling tanggapin ito kaysa sa taong laman. (Ngunit dahil lamang na ang isang tao ay tumanggap ng mga payong ito ng taimtim, ito ay hindi automatikong nangangahulugan na sila ay espirituwal.) Maaaring maging pantas na ating iisipin ang tungkol mga salita sa Deuteronomyo 18:19: *"At mangyayari, na sinomang hindi makikinig sa aking mga salita na kaniyang sasalitain sa aking pangalan, ay aking sisiyasatin yaon sa kanya."*

Ito ay malinaw na nagpapakita sa atin na ang mensahe na mula sa tunay na propeta ay walang kinalaman sa taong yaon, subali't sa halip sa Diyos mismo. Paano natin malalaman kung ang isang tao ay tunay na propeta? Ang salita ng Diyos ay nagbigay sa atin ng limang puntos ng pasubok.

Ang tunay na propeta ay kinakailangan na tumalima sa lahat ng limang puntos.

1. Paraan ng kanilang pamumuhay –*"Samakatwid sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila."* Mateo 7:15-20
2. Katuparan ng mga hula: Deut. 18:21-22 (na may eksemsyon sa mga hula na may kondisyon – halimbawa ay kay Jonah)
3. Panawagan para sa katapatan sa Diyos (Salita ng Diyos). Deut. 13:1-5
4. Kinikilalang si Jesus ay tunay na tao at tunay na Diyos. 1 Juan 4:1-3
5. Sumasang-ayon sa turo ng Banal na Kasulatan. Juan 17:17

Lahat ng mga utos ng Diyos, kabilang ang Kaniyang mga payo sa pamamagitan ng mga propeta, ay para sa ating ikabubuti. Kung kaya't sila ay walang katumbas na mahalaga. Kaya't ang espirituwal na tao ay maaaring sumunod sa kapangyarihan ng Diyos at may kaligayahan at nalalaman na ito ay nagdaragdag sa tagumpay ng buhay. *"Sumampalataya kayo sa Panginoong ninyong Diyos, sa gayo'y matatatag kayo;* ***sumampalataya kayo sa kaniyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo."*** (2 Cronica 20:20b)

Ang ating gabay sa liksyon sa paaralang Sabado ay nagwiwika ng mga sumusunod patungkol sa ugnayan ng buhay na kasama ang Espiritu Santo at ang mga salita ng tunay na propeta: "Kung sinuman ang magsasantabi ng mga salita ng hula , ay nagsasara ng kanilang mga sarili para sa mga tagubilin ng Banal na Espiritu. Ang resulta sa panahon ngayon ay walang pinagkaiba sa panahon dati – pagkawala ng ugnayan sa Diyos at pagiging bukas sa impluwensyang negatibo."[77]

## PAGPAPLANO/ESTRATEHIYA

Isang mahalagang gawain ay humanap ng mabuting mga solusyon at pamamaraan para sa mga tungkulin sa loob ng iglesia at sa gawaing misyonero. Ito ay katanungan ng ating mga plano at mga estratehiya. Ito higit sa lahat ay may kinalaman sa pagpapatibay ng iglesia sa espirituwal at pag-aakay ng maraming kaluluwa.

Ako ay nabinyagan sa loob ng 65 taon at naging isang ministro sa loob ng 43 taon. Kami ay nakabuo ng saganang mga programa at mga pamamaraan. Kami

77 Studienanleitung Standardausgabe, Philip G. Samaan, 10.11.1989, to question 8

ay naging napakasipag. Sa kaugnay na kahulugan, kinakailangang isipin ko muli ang mga salita ni Dwight Nelson sa pagpupulong ng General Conference noong 2005.

> "Ang ating iglesia ay nasa punto ng nakakapagod na pagbuo ng kahangahangang paraan, mga plano, at mga programa, ngunit kung hindi natin tatanggapin sa wakas ang ating espirituwal na paglubog (kakulangan ng Banal na Espiritu), na kung saan ay umabot sa marami sa ating mga ministro at mga pinuno, sa gayon ay hindi tayo makakalabas sa ating pag-aanyong Kristiano."[78]

Sa magkatulad na diwa si Dennis Smith ay nagsabi ng mga sumusunod:

> "Hindi ako laban sa mga plano, programa at mga pamamaraan. Ngunit ako ay may pangamba na malimit tayo ay umasa sa mga bagay na ito upang sumulong ang gawain ng Diyos. Mga plano, programa at mga pamamaraan ay hindi makapagpapatapos ng gawain ng Diyos. Magaling na mga tagapagsalita, kahanga-hangang konsiyerto ng mga Kristiyano, satelayt na pagpapalabas ay hindi tatapos ng gawain ng Diyos. Ang Espiritu ng Diyos ang tatapos ng gawain – Ang Espiritu ng Diyos na nagsasalita at naglilingkod sa pamamagitan ng mga lalaki at babae na puspos ng Espiritu."[79]

## BAUTISMO / PAG-AKAY NG MGA KALULUWA

Ang Banal na Kasulatan ay nagpapakita sa atin na ang Espiritu Santo ay napakahalagang pangunahing pangangailangan upang makaakay ng kaluluwa para kay Kristo (silipin ang aklat ng Mga Gawa).Sa Germany kami ay mayroon sa kabilang panig, mga iglesia na kung saan ay lumalago, at sa kabilang banda, mga iglesia na kung saan ay walang pag-unlad o paurong. Sa buong sanlibutan, ang bilang ng mga miyembro sa ating iglesia ay lumalago ng 20 beses sa loob ng nakalipas na 60 mga taon. Tunay na ating maitatala ang maraming dahilan para sa kalagayang ito sa Germany. Ngunit isang bagay ang malinaw sa akin. Ang pangunahing dahilan ay ang kakulangan ng Banal na Espiritu. Mangyari pa na ang suliraning ito ay marubdob na umabala sa amin. Kami ay nakabuo o nakahango ng maraming mga plano at mga programa. Nakita namin na ang

---

78 Helmut Haubeil (Hrsg), *Missionbrief Nr. 34,* (Bad Aibling,2011) page 3

79 Dennis Smith, *40 Days – Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming* (Wien, 2012), p. 88

kakulangan ng Espiritu Santo sa malawakang pagsisikap ay humantong sa pagkawala ng mga pondo at panahon simula pa ng aming ipinagpatuloy ang hindi kinakailangan o hindi matagumpay na pamamaraan. Dalawang talata mula kay E.G. White ang naglalarawan ng sitwasyon na ito:

> "Ang Panginoon ay hindi ngayon gumagawa upang magdala ng maraming kaluluwa sa katotohanan, dahil sa mga miyembro ng iglesia na hindi nabago at yung mga nabagong minsan ngunit sila'y tumalikod. Anong impluwensiya mayroon ang mga hindi nakatalagang miyembro (Kristiyanong mahalay) sa mga bagong mananampalataya?"[80]

> "Kung ating ipapakumbaba ang ating mga sarili sa harapan ng Diyos, at magiging mabuti at magalang at mapagmalasakit at maawain, ay magkakaroon ng isang daan na mahihikayat sa katotohanan na kung saan ngayon ay mayroon lamang isa."[81]

Sa kabilang panig, mayroon tayong nabibinyagang mga tao, na hindi handang mainam. Sinabi ni E.G. White:

"Ang bagong silang ay pambihirang karanasan sa panahong ito ng sanlibutan. Ito ang dahilan kung bakit napakaraming kabalisahan sa loob ng mga iglesia. Marami, napakarami, sinomang tumanggap sa pangalan ni Kristo ay hindi naging sakdal at hindi banal. Sila ay nabautismuhan, ngunit sila ay nailibing ng buhay. Ang sarili ay hindi namatay, kung kaya't sila ay hindi bumangon sa kabaguhan ng buhay kay Kristo."[82]

Ito ay naisulat nuong 1897. Ano ang sitwasyon tulad sa ngayon? Ang problema ay: kung sinuman ang hindi naipanganak na muli ay hindi napuspos ng Espiritu Santo. Sinabi ni Jesus: *"Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos."* (Juan 3:5) Hindi baga ito'y katotohanan na ating makilala na kulang ng Espiritu Santo sa bawat dako?

---

**80** E.G. White, *Testimonies for the Church* Vol. 6, (1901) p. 370.3

**81** E.G. White, *Testimonies for the Church* Vol. 9, (1909), p. 189.4

**82** E.G. White, *MS 148* (1897)

## ANG ESPIRITU SANTO AT ANG PANGANGARAL

Sinabi ng Diyos sa atin ang mga sumusunod tungkol sa kahulugan ng Espiritu Santo at pangangaral: "Ang pangangaral ng salita ay mawawalan ng kabuluhan kung wala ang patuloy na presensya at tulong ng Banal na Espiritu. Ito lamang ang mabisang tagapagturo ng banal na katotohanan. Lamang kapag ang katotohanan ay sinamahan sa puso ng Espiritu ito ay mag-uutos sa budhi o babaguhin ang buhay. Maaaring magawa ng isang tao na maipakilala ang sulat ng salita ng Diyos, maaaring alam na alam niya kasama ang lahat nitong mga utos at mga pangako; subali't malibang ilapat ng Banal na Espiritu ang katotohanan, walang kaluluwang mahuhulog sa Bato at maging basag. Walang halaga ang pinag-aralan, walang kapakinabangan, gaano man kalaki, ay makagagawa ng isang daluyan ng liwanag kung wala ang pakikipagtulungan ng Espiritu ng Diyos."[83]

Ang pangangaral ay hindi lamang nagaganap sa panahon ng sermon, nguni't gayundin sa lektura, pag-aaral ng Bibliya o pangangalaga ng maliliit na pulutong.

Si Randy Maxwell ay nagwika:

> "Ngunit ang katotohanan, tayo ay naghihingalo sa pagkauhaw sa pakiki-ugnay sa buhay na Diyos."[84]

Ang kakulangan ng Espiritu Santo din kaya ang dahilan ng takot? Maaari kayang tama si Emilio Knechtel ng kanyang sinabing: "Bakit hindi tayo magtagumpay sa pagbaling pabaliktad nitong masamang sanlibutan? May mga bagay na mali sa ating mga paniniwala. Tayo ay natatakot sa mga hindi pagkakasundo, tayo ay takot na may masagasaan, tayo ay takot sa kahirapan, tayo ay takot na mawalan ng trabaho, tayo ay takot na mawala ang ating karangalan, tayo ay takot na mawala ang ating mga buhay. Kaya tayo ay nananatiling tahimik at nagtatago. Tayo ay takot na ipangaral ang ebanghelyo sa sanlibutan sa mapagmahal at ngunit makapangyarihan na pamamaraan."[85]

Ang kalutasan sa suliraning ito ay masusumpungan sa Mga Gawa 4:31: *"At nang sila'y makapanalangin na, ay nayanig ang dakong pinagkakatipunan nila; at nangapuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at kanilang sinalita na may katapangan ang salita ng Diyos."*

---

83 E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 671.4

84 Randy Maxwell, *If my people pray...* (Pacific Press, 1985), p. 11

85 CD *Die letzte Vorbereitung,* Teil 6

## ANG BANAL NA ESPIRITU AT ANG ATING MGA BABASAHIN

Ang mga sumusunod ay sinabi patungkol sa ating mga babasahin: "Kung ang kaligtasan ng Diyos ay nasa taong sumulat para sa papel, ang iyon ding espiritu ang siyang mararamdaman ng bumabasa. Ang isang piyesa na isinulat sa Espiritu ng Diyos ay pinagtibay ng mga anghel, at gayon din ay nagtatatak sa isipan ng mga bumabasa. Ngunit ang isang piyesa na isinulat at ang tagasulat ay hindi namumuhay ng ganap para sa kaluwalhatian ng Diyos, at hindi ganap na mapagmahal sa Kanya ay nararamdaman ng mga anghel ang kalungkutan. Sila ay lumalayo at hindi nito itinatatak sa bumabasa, sapagkat ang Diyos at ang kaniyang Espiritu ay wala rito. Ang salita ay mabuti ngunit ito ay kulang sa mainit na impluwensya ng Espiritu ng Diyos."[86]

*Nais kong bigyan ng diin muli: Sa ating likas, lahat ng ating nagawa ay hindi mali. Sa walang paraan. Tayo ay nakabuo ng mabuti at napakabuting mga bagay; Tunay na pinagpala ng Diyos ang ating likas na kakayanan sa abot ng makakaya. Ngunit ang mahalagang tanong ay: Atin bang pinatutunguhan ang mga tungkuling ito bilang espirituwal o Kristiyano sa laman? Isang bagay ang tiyak: Kapag tayo ay nakikipagpunyagi upang matagpuan ang kalutasan sa mahalay na batayan, tayo ay mag-iimpok ng maraming panahon sa walang kabuluhan; tayo ay magsasagawa ng maraming tungkulin, na wala din naman magiging saysay.*

## BANAL NA ESPIRITU: WALANG UNANG ULAN, WALANG HULING ULAN

"Ang unang ulan, ang mapuspos ng Espiritu Santo, ay nagdadala sa atin ng kinakailangang paglagong espirituwal, na lubhang kailangan upang tayo ay makinabang mula sa huling ulan."[87]

"Ang huling ulan, na nagpapahinog sa mga aanihin dito sa mundo, ay kumakatawan sa espirituwal na biyaya na naghahanda ng iglesia para sa

**86** E.G. White, *PH 016*, p. 29.1

**87** Dennis Smith, *40 Days –Prayers and Devotions to Revive Your Experience with God,* Book 2, (Vienna, 2013), p. 175

pagbabalik ng Anak ng tao. Ngunit maliban na lamang kung ang unang ulan ay bumuhos, ay hindi magkakaroon ng buhay; ang berdeng dahon ay hindi sisibol. Maliban na lamang kung ang maagang pagbuhos ay nagampanan ang kanilang gawain, ang huling ulan ay hindi magdadala ng binhi sa kasakdalan."[88]

## ANG BANAL NA ESPIRITU AT ANG BIBLIYANG PAGPAPAKABANAL

Ang gawaing ito (bibliyang pagpapakabanal) ay maaaring matupad lamang sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng naninirahang Espiritu ng Diyos."[89]

## DAKILANG LAYUNIN NG GAWAIN NA WALA ANG BANAL NA ESPIRITU?

Maaari bang ang mga dakilang institusyon, matagumpay na pangangaral at malakas na stratehiya ng misyon ay nabuo ng wala ang Espiritu Santo? Si Andrew Murray, isang dakilang misyonero sa Timog Africa, ay nakababatid na ang ganitong kaganapan ay napaka posible at tunay nga, ito'y kaganapan sa halos lahat ng kakristiyanohan ng kaniyang isinulat:

"Maaari akong mangaral o sumulat o mag-isip o magbulay-bulay, at magsaya habang ako ay abala sa mga bagay sa salita ng Diyos at sa kaharian ng Diyos, nguni't ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay kapuna-punang wala. Ako ay nangangamba na kung iyong dadalhin ang pangangaral sa buong Iglesia ni Kristo at tatanungin kung bakit mayroon, sayang! napakaliit ng kapangyarihang makahikayat sa pangangaral ng Salita, bakit napakarami ang gawain at kalimitan ay napakaliit ng tagumpay para sa walang-hanggan, bakit ang Salita ay may napaka-liit na kapangyarihan upang itayo ang mga mananampalataya sa kabanalan at pagtatalaga – ang kasautan ay daratingg: Ito ay ang kawalan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. At bakit ganito? Wala ng ibang dahilan nguni't upang ang laman [Tignan ang Galacia 3:3] at ang lakas ng katauhan ang siyang kumuha ng lugar na ang Espiritu Santo ang nararapat mayroon."[90]

---

88 E.G. White, *The Faith I Live By,* (1958), p. 333.3
89 E.G. White, *The Great Controversy,* (1911), p. 469.3
90 Randy Maxwell, *If My People Pray* (Pacific Press 1995), p. 145

## ANG ESPIRITU SANTO AT ANG KALUSUGAN

*"Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alang alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong iharapang inyong mga katawanna isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Diyos, na siya ninyong katampatang pagsamba."* Roma 12:1

*"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo? Kung gibain ng sinoman ang templo ng Diyos, siya'y igigiba ng Diyos; sapagka't ang templo ng Diyos ay banal, na ang templong ito ay kayo."* 1 Corinto 3:16-17

*"O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos? At hindi kayo sa inyong sarili; Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Diyos." 1 Corinto 6:19-20* (Tignan din ang Exodo 15:26)

Ang mga taong puspos ng Espiritu Santo ay templo ng Diyos. Minsan naba kayong tumigil at pinag-isipan kung ano ang kahulugan na mayroon ito sa inyong buhay? Ang templo ay lugar kung saan nananahan ang Diyos. Sinabi ng Diyos kay Moses: *"At kanilang igawa ako ng isang santuario; upang ako'y makatahan sa gitna nila."* Exodo 25:8

Kung ating seseryosohin ang mga pahayag na ito, kung gayon ang pag-aalaga ng ating kalusugan at ng ating pamumuhay ay magiging kusang bahagi ng ating pagiging disipulo. Ang ating katawan ay pag-aari ng Diyos. Nais mo bang alagaan ang pag-aari ng Diyos ng maingat? Opo! nais nating taratuhin ang ating mga katawan ng maingat at sa katunayan ay sang-ayon sa tagubilin ng Diyos! Ito ay nangangailangan ng malaking bahagi ng disiplina. Ang isang tao, na puspos ng Espiritu Santo, ay makakaya at gagawin ang ganitong disiplina ng may kasiyahan. Ang gantimpala ay mas mabuting kalusugan sa katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang isang tao, na hindi puspos ng Banal na Espiritu, ay makikipagpunyagi at magdurusa sa kawalan. Inaasahan ng Diyos na ating mapanatili ang pinaka posibleng kalusugan sa katawan at espiritu para sa Kanyang kaluwalhatian, para sa Kanyang paglilingkod at para sa ating sariling kaligayahan. Sa ganitong lugar ay wala ring kahalili sa pagiging puspos ng Banal na Espiritu. Pagka si Jesus ay namuhay sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kung gayon Siya din *"ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo."* (Exodo 15:26) Ang kagalingan ang palaging pinakamabuti para sa taong nagmalasakit at sa kaluwalhatian ng Diyos. Ito'y maaaring maitanong: Ang dakilang manggagamot kaya ay pagagalingin ang bawat isa?

"Isang matandang babae na taga Cambodia ang dumating bilang isang takas patungo sa *mission hospital,* na nasa kampo ng mga takas sa Thailand. Siya ay nakasuot ng kasuotan ng Budismong madre. Siya ay humiling na pagalingin ni

Dr. Jesus. Kaya isinalaysay nila ang tungkol kay Jesus. Kaniyang inilagak ang kanyang tiwala sa Kanya at siya ay gumaling sa kanyang katawan at kaluluwa. Nang siya ay nakabalik sa Cambodia siya ay nakahikayat ng 37 mga tao para kay Kristo."[91]

Sa panahon ng karamdaman ng tapat na haring Hezekiah, ang Panginoon ay nagpadala sa kanya ng mensahe: *"Tunay na pagagalingin kita."* (2 Mga Hari 20:1-11) Ngunit bakit hindi siya pinagaling ng Panginoon sa pamamagitan ng salita, ngunit sa halip siya ay biniyan ng gawain ng pagtatapal ng igos? Maaari kaya na ang Panginoon ay inaasahan ang ating pakikilahok sa pamamagitan ng natural na lunas o pagbabago ng ating karaniwang pagkain, ehersisyo, pahinga, atbp.? Bakit hindi pinagaling ng Diyos si Pablo at iniwan siya na may "tinik sa kanyang laman"? Si Pablo mismo ay nagsabi: *"At nang ako'y huwag magpalalo ng labis dahil sa kadakilaan ng mga pahayag."* (2 Corinto 12:7-10) Gayunpaman si E.G. White ay nagsasabi sa atin: "Ang impluwensya ng Espiritu ng Diyos ay ang pinakamabuting gamot na maaaring matanggap ng isang may sakit na lalaki o babae. Ang langit ay pawang kalusugan; at habang mas lumalim ang makalangit na impluwensiya ay natanto, mas tiyak ang magiging paggaling ng naniniwalang may sakit."[92]

Hindi ba kapansin pansin at makabuluhan kung ano ang isinulat ng isang negosyante? Kaniyang ibinahagi kung paanong ang lahat ng mga lekturang pangkalusugan ay hindi nakagawa sa kanya ng anomang kabutihan. Ngunit nang nagsimula siyang manalangin araw-araw para sa Espiritu Santo, siya ay tuluyang lumipat sa malusog na pamumuhay at inangkin ang pagkaing walang karne.[93] Hindi ba ito nagpapakita na ang pagiging puspos ng Espiritu Santo ay makapag-uudyok sa atin at bibigyan tayo ng kalakasan kasama ng kaligayahan upang tanggapin ang malusog na pamumuhay?

Isang kapatid na babae ang bumasa nitong karanasan. Kaniyang isinulat: Sa pamamagitan ng aking ganap na pagpapasakop kay Jesus, binago ng Diyos ang aking buhay ng lubosan sa isang iglap. Pagkatapos ng aking panalangin ng pagsuko ako ay tumungo sa loob ng kusina ng sumunod na umaga, tumayo sa may makina ng kape, umiling at sinabi sa aking sarili: hindi, hindi na ako umiinom ng kape ngayon. Sa nakalipas, ito ay mahirap isipin, sapagka't sa tuwing aking susubukan na huminto sa pag-inom ng kape, ako ay nakararanas ng kasuklam-suklam na sakit ng

---

**91** Author unknown, *Our Daily Bread – Worship book* (RBC Ministries), 26. Nov. 1993

**92** E.G. White, *Medical Ministries* (1932) p. 12.3

**93** Email from 7.3.2013

ulo sa loob ng limang araw – ito ay tunay na malakas na palatandaan ng pag-tigil. Sa panahong ito, hindi ko man lang inisip kung ano ang magiging kahihinatnan mayroon ito para sa akin. Ang akin lamang nalalaman ay hindi ko na nais uminom ng kape. Ngayon wala na akong pagnanasa sa kape.[94] Ito ay isa lamang sa maraming pagbabago sa kanyang buhay. (Aking itinatagubilin ang 5th *"Andreasbrief"* sa pagtatagumpay sa kabila ng tabako at alak para sa sinomang nais na maging malaya sa pagkagumon. Ipinapaliwanag nito ng maayos ang paraan sa pagpapalaya sa pamamagitan ng panalangin at mga pangako (mayroon lamang sa German).[95])

Ang buhay kasama ang Espiritu Santo ay magtataguyod ng malaki sa pagbabago sa kalusugan. Ito ay bagay ng pagbibigay ng kaalaman sa kalusugan na nakaugnay sa kapangyarihan na magbago. Don Mackintosh, Direktor ng Newstart Global, Weimar, CA, ay nagsabi:

"Ang tunay na kailangan ng panahon natin ngayon ay hindi lamang pag-aaral ng kalusugan - mayroon tayong impormasyon na napakahusay. Ang tunay na kailangan ay kaalamang pangkalusugan na kaisa ng kapangyarihan na maisama sa pamumuhay, at ito ay ang kapangyarihan na magbago."[96]

Sinabi ni Doctor Tim Howe:

"Ang edukasyon sa kalusugan lamang ay hindi maituturing na gawaing medikal misyonero. Ang edukasyon tungkol sa kalusugan ay hindi na nagbibigay ng kagalingan kaysa sa batas ng Diyos na nagkakaloob ng kaligtasan. Upang mapagtanto ang kalusugan o kaligtasan, ang nakapagbabagong kapangyarihan ng Diyos ay kinakailangang maranasan."[97]

Sa katapusan, nais kong magtanong: Ano naman ang tungkol sa panggagamot sa pamamagitan ng pananampalataya? Mayroon bang anoman na maaaring inaasahan kung wala ang pagiging puspos ng Espiritu Santo? (Tignan ang Marcos 16:17,18; Santiago 5:14-16)

---

**94** Email from November 18, 2014 from Sister M.

**95** Andreasbrief Nr. 5, Sieg über Tabak und Alkohol, www.missionsbrief.de – Andreasbrief. Man kann ihn auch beziehen bei Wertvoll leben, Adventist Book Center und Toplife – Wegweiser Verlag.

**96** Dave Fiedler, *D'Sozo,* (Remnant Publication), Forward

**97** Dave Fiedler, *D'Sozo,* (Remnant Publication), Forward

## PAGHAHANDA SA IKALAWANG PAGBABALIK NI JESUS

Walang kapalit ang malapit na samahan kay Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo bilang paghahanda sa Ikalawang Pagbabalik (o mamamatay na nasa Panginoon). Pagka si Kristo ay namuhay sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kung gayun ako ay handa sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Tatlong panig ang magpapakita nito. (Ito ay tatalakayin ng husto sa *Spirit Baptism at Earth's Final Events,* na sinulat ni Dennis Smith.)

### Personal na ugnnayan kay Kristo

Sinabi ni Jesus: *"At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."* (Juan 17:3) "Makilala" ay may malalim na kahulugan sa Banal na Kasulatan higit sa salitang Ingles sa panahon ngayon. Ito ay nangangahulugan ng buo, nagdadamayan, at pangakong may pagmamahal. Ito ay naroroon lamang sa buhay na kasama ang Espiritu Santo. Ang kaisipang ito ay ipinahayag sa sumusunod na sipi:

"Kinakailangan na magkaroon tayo ng buhay na ugnayan sa Diyos. Kinakailangan na mabihisan tayo ng kalakasan mula sa itaas sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, upang maabot natin ang mas mataas na pamantayan; sapagkat walang iba pang paraan na tayo maaaring matulungan."[98]

Sa parabula ng 10 birhen, sinabi ni Jesus sa mga mangmang: *"Hindi ko kayo nakikilala"* Ano ang dahilan? Ang kakulangan ng langis, na nangangahulugan ng kakulangan ng Espiritu Santo. (Mateo 25:1-13). Ang mga taong nagpako kay Jesus, ay may malaking kaalaman sa Lumang Tipan. Subalit dahil sa kanilang maling pagpapaliwanag hindi nila hinanap ang personal na ugnayan kay Jesus.

Batid ba natin na ang henerasyon sa huling mga araw, dahil sa kalagayan ng huling mga araw, ay mangangailangan ng malapit na ugnayan sa Diyos?

### Katuwiran sa pamamagitan ng Pananampalataya

Sa huling mensahe ng Diyos sa sangkatauhan na nakapaloob sa mensahe ng tatlong anghel ay may kinalaman sa katanungan ng pangangaral ng "walang hanggang pabalita". (Apocalipsis 14:6-7) Ano ang pinakadiwa ng mensaheng ito na ang buong sanlibutan ay kinakailangan at naisin na marinig? Ito ay ang

---

**98** E.G. White, *Review and Herald,* April 5, 1892

katuwiran ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo lamang (Efeso 2:18,19). Ang mga iyon, sinumang magpahayag ng huling mensaheng ito ng may kalakasan, ay kinakailangang maranasan ang kapangyarihan ng mensahe para sa kanilang mga sarili. Kinakailangan nilang malaman at maranasan ang katuwiran sa pamamagitan ng pananananampalataya kay Jesus lamang bilang mapagpatawad at manunubos mula sa kasalanan. Ito ay magiging posible lamang sa buhay na puspos ng Espiritu Santo sa pamamagitan ni Jesucristo kung saan ay maaaring paganahin ang ating pagsunod. Si Jesus na namumuhay sa atin ay ipinapakita sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga utos ng Diyos. Ang buong sanlibutan ay maliliwanagan ng mensaheng ito (Apocalipsis 18:1).

## Pagmamahal sa Katotohanan

Anong mga epekto ang maaring nasa ating mga buhay ngayon na mayroon o walang buhay na puspos ng Espiritu Santo na may kinalaman sa **pag-ibig sa katotohanan, pag-aaral ng salita ng Diyos at isakatuparan ang katotohanan sa ating mga buhay?** Sinabi ng 2 Tesalonica 2:10 na *"...sa nangapahamak; sapagka't hindi nila tinanggap ang pag-ibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas."* Sila, na hindi maililigaw, ay mayroong pag-ibig sa katotohanan sa kanilang mga puso. Paano natin matamo ang pag-ibig na ito? Maaari lamang nating makamtan ito kapag si Jesucristo ay namumuhay sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang Efeso 3:17 ay nagsasabi sa atin na maaari tayong *"mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig"* sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sa Juan 16:13 ang Espiritu Santo ay tinatawag na *"ang Espiritu ng katotohanan"*. Ito ay malinaw na nagpapakita sa atin na kinakailangan na maging espirituwal na Kristiyano upang magkaroon ng pag-ibig sa katotohanan. Mayroon ba tayong suliranin ngayon sa pag-ibig sa katotohanan, sa salita ng Diyos, sa sulat ng mga propesiya? Isaalang-alang ang mga panahon na ating kinakaharap: "Yaon lamang na naging masigasig na mag-aaral ng Kasulatan at yaong tumanggap ng pag-ibig sa katotohanan ang masasanggalangan mula sa makapangyarihang panlilinlang na bumihag sa buong mundo...Ang bayan ba ng Diyos sa ngayon ay matatag na nakatayo sa Kaniyang salita upang hindi sila papanig sa ebidensya ng kanilang pandama?"[99]

Hindi itinatanong ng Diyos kung ating nasumpungan ang lahat ng katotohanan, ngunit sa halip Kaniyang itinatanong kung mahal natin ang katotohanan.

---

**99** E.G. White, *The Great Controversy* (1911), p. 625.3

## BUNGA NG ESPIRITU O GAWA NG LAMAN

"Ang impluwensiya ng Espiritu Santo ay ang buhay ni Kristo sa kaluluwa. Hindi natin nakikita si Kristo at nakakausap Siya, ngunit ang Kaniyang Banal na Espiritu ay kasing lapit natin sa isang dako tulad sa iba. Ito ay gumagawa sa at sa pamamagitan ng bawat isa na tumanggap kay Kristo. Ang nakakaunawa ng paninirahan ng Espiritu ay ipinapahayag ang bunga ng Espiritu..."[100]

Gal.5:22 : *pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, patatapat, kaamuan, pagpipigil.* Efeso 5:9 : *nabubuo ng kabutihan, katuwiran at katotohanan.*

Gal.5:16-21 ay inihahayag sa atin na ang kapangyarihan ng kasalanan ay mababasag sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

> *"...Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu at laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. Datapuwa't kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, ay wala kayo sa ilalim ng kautusan.* (tingnan din ang Roma 7:23 + 8:1) *"At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam,mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa akin pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios."* (Gal. 5:19-21)

## ESPIRITUWAL NA KALOOB

"Sa ilalim ng espirituwal na mga kaloob, ang ibig nating sabihin ay ang mga kaloob na ipinagkaloob sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu Santo, gaya ng nakatala sa 1Cor.12:28 at Efeso 4:11: mga apostol, mga propeta, mga mangangaral, mga pastor, mga guro, mga himala, kaloob ng pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba't ibang mga wika. Ang mga kaloob na ito ay gumanap ng bahagi sa 'pagbibigay ng kasangkapan sa mga banal para sa gawain ng

---

100 Editor Francis D. Nichol, *Adventist Bible Commentary* Vol. 6 (Hagerstown,1980), p. 1112

palilingkod'. ... Kanilang binibigyang bisa ang patotoo ng iglesia at nagbibigay ito ng pangunguna at pamamatnubay."[101] Ang Espiritu Santo ay nagkakaloob din ng iba pang kaloob para sa tiyak na layunin "sa kaalaman at sa lahat ng pamamaraan ng paggawa" (Exodo 31:2-6 o arkitektura (1 Cron.28:12,19)

Kapag nais nating maging tagasunod ni Jesus, ating ilalagak sa Kaniya ang lahat ng mga bagay na nasa atin at kung ano tayo. Kaya ang lahat ng ating mga talento at mga kakayahan, likas man o natutunan, ay inilagay sa Kaniyang pagkakaayos. Maaari Niya tayong pagkalooban ng karagdagang talento at/o maaari Niyang pakinisin at dalisayin ang ating natural na kakayahan.

Maaari ba tayong magkaroon ng Espirituwal na kaloob kapag tayo ay kulang sa Espiritu Santo?

## PAGPILI NG DIYOS O ANG PAGPILI NG TAO?

Tayo ay mayroong pansanlibutang demokratikong kaayusan sa iglesia. Ngunit ito ay hindi inisip bilang tanyag na demokrasya. Ang tunay na hangarin ng ating mga boto ay upang ang bawa't isa ay makinig para sa sarili sa tinig ng Dios at sila ay bumoto sang-ayon dito. Sa pakikinig sa tinig ng Dios ay inihahayag nito ang kalooban ng Dios sa pamamagitan ng boto. Tiyak na tayo ay nananalangin bago magsikuha ng bahagi sa anumang pagpupulong ng lupon *(board meetings)*. Kalimitan ang pagkakataon ay ibinigay bago ang boto ay iitsa para sa personal na panalangin upang maging malinaw sa bawat tao kung paano ang nais ng Dios na sila ay bumoto. Sinabi ni Nehemiah: *"nang sa gayon ay inilagay ng Dios ito sa aking puso..."* (Neh.7:5) at sinabi ni E.G. White patungkol sa Nehemias kapitulo 1: "At habang siya ay nananalangin, ang banal na layunin ay nabubuo sa kanyang isipan..."[102]

Maaari bang marinig ng isang Kristiyano sa laman ang tinig ng Dios? Kung hindi niya sinasadya at ganap na magpapasakop sa Panginoon, samakatwid ay tiyak na hindi nya makakamtan ang kasagutan (Mga Awit 66:18; Mga Awit 25:12). Kung ang isang tao, na Kristiyano sa laman ay boboto ng sinsero sa pinakamahusay niyang kaalaman, samakatuwid bilang tao ito ay ayos lang. Ngunit ang madaliang kasunduang pantao ay nagawa, ito ay nagiging pagpapatakbo at kasalanan.

---

101 Hrsg. Gerhard Rempel, *Schlüsselbegriffe adventistischer Glaubenslehre* (Hamburg), p.44

102 E.G. White, *Southern Watchman* (www.egwwritings.org), March 1, 1904

Ang mga pinuno ay may malaking impluwensiya sa gawain ng Dios. Ito ay tunay na may malaking kaibahan at maaaring magkaroon ng pangunahin kahihinatnan kung ang mga kapatid na lalaki at babae ang nangunguna, na tinawag ng Dios o di kaya ay pinili sa pamamagitan ng pagboto ng tao.

Habang aking binabasa ang isang aklat na tungkol sa panalangin aking napagtanto na maaari nating hilingin sa Dios na ituro sa atin ang daan na ating tatahakin. (Mga Awit 32:8) Ang tahimik na pakikinig sa tinig ng Dios ay nagbago ng aking buong buhay. Aking binabanggit ang karanasang ito sa isang artikulo na "From Business Representative to Pastor" (mayroon lamang sa German).[103] Mayroon din na mabuting sermon upang pakinggan mula kay Kurt Hasel "How Can I Make The Right Decision?" (ito rin ay mayroon lamang sa German)[104] At mayroon din na malalim na sermon na maaaring basahin mula ng mga taong lumipas mula kay Henry Drummond:"How can I Know God's Will?" (mayroon lamang sa German)[105]

Narito ang isang karanasan na nangyari noong Oktubre 23, 2014: Ang sentro ng misyon "Country Life Institute Austria" sa Carinthia, Austria (TGM-Trainingszentrum fur Gesundheitsmission und Gesundheitszentrum Mattersdorferhof ay humarap sa isang desisyon: Nararapat ba na tayo ay magtayo ng karagdagan o hindi? Maraming mga bagay para rito at hindi sang-ayon rito. Ang mahalagang tanong ay: Ano ang kalooban ng Dios sa bagay na ito? Hindi namin pinag-usapan kung ano ang makabubuti o kung ano ang hindi, sa halip kami ay nanalangin sa loob ng sampung araw na ang Panginoon ay maghahanda sa amin na pakinggan ang Kaniyang tinig at Kaniyang ipagkakaloob ang kasagutan sa oras ng panalangin sa Oktubre 23 (pagkalipas na mga panauhin ng NEWSTART ay makalisan) kung kami ay kailangan magdagdag o hindi.

Ang oras ng pananalangin ay naganap na mayroong mahigit 20 na nakibahagi. Matapos ang pagsasama-sama sa panalangin ang bawat isa ay nagtanong ng tahimik at inalam sa Dios kung kinakailangan ba na sila magtayo o hindi. Ang personal na kasagutan mula sa Dios ay ibabahagi sa grupo sa pamamagitan ng sumusunod: sa isang pirasong papel ay kanilang isusulat "+" kung kailangan magtayo, kanilang isusulat "–" kung hindi na kailangan magtayo pa, kanilang isusulat "o" kung wala silang kasagutan at kanilang isusulat ang "?" kasama ng

---

103 www.gotterfahren.info – Gott verändert Leben – Vom Prokurist zum Prediger

104 www.gotterfahren.info – Wege zum Ziel: Gott erfahren – Gottes Botschaft für unsere Zeit – Thema Nr.11

105 Missionsbrief.de – Predigten lesen – Henry Drummond: Wie erkenne ich den Willen Gottes? (Deutsch und Englisch)

ibang simbolo kung hindi sila sigurado sa sagot. Ang resulta ay tanda ng mabuting pangunguna ng Panginoon: Mayroong 14 "+" (4 dito ay "+?"), 6 "o" at 4 na walang sulat na papel. (Mayroon ding 2 sagot na hindi malinaw at hindi na isinama sa bilang. Sa gayon ang pangunguna ng Dios ay malinaw na kami ay magtatayo. Matatag ang aking paniniwala na sa huling panahon ay ating direktang sasaliksikin ang kalooban ng Dios ng lalong higit.

Sa Joel 2:28-29 ay nagpapahiwatig nito. Mga puna ni E.G. White: "Kinakailangang isa-isa nating marinig Siya na nagsasalita sa puso. Kung ang bawat tinig ay natahimik, at sa katiwasayan tayo ay naghintay sa Kanya, ang katahimikan ng aluluwa ay ginagawang mas malinaw ang tinig ng Dios. Kanya tayong inanyayahan, 'Kayo ay masitigil at kilalanin ninyo na Ako ang Dios'." Mga Awit 46:10"[106]

## SALAPI

Ano ang kaibahan mayroon sa pagitan ng espirituwal at laman na mga Kristiyano kung may kinalaman sa pakakaroon at pakikisangkot sa salapi? Atin bang nakikita ang ating mga sarili na mga may-ari ng ating mga ari-arian o mga katiwala ng Dios? "Ang pagmamahal sa salapi at pag-ibig sa paglaladlad ay ginawa ang sanlibutan bilang yungib ng mang-uumit at magnanakaw. Ang Kasulatan ay naglalarawan na ang kasakiman at pang-aapi na mananatili lamang bago ang ikalawang pagbabalik ni Kristo."[107]

## ANG MGA ANGHEL NG DIOS AY NAG-IINGAT SA TAONG MAY TAKOT SA DIOS

Ang anghel ng Dios ay nag-iingat sa taong may takot sa Dios. *"Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa Kaniya at ipinagsasanggalang sila."* (Mga Awit 34:7) "Isang tagapagbantay na anghel ay hinirang sa lahat ng taga-sunod ni Kristo. Itong makalangit na tagapagmasid ay nagsasanggalang sa mga matuwid mula sa kapangyarihan ng mga masasama."[108] – Kapag pinag-usapan ang tungkol sa taong may takot sa Dios, mga taga-sunod ni Kristo at matuwid na mga tao na nasa ilalim ng Kaniyang pag-iingat, ito ba ay

---

106 E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 363.3
107 E.G. White, *Prophets and Kings* (1917), p. 651.1
108 E.G. White, *The Great Controversy,* (1911), p. 512.2

nangangahulugan na ito ay tumutukoy sa bawat isa na nakikita nila ang kanilang sarili bilang Kristiyano? Ito rin ba ay tumutukoy para sa mga taong hindi ganap na nagsuko ng kanilang buhay sa Dios? Ito ay totoo para sa mga bata, sapagka't sinabi ni Jesus sa Mateo 18:10: *"Ingatan ninyo na huwag ninyong pawalang halaga ang isa sa maliliit na ito, sapagka't sinasabi ko sa inyo, na ang kanilang mga anghel sa langit ay nangakakakitang palagi ng mukha ng aking Ama na nasa langit."* Si David na ganap na nagkatiwala ng kaniyang buhay sa Dios, ay nakakabatid na wala siyang dapat ipangamba. Kaniyang sinabi: *"Ang Panginoon ay aking liwanag, at aking kaligtasan;kanino ako matatakot? Ang Panginoon, ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?"* (Mga Awit 27:1)

(Aking minumungkahi na inyong basahin sa aklat na *Great Controvery* sa kapitulo 31 ang bahagi ng may patungkol sa ministeryo ng mabuting anghel. Ito ay tunay na malaking kaligayan sa bawat anak ng Dios.)

## PANGHULING PANGUNGUSAP

Atin lamang napag-ukolan ang iilang bahagi. Mayroon pang maraming bahagi ng buhay at pananampalataya na maaaring maidagdag. Sa lahat ng iyan ang mga sumusunod ay katotohanan:

***Kung ating babalik-aralan ang mga kaibahan ngayon, samakatwid ay walang namumukod na bahagi na may malaking kalamangan sa buhay na may Espiritu Santo. At sa kabilang banda, ay walang namumukod na bahagi na kung saan ay wala tayong lubhang kawalan sa buhay na walang Espiritu Santo. Hindi baga ito ay malaking pagganyak para sa atin upang araw-araw nating italaga ang ating mga buhay sa Dios at hilingin na mapuspos ng Espiritu Santo?***

"Ilang mga taon ang nakalipas ang isang eroplano na Boeing 707 ay lumipad mula sa paliparan ng Tokyo patungong London. Ito ay may maayos na pag-alis. Mayroong malinaw, maaliwalas na himpapawid. Mayamaya ay natanaw na ng mga pasahero ang sikat na bundok ng Fuji sa Japan. Biglaang naisip ng piloto na umikot sa paligid ng bundok upang lalong masiyahan ang mga pasahero sa pambihirang tanawin.

Kanyang iniwan ang itinalagang paraan ng paglipad at inilipat nya ng paglipad sa pamamagitan ng paningin. Habang lumilipad sa pamamagitan ng paningin, hindi bi-nigyang halaga ng piloto ang garantiya mula sa sentro ng pamamahalang panlupa at lubos na umasa sa kung anong kaniyang nakikita. Nakita ng piloto ang bundok ma-lapit sa kaniyang ilalim. Ang kaniyang altimetro

ay nagpakita ng kanyang taas ng lipad na nasa 4000 na metro. Ang hindi niya napansin ay ang nakalatag na hangin at ang bugso ng hangin na nananalanta sa paligid ng bundok ng Fuji. Ang Boeing 707 ay walang pwersa laban sa malakas na hangin. Ang eroplano ay nawasak sa himpa-pawid, nadurog at ang lahat ng pasahero ay namatay."[109]

Ang mga mahalay na Kristiyano ay nabubuhay sa "paglipad sa pamamagitan ng paningin na pamamaraan" (visual flight mode). Siya ang gumagawa ng lahat ng pag-papasya para sa kaniyang sarili. Bagama't pinakamabuti ang kaniyang pakay, siya ay babagsak. Ang espiritwal na Kristiyano ay namumuhay sa pamamagitan ng Espiritu Santo na may mapagmahal at mapagtiwalang ugnayan sa Kaniyang Panginoon, na gumagabay sa kanya sa ligtas na patutunguhan.

***Panalangin:** Amang nasa langit, salamat at ang paninirahan ni Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay nagdudulot ng positibong kaibahan sa amin at sa aming gawain. Pakiusap po buksan ang aking mga mata ng higit pa sa gawain ng Banal na Espiritu. Ibigay nyo po sa akin ang kabuuan ng buhay sa pamamagitan Niya, na nais ibigay ni Jesus sa amin. Tulungan nyo po akong matuklasan ang susi sa kalutasan sa suliraning ito sa susunod na kabanata at maipamuhay ito. Salamat po. Amen.*

---

**109** Kalenderzettel February 17, 1979 sulat ni Reinhard Petrik

# ANG SUSI SA PRAKTIKAL NA KARANASAN

*Paano ko ipapatupad at mararanasan ang solusyon ng Diyos para sa akin?*
*Paano ako mananalangin upang ako ay makasiguro na ako ay puspos ng Espiritu Santo?*

## PANALANGIN AT PAGIGING PUSPOS NG ESPIRITU SANTO

Ito ay mahalaga na tayo ay tumungo sa paglalakbay na ito sa pamamagitan ng pananampalataya at humingi tayo ng may pananampalataya para sa Espiritu Santo. Ang ibig sabihin, na pagkatapos natin manalangin para sa Espiritu Santo, kinakailangan natin magtiwala at maging tiyak na dininig ng Diyos ang ating dalangin at Kaniya nang ibinigay sa atin ang Espiritu Santo samantalang tayo ay nananalangin.

Sabi sa Gal.3:14 "...*upang sa* ***pamamagitan ng pananampalataya*** *ay tanggapin natin ang pangako ng Espiritu."* Sa ibang salin ay ganito ang sinasabi: *"...na ating tanggapin ang pangako ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng paniniwala kay Kristo."*

Binigyan tayo ng Diyos ng malakin tulong upang madali tayong magtiwala sa ating Ama sa langit. Tinatawag natin itong *"panalangin kasama ng mga pangako."*

## PANALANGIN KASAMA NG MGA PANGAKO

Una, narito ang isang halimbawa na makatutulong: Ating ipalagay na ang aking anak ay hindi mahusay sa pranses sa paaralan. Nais ko na himukin ang aking anak na mag-aral ng mabuti ng pranses. Aking pinangakuan siya na kung makakakuha siya ng mataas na grado sa kaniyang ulat-talaan siya ay tatanggap sa akin ng 20$. Ang bata ay nagsimula na mag-aral ng mabuti, akin din siyang tinulungan at siya ay nakakuha ng mataas na grado. Ano ang mangyayari ngayon? Nang ang bata ay nakarating mula sa paaralan at dumating sa harapan na pintuan, siya ay tumawag ng malakas: "Ama, 20$"!" Bakit sya nakatitiyak na makukuha niya ang 20$? Sapagka't ang pangako ay nagawa at kaniyang natupad ang mga kinakailangan. Sa katotohanan, ito ay karaniwan sa maraming mga tao ngayon.

Nguni't halimbawa na ako ay walang 20$ na halaga sa oras na yaon. Posible din ba na ang Diyos ay mawalan ng bagay na Kaniyang ipinangako? Imposible!

O maaari din na aking bawiin ang aking pangako at sabihin: "Aking nabasa sa aklat ng *Education* na hindi kinakailangan na udyukan ang kabataan na mag-aaral dahil sa pananalapi. Kaya hindi ko maibibigay sa'yo ang $20" Ang Diyos ba ay magpapalit ng Kaniyang isipan mamaya? Imposible!

Ating nakikita na kapag tayo ay mayroong pangako mula sa Diyos at ating natupad ang Kaniyang mga alituntunin, kung gayon ay mayroon lamang isang posibilidad – na ating tanggapin ang pangako.

Sa pamamagitan ng mga pangako ng Diyos, nais Niya na himukin tayo na tumungo sa isang tiyak na direksyon – halimbawa sa pagtanggap ng Espiritu Santo, na nagbibigay sa atin ng kapangyarihan ng Dios sa ating mga buhay. Nais Niya na maging madali sa atin na magtiwala sa Kaniya. Ang pagtitiwala ay nasa puso ng pananampalataya.

Ngayon ay nais nating bumasa ng pangunahing talata sa Biblia sa 1 Juan 5:14,15 para sa panalangin na kasama ang mga pangako:

> *"At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya."*

Ang Diyos ay nagbigay ng pangkalahatang pangako na Kaniyang diringgin ang mga panalangin na sang-ayon sa Kaniyang kalooban. Ang kalooban ng Diyos ay naipahayag sa Kaniyang kautusan at mga pangako. Maaari tayong umasa sa mga ito sa ating mga panalangin. Pakatapos sa talatang 15 ay ganito ang sinasabi:

*"At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi."*

Sa ibang salin ganito ang sabi:

*"At kung ating nalalaman na dininig ng Diyos ang ating mga kahilingan, **ating alam na atin na itong tinanggap."***

Ano ang kahulugan niyan? Ang ating mga dalangin sang-ayon sa kalooban ng Diyos ay dinidinig sa panahon na atin itong dinala sa Diyos. Ngunit sa ating emosyon ay hindi natin ito napapansin. Ang ating panalangin ay nasasagot sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng ating damdamin. Ang damdamin ay susunod na lamang.

Sa pananalangin para sa mga taong nagumon sa paninigarilyo at alak aking natutunan: Sa panahon na sila ay nanalangin upang makalaya ay wala silang napapansin. Kanilang tinanggap ang kasagutan sa pamamagitan ng **pananampalataya.** Subali't ilang oras ang nakalipas kanilang napuna na sila ay wala ng paghahangad sa sigarilyo at alak. Sa ganitong sandali kanilang tinanggap ang **praktikal na kasagutan** sa kanilang dalangin.

Sinabi ni Jesus sa Marcos 11:24: *"Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin."*

Sinabi ni E.G. White: "Hindi natin kinakailangan na humanap ng panglabas na ebidensya sa mga pagpapala. Ang kaloob ay nasa pangako, at maaari tayong tumungo sa ating gawain na may kasiguraduhan na kung ano ang ipinangako ng Dios ay may kakayanan Siya na gawin, at ang kaloob, na atin nang angkin, ay maaaring matupad kapag higit natin itong kailangan."[110]

Kaya't hindi na natin kailangan pa ng katibayan. Dito ay tiyak na nangangahulugan ng pagsaliksik sa karanasan ng damdamin. Sabi ni Roger J. Morneau: "Ang mga espiritu (demonyo) ay hihimukin ang mga tao na makinig sa kanilang mga damdamin at hindi sa salita ng Diyos at sa Kaniyang mga propeta. Sa walang siguradong paraan na maaaring makuha ng mga espiritu ang pamamahala sa mga buhay ng tao na hindi nila namamalayan ang mga nangyayari.[111]

---

110 E.G. White, *Education* (1903), p. 258.2

111 Roger J. Morneau, *A Trip into the Supernatural,* Review and Herald 1982, p. 43

Ang panalangin na may mga pangako ay nagbubukas ng kayamanan ng Diyos para sa atin. Ang ating mapagmahal na Ama ay nagbubukas ng hindi nauubusan na pagpapahalaga para sa atin. "Sila (mga disipulo) ay maaaring umasa ng malaking mga bagay kung sila ay may pananampalataya sa Kaniyang mga pangako."[112]

## DALAWANG GRUPO NG MGA PANGAKO

Sa magkatulad na panahon, napakahalaga na maging maingat na malaman sa pagitan ng mga pangako sa Bibliya: **"Ang mga pangakong espiritwal** – para sa kapatawaran sa ating mga kasalanan, para sa Banal na Espiritu, para sa kapangyarihan na gawin ang Kaniyang gawain – ay palaging magagamit (tignan ang Mga Gawa 2:38,39). Ngunit ang mga pangako para sa pansamantalang mga pagpapala, kahit na para sa buhay mismo, ay ipinagkakaloob sa pagkakataon at ipinagkakait din sa pagkakataon, ayon sa nakikita ng Diyos na makabubuti."[113]

Isang halimbawa: Isa. 43:2 *"Pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab sa iyo."* Tinupad ng Diyos ang pangako na ito sa kahanga-hangang paraan para sa tatlong magkakaibigan doon sa nag-aalab na apoy (Dan 3). Ngunit sa kabilang banda, ang mga repormador na sina Hus at Jerome ay nasunog sa pakikipagsapalaran sa Constance. Hindi natin maaaring sabihin na ang kanilang panalangin ay hindi tinugon. Gayunpaman, hindi ba't ito ay tinugon sa anyo na hindi natin kilala? Bakit? Isang manunulat ng kapapahan ang naglarawan ng kamatayan ng mga martirna ito bilang sumusunod: "Magkatulad sila na mayroong matapat na isipan habang paparating ang kanilang huling oras. Sila ay naghanda sa apoy na parang sila ay tutungo sa kasalan. Wala silang nabanggit na anumang sakit. Nang lumaki ang apoy, sila ay nag-umpisang umawit ng mga himno; at madalang na pigilan ng naglalagablab na apoy ang kanilang pag-awit."[114] Kung ang isang tao ay nasunog, sila ay makakatili lamang. Ang kanilang asal ay nagpapakita na ang Diyos ay namagitan, hindi nga lamang sa paraan na nakita natin. Ito ay nagpapakita sa atin na ang pansamantalang pangako ay may kabuluhan para sa atin.

---

**112** E.G. White, *The Desire of Ages,* (1898), p. 668

**113** Morris L. Venden, *95 Theses on Righteousness by Faith,* (Pacific Press 1987), p. 60

**114** E.G. White, *The Great Controversy,* (1911), p. 109.3 Neander, "Kirchengeschichte", 6. Per., 2. Abschnitt, 2. Teil, 69; Hefele„Konziliengeschichte" Bd. VI, S. 209 f

## NAGPAPASALAMAT SA KASAGUTAN

Ngayon para sa isa pang mahalagang aspeto: Kapag ang ating kahilingan ay natupad sa panahon ng tayo ay humingi, sa gayon nararapat lang na pasalamatan ang Diyos para sa kasagutan sa susunod. Ang ating pasasalamat sa panahon na ito ay nagpapahayag ng ating tiwala sa Diyos na Kaniya nang tinugon ang ating panalangin at ating inaasahan na ito ay matutupad sa panahon na ito ay ating higit na kailangan. Ang ilang mananampalataya ay may napansin agad matapos nilang manalangin. Ngunit sa maraming mananampalataya ito ay katulad ng karanasan ni Elias. Ang Panginoon ay wala sa unos, sa lindol o maging sa apoy, ngunit nasa payapa at munting tinig (1Hari 19:11-12). Ito din ang aking karanasan.

Paglipas ng mahabang panahon, akala ko'y walang nangyari. Pagkatapos ay bigla kong napansin na maraming bagay ang nangyari sa akin na hindi ko napagtatanto ito.

## BAGUHIN ANG AKING PAG-IISIP

Ito ay nanangahulugan: **Kinakailangan na baguhin ang aking pag-iisip sa panahon na ito:** *"...kundi mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip..."* (Roma 12:2)

Ngayon ito ay tamang sabihin: Salamat at iyong dininig ang aking dalangin. Salamat na iyo nang ipinagkakaloob ang aking kahilingan. Salamat at akin itong mararanasan sa tamang panahon.

**Ito ay hindi pansariling pagpapatakbo.** Sa pansariling pagpapatakbo, aking hinihimok ang aking sarili. Kapag ako ay nanalangin ng may pangako, kung gayon ay mayroon akong sakdal na batayan para sa aking nabagong kaisipan, sapagkat ako ay tinugon na sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa ganitong katayuan, kung hindi ko babaguhin ang aking kaisipan, samakatwid aking ipinapakita sa Diyos na hindi ako nagtitiwala sa Kanya, sa halip ako lamang ay naka-base sa pakiramdam. Sa ganitong kaugalian aking ginagawang sinungaling ang Diyos at hindi ako makatatanggap ng anomang bagay.

Mahalaga din na ako ay kumilos ng tama, kahit na wala akong napapansin na mga bagay. Pinagsasama ng Diyos palagi ang pangangailangan upang maniwala. Nais Niya na tayo ay magtiwala sa Kanya. Ating isipin ang tungkol sa pagtawid sa ilog ng Jordan. Ang pari ay kinakailangan munang humakbang ng una sa tubig at sa gayon ang tubig ay nahati. Si Naaman ay kinakailangan lumubog ng sa tubig ng 7 ulit bago siya gumaling.

Marahil iyong sinasabi: "Hindi ko kayang gawin 'yan. Hindi ko kaya kahit na akalain na gawin 'yan." Pakiusap na alalahanin na mayroong maraming

bagay na hindi natin maipaliwanag. Sa araw na ito, hindi natin alam kung ano ang elektrisidad, kahit na ginagamit nating lahat ito. Sa araw na ito, hindi natin alam kung paano natuto ang mga bata na magsalita. Ngunit lahat sila ay natututunan ito. "Sa natural na mundo, tayo ay laging napapaligiran ng mga kababalaghan na lagpas sa ating pang-unawa. Kailangan din ba na magtaka tayo kung makasumpong din tayo sa espirituwal na mundo ng misteryo na hindi natin maunawaan?"[115]

Ating isipin ang tungkol sa Kawikaan 3:5-6: *"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, At huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at Kaniyang ituturo ang iyong mga landas."* Dito ay ating matatagpuan ang malinaw na mga kinakailangan mula sa Diyos para sa pangakong ito ng pamamahala sa ating mga landas.Ang bawat kinakailangan ay utos din. Kung hindi tayo nakakasiguro na ating natupad ang mga kinakailangan, kung gayon tayo ay maaring manalangin para tayo ay magkusa na may kasiguraduhan na ang Panginoon ay tutugon ng madalian. "... ngunit kung ikaw ay pumapayag na maging may pagkukusa', ang Diyos ay gaganapin ang gawain para sayo ..."[116]

Isang maliit na bagay na maaaring makatulong: Aman ba natin ang ating ginagawa, kapag tayo ay nakapanalangin kasama ang pangako ng Diyos, ating nagawa ang mga kailangan at pagkatapos ay alinlangan na masagot? Ating ginagawang sinungaling ang Diyos. Sa anumang paraan hindi natin nais na gawin. Kaya't sa ganitong punto, manalangin: Panginoon, ako ay naniniwala, tulungan mo ang aking hindi pagtitiwala. Samakatwid magtiwala!

***Mayroong mahalagang payo sa panalangin na may mga pangako sa kabanata ng "Faith and Prayer" sa aklat ng "Education" na isinulat ni E.G. White.***

## PANANALANGIN PARA SA BANAL NA ESPIRITU

Sa aking palagay tayo ay may pinakamahusay na katangian para sa pananalangin upang mapuspos ng Espiritu Santo. Ngunit hindi natin dapat kaligtaan na ito ay wala upang ang Dios ay pumayag na gawin ang ating nais, sa halip ay ang paniniwala sa kaniyang mga pangako at Kaniyang pagiging karapatdapatnapagtiwalaan.

115 E.G. White, *Education* (1903), p. 170.1

116 E.G. White, *Thoughts from the Mount of Blessing* (1896), p. 142.1

## Pangako upang Tanggapin ang Espiritu Santo

Binigyan tayo ng Panginoon ng kahanga- hangang mga pangako upang tanggapin natin ang Espiritu Santo:

> **Lukas 11:13:** *Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?*

Hindi ba ang ating Ama sa langit ay gumawa ng bumibigkis na pangako dito? Ang kinakailangan sa kahanga- hangang pangako na ito ay: humingi! Ngunit hindi ibig sabihin ni Jesus na humingi ng isang beses, ngunit gumagawa ng patuloy na pagsamo.

Gayunman, mahalaga na Makita ang nilalaman dito. Kinakailangan din basahin ang ibang mga talata, na nagsasabi ng tungkol din sa katulad na bagay, halimbawa:

> **Mga Gawa 5:32:** *"At kami'y mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Diyos sa nagsisitalima sa Kaniya."*

Ang kinakailangan dito ay: **pagsunod!** Ating nakikita rito na hindi natin maitaguyod ang ating mga sarili ng iisang talata: kinakailangan din natin isa-alang alang ang kaugnay na kahulugan ng pangako. Ito ay walang kinalaman sa pagiging masunurin minsan kapag ang isang bagay ay nakalulugod para sa atin. Sa halip, ito ay may kinalaman sa pagsunod sa Kaniya:ang ating Kahanga-hangang Tagapagligtas at Kaibigan. Ang pagsunod ay naglilikha ng kasiyahan. Manalangin tuwing umaga para sa isang masunuring puso. Manalangin na ang Panginoon ay gawin kang kusang gawin ang lahat ng bagay na nais Niya at tutulungan ka na tuparin ito. Ito ay naglilikha ng mabuting unang kailangan.

> **Juan 7:37:** *"Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito kayo sa akin, at uminom."*

Dito ay may kinalaman sa **pagnanasa** na kamtin ang Espiritu Santo. Kung ikaw ay walang pagnanasa, o sa tingin mo ay mayroong kaunti, kung gayon ay maaari kang manalangin para magkaroon ng pagnanasa. Ito ay kahilingan sang-ayon sa kalooban ng Diyos, na kung saan ay maaaring masagot agad. Kapag ating hiningi sa ating kahanga-hangang Diyos, maglilikha Siya sa atin ng "pagnanasa at ng katuparan". Maaari din tayong manalangin ng pagnanasa na

magkaroon ng malapit na ugnayan sa Diyos, na mahalin siya ng buong puso, na paglingkuran Siya ng may kagalakan, na magkaroon ng lumalagong pagnanasa kay Jesus at sa kaniyang malapit na pagbabalik at pagtitipon sa kaharian ng Diyos, pagnanasa na basahin ang salita ng Dios at matuto mula rito, at magkaroon din ng pagnanasa na tumulong at maging angkop na tumulong sa pagliligtas sa mga nawawala.

**Juan 7:37-38:** *"Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loib niya ay aagos ang mga ilog ng tubig ng buhay. Ngunit ito'y sinalita niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga magsisisampalataya sa Kaniya."*

Dito ang batayan ay: **paniniwala!** Ating nakikita dito na ang ating pananampalataya kay Jesu-Kristo, ang ating pagtitiwala sa Diyos, ay isang mahalagang kinakailangan upang tanggapin ang Espiritu Santo. Ngunit kung tayo ay mananalangin ng may mga pangako, kung gayon ang paniniwala ay madali.

**Gal. 5:16:** *"Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman."*

Tunay na mayroong pangako dito, na naipahayag bilang utos. Kapag nais ng Diyos na ako ay lumakad kasama ng Espiritu, samakatwid ito ay malinaw na nanganga-hulugan na nais Niya na ako ay punuin ng Espiritu Santo. At ipinakita Niya na kapag tayo ay puspos ng Espiritu Santo, samakat'wid tayo ay wala na sa habag ng ating kalibugan. Binasag na ng Espiritu Santo ang kapangyarihan ng kasalanan sa atin (Rom.8:1-17, lalo na ang talatang 2). Sa pamamagitan ng Espiritu Santo *"ang gawa ng laman"* ay nailalagay sa kamatayan (Rom8:13). Isaisip si Pablo, na nagsabi ng tungkol sa kaniyang sarili: *"araw-araw akong namamatay sa aking sarili"*. Tunay na napakahalaga na tayo ay hindi maging sa ilalim ng habag ng gawa ng laman (Gal.5:18-21), subalit tayo ay lumago sa bunga ng Espiritu (Gal. 5:22).

Ating maikukumpara ang kasalanan na hindi nakapanghimasok sa ating buhay kagaya ng pagkakatipon ng mga largabista *(binoculars)*. Upang walang alikabok na makapasok sa mga lente, ang silid ay kinakailangan labis ang presyon. Ibig sabihin, ang hangin kumikilos papalabas kapag binuksan ang pinto. Walang alikabok na makapapasok. Sa parehong paraan, kapag tayo ay puspos ng Espiritu Santo, *"hindi mo magagampanan ang gawa ng mga laman"*.

(Karagdagang impormasyon sa pag-aaral na ito ay nasa bahagi ng: *"Ang isang tao ba ay maaaring manatiling espiritwal?"* sa dulo ng kabanata.)

**Efeso 3:16-17&19:** *"Upang sa inyo'y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob; Na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo'y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig...upang kayo'y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos."*

Marahil hindi natin napapansin ang anomang kapangyarihan sa mahabang panahon. Ito ay maaaring kagaya ng nasa kalikasan. Sa panahon ng taglamig ang mga puno ay walang gayak at sa panahon ng tagsibol ito ay kulay luntian. Mayroong pagkalaki-laking mga kapangyarihan na gumagawa sa pagpapanumbalik ng buhay at kasiglahan. Nguni't hindi natin nakikita o napapakinggan sila. Subali't ating nakikita ang resulta. Ganyan ang pamamaraang nangyari sa akin. Ako'y nagpasalamat sa Dios na ako'y binigyan Niya ng saganang kalakasan.

Isa pang halimbawa: Ating nalaman sa nakalipas na mga dekada na mayroon tayong elektrisidad sa ating mga katawan. Nariyan sila, nguni't wala tayong kamalayan.

**Efeso 5:18:** *"...kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu"* o *"pahintulutan ninyo ang inyong mga sarili na maging patuloy at paulit-ulit na mapuspos muli ng Espiritu."*[117]

**Mga Gawa 1:8:** *"Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko..."*

Ang mga disipulo ay naatasan na maghintay hanggang sa ang kapangyarihan ay dumating. Hindi sila naghintay na walang ginagawa. "Sila ay nanalangin ng taimtim para sa kapangyarihan na harapin ang mga tao sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay at upang magkaroon ng tamang mga salita upang akayin ang mga makasalanan kay Kristo. Kanilang isinangtabi ang kanilang mga pagkakaiba at mga hangarin sa kapangyarihan."[118] Maaari din tayong manalangin kasama ang pangako na ito.

---

117 Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes,* (Lüneburg, 1999), S. 101

118 E.G. White, *The Acts of the Apostles,* p. 36-37

## WALANG POSITIBONG RESULTA …?

"Isang kabataang lalaki ang naghahanap ng payo, mula nang naisin niyang mapuspos ng Banal na Espiritu. Siya ay tunay na nagsusumikap. Tinanong siya ng pastor: "Iyo na bang ganap na ipinasakop ang iyong kalooban sa Diyos?' 'Sa tingin ko ay hindi ko pa lubos na nagawa.' 'Buweno' sabi ng pastor, 'kung gayon walang magagawang mabuti sa pananalangin [na mapuspos ng Espiritu Santo], hangga't hindi mo pa ganap na isinusuko ang iyong kalooban sa Diyos. Hindi mo ba nais na ipasakop ang iyong kalooban ngayon sa Diyos?' 'Hindi ko magawa', ang kanyang sagot. 'Ikaw ba ay pumapayag na ang Diyos ang gagawa nito para sa iyo?' 'Opo' sagot niya. 'Kung gayon iyong hilingin sa Kaniya na gawin ito sa'yo.' Siya ay nanalangin: 'Oh Diyos, alisin sa akin ang aking kalooban. Dalhin mo ako sa kalagayan ng lubos na pagpapasakop sa iyong kalooban. Ilapag mo ang aking kalooban para sa akin. Idinadalangin ko sa pangalan ni Jesus.' Pagkatapos ay nagtanong ang pastor: 'Ito ba ay nangyari?' 'Ito ay kinakailangang mayroon', sabi nya. 'Ako ay humiling sa Diyos ng bagay na sang-ayon sa Kaniyang kalooban at alam ko na ako ay Kaniyang tinugon at ngayon ay tinanggap ko ang aking idinalangin (1Juan 5:14,15). Tunay, ito ay nangyari – ang aking kalooban ay nailapag. 'At sinabi ng pastor: 'Ngayon idalangin mo ang bautismo ng Espiritu Santo [ang mapuspos ng Espiritu Santo].' Siya ay nanalangin: 'Oh Diyos, bautismuhan mo ako ngayon ng iyong Espiritu Santo. Idinadalangin ko ito sa pangalan ni Jesus'. At nangyari ito ng kaagad nang kaniyang inilapag ang kaniyang kalooban."[119]

## ANG MALAKING PAGKAKAIBA BAGO AT PAGKATAPOS

Kahit na ako ay sanay sa pananalangin ng may kasamang mga pangako sa matagal na panahon at nagagamit ko ito sa mga tanging mga sitwasyon at nakaranas ng mga kahanga-hangang kasagutan sa dalangin, aking inakala sa loob ng maraming taon na ito ay sapat na mabuti kung ako ay hihiling lamang para sa Espiritu Santo sa panalangin na hindi umaasa sa tiyak na mga pangako. Alam kong marami ang may katulad na kuro-kuro. Hindi ko ibig sabihin na ito ay isang bagay na mali. Ngunit nang aking balik-tanawan ang aking sariling karanasan, ako ay nanghinayang lang na ako ay nanalangin ng walang kasamang mga pangako. Sa ilang taon na din na ako ay nananalangin araw-araw na may pangako para sa Espiritu Santo, kaya't pagkatapos ng aking dalangin ako ay may

---

**119** Reuben A. Torrey, *Der Heilige Geist – Sein Wesen und Wirken* (Frankfurt, 1966), S. 150

kasiguraduhan na ako ngayon ay puspos ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng aking karanasan noong Oktubre 28, 2011, aking napagtanto ang malaking kaibahan bago ato pagkatapos.

Mula ng ako ay magsimulang manalangin na may kasamang mga pangako, ang aking ugnayan sa Diyos ay naging mas matalik at si Jesus ay mas malapit sa akin at naging mas dakila para sa akin. Hindi lamang ito pansariling damdamin, maaari ko itong iugnay sa mga sumusunod na mga bagay:

- Habang binabasa ko ang Biblia ako ay nagkakaroon ng bago at nagbibigay-pa-asang mga pananaw.
- Sa pakikipaglaban sa tukso ako ay nananatiling matagumpay.
- Ang aking panahon sa panalangin ay naging mas mahalaga para sa akin at nagdulot sa akin ng malaking kaligayahan.
- Dininig ng Diyos ang marami kong mga dalangin.
- Mayroon akong mas maraming kaligayahan at higit na *"katapangan"* (Mga Gawa 4:31) na sabihin sa iba ang tungkol kay Jesus.
- Ako ay naging lalong palakaibigan sa aking sariling mga kaibigan.
- Ako ay namumuhay ng masaya sa biyaya ng Diyos at naramdaman ko ang seguridad sa Kaniyang mga kamay.
- Sa mahirap na pagkakataon ako ay tinutulungan ng Diyos ng kahanga-hangang paraan at pinalalakas ang aking kalooban.
- Aking naunawaan kung anong espirituwal na mga kaloob ang ibinigay ng Panginoon sa akin.
- Ang pamimintas ay natigil. Kapag naririnig ko ang iba na namimintas ako ay hindi mapalagay.

Ang pagbabago ay nangyari nang tahimik. Una kong napansin ito pagkatapos kong mag-gugol ng panahon araw-araw na manalangin para sa Espiritu Santo na may mga pangako mula sa Biblia. Simula noon ako ay nakakaranas ng kakaibang uri ng pagi-ging Kristiyano. Noong dati, ang aking buhay kasama ang Dios ay malimit nakaka-pagod at mahirap, ngayon aking nararanasan ang kaligayahan at kapangyarihan.

Pinagsisisihan ko ang mga naging kawalan sa aking pansariling buhay dahil sa kakulangan ng Banal na Espiritu, sa mga pagkalugi sa loob ng aking pag-aasawa at pamilya, at sa mga kawalan sa mga iglesia na kung saan ako ay naglingkod bilang isang pastor. Nang aking naunawaan ito ako ay humingi sa Panginoon ng kapatawaran.

Totoong kasawiangpalad sa ganitong panig na hindi tayo maaaring makapag-akay ng sinuman maliban sa ating mga sarili. Nais din nating alalahanin na ang mga pan-sariling pagkukulang ng bawat isa sa pamilya at sa iglesia ay nadagdagan o dumami.

Upang ang iba ay hindi na mamighati sa katulad na pagkakamali sa kanilang buhay, nais kong magdagdag ng iilang kaisipan.

Sa 2 Pedro1:3-4 ay nagsasabi na sa pamamagitan ng malapit na ugnayan kay Jesus tayo ay maaaring *"sa pamamagitan...mahalaga at napakadakilang pangako...makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos."*

Ito rin ay nangangahulugan na ang Banal na Espiritu ay ibinigay sa akin sa pama-magitan ng mga pangako. Maaari mong ihambing ang mga pangako sa tseke ng bangko. Kapag ating ipinakita ang tseke na may lagda mula sa may hawak ng account, maaari tayong maglabas ng salapi mula sa ibang account. Bilang anak ng Diyos (Juan 1:12) maaari tayong araw-araw na kumuha kasama ang tseke (mga pangako) na may lagda ni Jesus. Walang magagawang mabuti kung ating ipakikita ang ating sariling tseke, kahit na kung ang tseke ay ginawa ng isang pintor. Kailangan natin ng pirmadong tseke mula sa may-ari ng account.

May isa pang dahilan, na maaaring mag-himok sa atin na manalangin ng may pangako. Mayroon kapangyarihan sa salita ng Diyos. Bakit si Jesus ay nanalangin sa krus ng tatlong beses ng mga salita na nagmula sa Mga Awit? Bakit kanyang ipinagtanggol ang Kaniyang sarili at nilabanan si Satanas ng mga talata sa Biblia nang tuksuhin Siya sa ilang? (Mateo 4:4,7,10) Kaniyang sinabi: *"mabubuhay ang tao sa* ***bawa't salitang*** *lumalabas sa bibig ng Diyos."*

Si Jesus, ang Manlalalang, ay nakakaalam na may kapangyarihan sa salita ng Diyos. "Sa bawat utos at sa bawat pangako sa salita ng Diyos ay ang kapangyarihan, ang pinakabuhay ng Diyos, na kung saan ang utos ay maaaring matupad at ang pangako ay maganap."[120] Isang kahanga-hangang pahayag! Ang kapangyarihan ng Diyos at ang Kaniyang buhay ay nasa bawat mga pangako. Kapag tayo ay nanalangin na may pangako, ating ginagamit ang salita ng Diyos sa ating mga dalangin. Sang-ayon sa salita ng Diyos: *"Magiging gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko:hindi babalik sa akin na walang bunga..." (Isa. 55:11)*

Aking panukala lamang na manalangin sa Espiritu Santo nang may pangako. Kapag nanalangin nang may pangako, alam ko na matapos kong hilingin ang Espiritu Santo na aking tinanggap ito sang-ayon sa pangako sa Salita ng Diyos sa 1Juan 5:15: *"At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating*

---

**120** E.G. White, *Christ's Object Lessons* (1900), p. 38.2

*hingin,* ***ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi."*** Kapag ako ay nanalangin na walang pangako, samakatwid ako ay **umaasa** na ang aking panalangin ay tutugunin. Mas maigi na magkaroon ng panahon sa panalangin na gaya nito at maranasan ang mapagpalang araw, kaysa sa magreklamo sa mga kabiguan sa kinagabihan.

May natanggap akong sulat, na isinulat ng may kaligayahan: "Hindi ko inakala na posible na magkaroon ng malaking pagkakaiba kung ako ay mananalangin sa pangunguna ng Diyos sa buong araw na gamit ang 'aking sariling salita' o kapag ako ay nananalangin na may kasamang pangako mula sa Biblia! Ang mga pangako ay palaging mahalaga para sa akin. Ako ay laging naniniwala sa kanila, ngunit ako'y hindi nagtagumpay na angkinin sila araw-araw. Ang aking buhay kasama si Jesus ay nagkamit ng mas malalim, mas maligaya, mas panatag, at mas kalmado. Ako ay nagpapasalamat sa Diyos ng dahil dito."[121]

Dahil dito, ako ay nagpasya na ibahagi ang halimbawa ng panalangin para sa Espiritu Santo na may mga pangako. Natural, maaari itong paikliin. Mahalaga na ating matutunan na manalangin para sa ating mga sarili na galing mismo sa salita ng Diyos. Ngunit ang pinakamahalagang punto ay upang ang ating pananananampalataya ay napalakas sa pamamagitan ng mga pangako sa kapamaraanan na pagkatapos nating manalangin tayo ay may kasiguraduhan na ating tinanggap ang Espirotu Santo. Tinanggap natin ang Espiritu Santo kapag ating pinaniwalaan ang ating idinalangin.

---

**121** Email para kay H. Haubeil C.S.

## ISANG MODELONG PANALANGIN NA MAY MGA PANGAKO PARA SA ARAW-ARAW NA PAGBABAGO NG BANAL NA ESPIRITU

*Amang nasa langit, ako ay lumapit sa Iyo sa pangalan ni Jesus na aming tagapagligtas. Sinabi Mo:* ***Ibigay mo sa akin ang iyong puso.*** *(Kawikaan 23:26) Nais kong gawin ito ngayon sa pamamagitan ng pagpapasakop ng aking sarili ngayon kasama ang lahat ng bagay sa akin at kung ano ang meron ako.*[122] *Salamat na Iyo nang tinugon itong dalangin sang-ayon sa Iyong kalooban, sapagkat ang Iyong salita ay nagsabi na kung kami ay mananalangin sang-ayon sa Iyong kalooban, alam namin na amin na itong tinanggap (1 Juan 5:15). At ikaw din ay nagsabi na ang sinoman ang sa Iyo ay lumapit ay hindi mo itataboy (Juan 6:37).*

*Sinabi ni Jesus: "Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marunong mangagbigay ng mabubiting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa* ***nagsisihingi*** *sa Kaniya." (Lukas 11:13)*

*Sinabi mo pa na Iyong ipagkakaloob ang Espiritu Santo sa mga* ***naniwala*** *sa Iyo (Juan 7:37-38), sa mga sumunod sa Iyo (Mga Gawa 5:32), sa mga pumayag na sila ay* ***mabago*** *ng Banal na Espiritu (Efeso 5:18), at sa mga* ***lumalakad sa Espiritu*** *(Gal.5:16). Ito ang aking hangad. Pakiusap, ganapin mo ito sa akin. Dahil dito ako ay humihiling nang matapat sa Iyo Ama na ipagkaloob sa akin Espiritu Santo ngayon. Yamang ito ay kahilingan sang-ayon sa Iyong kalooban, salamat at Iyo nang ibinigay ang Espiritu Santo ngayon (1Juan 5:15). Salamat at aking tinanggap din ang Iyong sakdal na pag-ibig, sapagkat ang Iyong salita ay nagsasabi:* ***"Ang pag-ibig ng Diyos ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin."*** *(Roma 5:5; Efeso 3:17) Nais kong sabihin kasama ng salmista:* ***"Iniibig kita, oh Panginoon, na aking kalakasan."*** *(Mga Awit 18:1). Salamat at maaari kong ibigin ang aking mga kapwa batay sa Iyong pag-ibig.*

*Salamat at sa pamamagitan ng Iyong Espiritu Santo ang kapangyarihan ng kasala-nan sa akin ay winasak (Roma 8:13, Gal. 5:16). Pakiusap iligtas at ingatan ako nga-yon mula sa kasalanan at mula sa sanlibutan, ipagkaloob mo sa akin ang panangga-lang mula sa masamang mga anghel, iligtas mo ako sa mga pagsubok at kung kina-kailangan alisin Mo ako at iligtas Mo ako mula sa aking masamang likas. (1 Juan 5:18)*

*At pakiusap tulungan Mo ako na maging Iyong saksi sa salita at sa gawa (Mga Gawa 1:8). Pinupuri kita at pinasasalamatan kita sa pagdinig sa aking dalangin. Amen.*

---

122 "Only those who will become co-workers with Christ, only those who will say, Lord, all I have and all I am is thine, will be acknowledged as sons and daughters of God." E.G. White, *The Desire of Ages* (1898), p. 523.1

Si Jesus mismo ay nais mamuhay sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo (1 Juan 3:24; Juan 14:23). Sabi ni E.G. White: "Ang impluwensiya ng Banal na Espiritu ay ang buhay ni Kristo sa kaluluwa."[123] Ang kapangyarihan na nagbago kay Pedro, Pablo at sa marami pang ibang mga tao ay mayroon din para sa atin. Siya din ay nagbigay sa atin *"upang sa inyo'y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa pagkataong loob."* (Efeso 3:16)

Ang pagiging puspos ng Espiritu Santo ang susi para sa buhay ng pananampalataya sa kaligayahan, kapangyarihan, pag-ibig at pananagumpay laban sa kasalanan. "*...kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan."* 2 Cor. 3:17

Sa isang mensahe na aking natanggap ay ganito ang sinasabi: "Maraming miyembro sa iglesia ang araw-araw na idinadalangin ang iminungkahing panalangin nang dalawahan. Sa nakalipas na limang buwan ako ay nananalangin kasama ng aking kasintahan. Hindi lamang ang mga bagay ay nagkakaroon ng pagbabago sa pansarili, ngunit gayon din sa tahanan, sa ugnayan, sa pag-aasawa, espirituwalidad at sa iglesia – hindi sa pamamaraan na nagdudulot ng malaking hidwaan, sa halip ito ay nagaganap sa tahimik at natural na pamamaraan. Kami ay namangha at nakita ito bilang paraan ng paglilinaw ng Diyos, na ang buhay ay nagiging madali ang mga paraan, mula nang aming maramdaman ang pagiging malapit ng Diyos nang higit at lalo pa."[124]

## MAAARI BA NA MANATILING ESPIRITUWAL ANG ISANG TAO?

Oo! Kapag hindi natin pinapahintulutan ang ugali ng kawalan ng pananampalataya na mabuo at huminga ng espiritwal: *"huminga ng palabas"* sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ating mga kasalanan at *"lumanghap"* sa pamamagitan ng paggamit ng pag-ibig ng Diyos at pagpapatawad at sa pagbabago ng panalangin ng pananampalataya na mapuspos ng Espiritu Santo.[125]

Ito ay tulad ng ating ugnayan sa ating mga anak. Kapag ang isang bata ay hindi masunurin, siya ay nananatili pa din na ating anak. Ngunit tayo ay nakakaramdam

---

123 Editor Francis D. Nichol, *Adventist Bible Commentary* Vol. 6 (Hagerstown, 1980), p. 1112

124 Email to Helmut Haubeil: E.S.

125 Helmut Haubeil & Gerhard Padderatz, *Gott, Geld & Glaube* (Eckental, 2009), p. 97

ng pagkaputol sa ating relasyon. Maaaring hindi makatingin ang bata sa ating mga mata. Ito ay maaaring maituwid sa pamamagitan ng pag-amin ng pagkakasala.

Ngunit ang tao ay maaaring maging laman muli sa matagal na panahon. Ang Biblia ay hindi nagtuturo ng "minsang nalitas, palaging ligtas" (once saved, always saved). Ang ating makasalanang sarili ay nananatili pa rin. "Wala sa mga apostol at mga propeta ang nagsabing hindi sila nagkasala."[126]

Ngunit sa pamamagitan ng buhay na kasama ang Espiritu Santo at si Jesus sa ating mga puso, ang kapangyarihan ng kasalanan ay nawasak upang tayo ay mamuhay ng masaya at malakas ng Kristiyanong buhay. Ang ating katwiran ay na kay Jesu-Kristo lamang *"...na sa atin ay ginawang karunungang mula sa Diyos, at katuwiran at kabanalan, at katubusan"* (1 Cor. 1:30). Ang mahalagang pag-aaral na ito ay tatalakayin ng lalong detalye sandali lamang.

Kung tayo ay naging laman muli sa pamamagitan ng mahabang kapabayaan sa espiritwal na buhay o sa pagkukulang na humingang espiritwal, kung gayon maaari nating mabatid na ang ating maawaing Tagapagligtas ay naghihintay para sa atin.

Mahalaga na alam natin ang paraan kung paano tayo mababago sa biyaya ng Diyos, at maypag-asa na mapangunahan ang espiritwal na buhay magpakailanman. Walang kinakailangan na manatiling laman.

Ngunit alalahanin na parehong personal at sa pangkalahatan kung anong sinabi ni Randy Maxwell: "Sa tingin nyo ba na ang pagbubuhay ng Diyos sa Kaniyang iglesia sa malapitang kamatayang espiritwal ay mangyayari kung walang pagsisikap?"[127]

Ang buhay na sagana dito at buhay na walang hanggan, ang kaligtasan ng maraming tao at ang pasasalamat natin sa malaking sakripisyo ni Jesus ay kapakinabangan sa lahat ng pinaghirapan. Ang mahalagang bagay ay makatagpo ang ating Panginoon sa umaga para sa pagsamba. Dito tayo ay Kaniyang binibigyan ng kasangkapan ng kapangyarihan.

> Ating mababasa ang mga sumusunod kay Apostol Juan:
>
> "Araw araw ang kaniyang puso ay nalalapit kay Kristo, hanggat hindi niya na nakikita angvKaniyang sarili sa pag-ibigvsa kaniyang Panginoon. Ang kaniyang maramdamin, mapag-hangad na ugali ay naipasakop sa mapagbagong kapangyarihan ni Kristo. Ang kapangyarihan ngpag-ibig ni

---

**126** E.G. White, *The Acts of the Apostles* (1911), p. 561.1

**127** Randy Maxwell, *If My people Pray* (Pacific Press, 1995), p. 158

Kristo ang siyang nakapagbago ng ugali. Ito ang siguradong resulta ngpakikipag-isa kay Jesus. Kapag si Kristo ang nanirahan sa puso, ang buong sang-katauhan ay nababago."[128]

*"Idilat mo ang aking mga mata, upang ako'y makakita ng kagila-gilalas na mga bagay sa iyong kautusan."* (Mga Awit 119:18) Salamat at ako ay Iyong pina-patnubayan at aking masasabi: *"Ako'y nagagalak sa iyong salita, na parang nakaka-sumpong ng malaking samsam."* (Mga Awit 119:162)

**128** E.G. White, *Steps to Christ* (1892), p. 73.1

KABANATA 6

# ANONG KARANASAN ANG NAGHIHINTAY PARA SA ATIN?

*Personal na karanasan,*
*at mga karanasan mula sa simbahan,*
*komperensya at union*

## ANG KARANASAN NG ISANG KAPATID NA LALAKI

"Sa nakalipas na dalawang taon, ako ay nananalangin araw-araw para sa pagbuhos ng Espiritu Santo sa aking buhay. Ang aking hiling ay na si Jesus ay mamuhay sa akin ng higit na sagana sa bawat araw. Ang aking paglalakbay kasama ang Diyos [sa panahon na ito] ay naging hindi kapanipaniwala. Ang bunga ng Espiritu sa Galatia 5 ay naging lalong kapansin-pansin sa aking buhay mula ng aking hilingin si Jesus ay mamuhay sa akin, na gawin ang Kaniyang kalooban sa akin at upang araw-araw ay baguhin ako ng Espiritu Santo. Ako ay may higit na kaligayahan sa pagbabasa ng Biblia, pagbabahagi kay Kristo sa ibang tao at ako ay mayroong malakas na pananasa na idalangin ang iba; at saka ang aking pamumuhay ay nabago ng lubusan. Nakita ko itong lahat bilang pagpapatotoo ng aking araw-araw na pagsaliksik sa Diyos at sa aking araw-araw na paghiling ng Espiritu Santo." C.H. Kaniyang ibinahagi pa:

***"Aking hinahamon kayo na manalangin araw-araw upang mapuspos ng Espiritu Santo sa loob ng anim na sanlinggo at tignan ninyo kung ano ang mangyayari."***

## 40 ARAW NG PANANALANGIN SA SERBIA

"Noong Setyembre 2010, aming isinalin sa ibang wika at inilathala ang aklat na *40 Days: Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming*. Ginawa namin itong maaaring magamit o magkaroon ang lahat ng miyembro sa aming union. Pagkatapos kami ay bumuo ng lingguhan at araw-araw na pulong panalangin sa loob ng 40 araw sa mga lokal na iglesia, at sa tahanan ng mga miyembro, na kung saan ang mga tao ay nag-ayuno at nanalangin para sa sariwang pag-bubuhos ng Banal na Espiritu.

Ayon sa nangyari, isang ganap na bagong klima ang nagsimulang mabuo sa lokal na kongregasyon. Ang mga hindi aktibong miyembro ay naging masigla at mas naging interesado sa paglilingkod sa iba. Yaong mga nag-away ng matagal na panahon tungkol sa iba't-ibang isyu (at huminto kahit na sa pakikipag-usap sa bawat isa! ), ay nagkasundo, at nagsimulang bumuo ng mga plano para sa paglilingkod sa komunidad na magkasama.

Pagkatapos noong Oktubre 2010, sa panahon ng taunan na konselyo, ang "Revival and Reformation initiative" ay ipinakilala. Malugod namin itong tinanggap, amin itong nakikita bilang pagpapatuloy ng kung ano na ang sinimulan ng Dios sa aming Union.

Aming nakita ang mas malapit na pagsasama, mas higit na pagkakaisa, at mas mabuting karaniwang pag-uunawaan sa pagitan ng mga pinuno ng Union bilang pangunahing resulta ng mga pulong panalangin na ito."[129]

## 40 ARAW NG PANALANGIN SA ZURICH/SWITZERLAND

"Ako at ang aming pastor ay pareho na nakatanggap ang bawat isa ng aklat na ang nilalaman ay tunay na nagpanginig sa amin. Ang pamagat ay: *40 Days: Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming* by Dennis Smith, Review and Herald Publishing Association. Ang aklat na ito ay hindi maaaring basahin pagkatapos ay ilagay lang sa isang tabi. Ang mga nilalaman ay nagbago ng aking buhay.

Simula nang ang aming iglesia sa Zurich-Wolfswinkel (na mayroong halos 100 na miyembro) ay nakaramdam ng malaking pangagailangan para sa pagpapanibagong buhay at panalangin, aming pinagplanuhan ang 40 Araw na Panalangin para sa panahon ng taglagas noong 2011. Ang aklat ay nagbigay ng mga detalyado at mahahalagang impormasyon at maliban pa dito ay may kasama ito na 40 nararapat na araw-araw na pagsamba.

---

129 M. Trajkovska, Southern Europian Union, Belgrade, quoted in *www.revivalandreformation.org*

Ang mga paksa ay may kinalaman para sa pagiging puspos ng Espiritu Santo, panalangin, pangangaral, ang buhay ni Jesus at ang espiritwal na pagsasama-sama.

Kaya't aming pinasimulan ang 40 Araw noong Oktubre 1, 2011 na may malaking pag-asa at inaasahan. Sa kabutihang palad, karamihan sa miyembro ng iglesia ay nakisangkot. Ang mga magkasama sa pananalangin ay nagkikita araw-araw upang manalangin, ang mga mensahe ay ipinapadala sa bawa't araw at ang mga tao ay nananalangin sa telepono. Ang isang grupo ay nagtatagpo tuwing ika-anim ng umaga upang sumamba at manalangin.

Ang aming 40 mga Araw ay hindi makakalimutang karanasan. Tinugon ng Dios ang marami naming mga dalangin, lalo't higit ang may mga kinalaman sa serye ng pag-aaral ng hula sa Biblia, na naganap din sa kasabay na panahon. Ang mga lekturang ito ay malaking pagpapala. Nagkaroon kami ng maraming bisita at 20 na tao ang nagpatala para sa susunod na seminar tungkol sa propesiya. (Pag-asikaso sa Marso 2013: sa pagitan ng 50-60 bisita ang dumating, na hindi nangyari sa Zurich sa loob ng 20 taon.)

Ang Espiritu ng Dios ay gumawa ng patuloy na pagbabago sa loob ng aming iglesia at ito ay isang kagalakan na makita na ang aming maliit na mga grupo ay nag-uumpisang lumago, at kung paanong ang mga miyembro ng iglesia, na sabik na magkaloob ng pag-aaral ng Biblia, ay humanap ng mga interisadong mga tao. Ang mga nakisangkot, ngayon ay nagkaroon ng mas malalim na pagnanasa upang ipagpatuloy ang gawain ng Espiritu ng Dios. Nais namin Siyang pasalamatan mula sa aming buong puso at ibigay sa Kaniya ang kaluwalhatian." Beatrice Egger, mula sa iglesia ng Adbentista sa Zurich-Wolfswinkel.

## 40 ARAW NA PANALANGIN AT PANGANGARAL SA COLOGNE/GERMANY

Si Pastor Joao Lotze ay isang German-Brazilian. Siya ay nagtrabaho ng 38 taon sa mga iglesia at ospital sa Brazil, gayun din sa Union at sa Dibisyon ng Timog America. Siya ay nagretiro noong Marso 2012. Siya at ang kanyang asawa ay nagkasundo na pumunta sa Cologne bilang "His Hands Missionaries" at nagtrabaho sa mga iglesia na nagsasalita ng Portuges at Espanyol.

“Nag-umpisa kami sa Cologne ng may maliit na maalagang grupo upang himukin ang mga miyembro ng iglesia at upang mag-anyaya ng mga panauhin. Sang-ayon sa aming karanasan sa Brazil, nagkaroon din kami 40 mga Araw ng panalangin sa Cologne. Ang mga materyales ay maaaring gamitin sa Portuges.

Ang mga simbahan na may mga miyembro na nakakapagsalita ng Portuges, Espanyol at German ay may kaligayahang nag-umpisa ng 40 mga Araw ng Panalangin. Kami ay nanalangin araw-araw para sa 100 na mga kaibigan at mga kakilala. Ang mga pangalan ng mga taong ito ay nakasulat sa pisara sa loob ng iglesia. Hanggang hindi pa kami umabot sa ika-30 hanggang ika-35 araw ng pananalangin, saka namin ipinaalam sa kanila na sila ay aming idinadalangin at gayun din amin silang inanyayahan sa natatanging Sabbath na pagpupulong para sa mga panauhin. 120 na mga tao ay pumunta sa isang natatanging pagpupulong na ito ng iglesia. Si Christian Badorrek, direktor ng Personal Ministri para sa Nordrhein-Westfalen, ang syang nagdaos ng pangaral. Ang ibang mga panauhin ay napaiyak sa tuwa nang makita nila ang kanilang mga pangalan sa pisara.

Pagkatapos, si Antonio Goncalves, isang mangangaral mula sa Brazil ay nagdaos ng 15 araw ng pangangaral. Sa bawat gabi sya ay nagsalita ng 1.5 oras (kabilang na ang pagsasalin ng wika). Ang pamagat ng serye ay “Tulutan ang Biblia na sorpresahin ka”. Ang mga paksa ay may kinalaman sa ikalawang pagbabalik, gayun din ang mga paksa ng Daniel at Apokalipsis. Ang mga lektura at mga awit ay naisalin mula Portuges patungong Aleman. Mayroong maliliit na grupo ng mang-aawit at mabubuting awitin bawat gabi. Ang bawat gabi ay tinapos nang may panawagan na lumapit sa Diyos. Kami ay nagpapasalamat sa magandang mga katugunan. Ang mga miyembro ng iglesia ay nanalangin ng lubusan, lalong higit sa mga taong nagmula sa 40 Araw ng Panalangin.

Ang aming simbahan ay makakapagpaupo ng 80 tao. Ngunit mahigit 100 tao ang dumating. Sa mga dulo ng sanlinggo ang simbahan ay puno at sa panahon ng sanlinggo ay mayroong ma 60 tao. 32 mga panauhin ang dumalo ng regular. Ito ay humantong sa 8 nabinyagan at 14 na tao ay sumali sa klase ng mga bibinyagan. Sa katapusan ng taon 13 tao an nabautismuhan.

Kami ay nagkaroon ng maraming nakakasorpresang mga karanasan. Napakahirap na maghanap ng tagapagsalin. Isang guro na katoliko ang nag-alok ng tulong. Ngunit wala siyang gaanong karanasan kasama ang Biblia. Kaya kami ay nanalangin para sa isang tagapagsalin na protestante. Hindi nagtagal aming nakilala ang isang babae sa isang kainan, na nagpaliwanag na siya ay nagsalin ng may malaking kagalakan mula Portuges tungong Aleman sa

simbahan ng Pentecostal. Siya ang aming naging tagapagsalin sa buong serye ng pangangaral at siya din ay nabautismuhan.

Si Maria, ang aming tagapagsalin ay nagtanong kung maaari niyang anyayahan ang kanyang kaibigan na si Elisabeth upang dumalo. Siya ang pinuno ng maliit na iglesia ng Columbia sa Cologne na may 13 miyembro. Siya ay dumalo at nagsama ng miyembro ng kaniyang simbahan kasama niya. Simula noon, 2 sa kanyang kasamahan ay nabautismuhan. Si Elisabeth at ang kanyang pamilya ay tumatanggap ngayon ng pag-aaral ng Biblia.

Isa pang karanasan ay naka-ugnay sa Hope Channel. Isang Aleman na babae ang hindi sinasadyang nasumpungan ang Hope Channel at nabighani sa kanyang napakinggan, kasama kung ano ang binanggit tungkol sa Sabbbath. Kaniyang niyaya ang kanyang asawa na makinig kasama siya. Siya din ay nagalak sa mga mensahe. Isang araw nang sila ay pumunta upang dalawin ang kanyang ina, sila ay na-engganyo na dumaan sa ibang daan. At sa kanilang dinadaanan ay nakita nila ang karatula ng Seventh-Day Adventist Church. Kanilang napagtanto na sila ang mga Adbentista mula sa Hope channel. Nang Sabado siya ay pumunta sa pagpupulong. Tapos kaniyang inimbitahan ang kanyang asawa at ang kaniyang ina na sumama. At simula noon, tatlo silang nabautismuhan.

Isa pang karanasan ang kinasasangkutan ng isang Ruso-Aleman na babae. Siya ay nakibahagi sa 40 Araw ng pagsamba at nag-umpisang manalangin para sa kaniyang mga kapitbahay na nagsasalita ng Ruso. Nang kaniyang binanggit sa isa sa kaniyang kapitbahay na siya ay nananalangin para sa kaniya, ang kapitbahay ay talagang nagulat at nagsabi na siya ay naghahanap ng isang simbahan na nangingilin sa araw ng Sabbath. Siya, kasama ng iba pa niyang kapitbahay ay pumunta sa serye ng pangangaral. Dalawa sa kanila ay nabautismuhan.

Isa pang karanasan ay kinasasangkutan ng isang babae na ang pangalan ay Jeanne. Siya ay miyembro ng simbahan ng Baptist sa Brazil at ngayon siya ay naghahanap sa Cologne ng isang simbahan na nagsasalita ng Portuges. Siya ay nakatagpo ng simbahan ng Adventista, tumanggap ng pag-aaral ng Biblia at siya ay nabautismuhan. Pagkatapos ng kaniyang pagbabagong buhay, kaniyang tinawagan ang kaniyang mga kamag-anak sa Brazil at sinabi sa kanyang tito na isang Adventista na siya din ay kabilang na sa Adventista. Ito ay malaking sorpresa para sa kanyang ina, sa kanyang mga kapatid at sa simbahan na Baptist sa Brazil, na kung saan siya ay dating kabilang. Ang kaniyang pamilya sa Brazil sa dakong huli ay dumalaw sa simbahan ng Adventista upang ipabatid sa kanilang sarili ang tungkol sa Sabbath. Ito ay humantong sa pagbautismo ng limang tao

sa Brazil: ang kanyang ina, 2 kapatid na babae at iba pang kamag-anak. Ngayon siya ay nananalangin para sa pagbabagong-loob ng kaniyang iba pang kapatid na babae, na naninirahan sa Argentina. Nais niya na makapiling sila sa kaharian ng Diyos.

Dahil sa pangunguna ng Diyos, nagkaroon pa kami ng marami pang ibang karanasan. Sa unang pagbabautismo ay 8 tao ang nabinyagan – tig-iisa mula sa Italy, Germany, Peru, Brazil, Ukraine, Venezuela, Columbia at Russia.

Nang taglagas kami ay nagkaroon muli ng isang serye ng pangangaral na may kaugnayan sa 40 Araw ng Pagsamba. Si Jimmy Cardoso at ang kaniyang asawa, na nagmula sa Brazil, ngunit ngayon ay naninirahan sa USA, ang nadaos ng serye n pangangaral. Kahit na ang serye ay natapos lamang sa loob ng isang lingo, kami ay nakapagbautismo ng apat na ginigiliw na mga tao sa katapusan. Sila ay nakaroon ng pag-aaral ng Biblia noong nakalipas. Mayroong tatlong German at isang Italian.

Ang parehong bautismo ay idinaos sa pangunahing iglesia sa Cologne, na mayroong 400 na miyembro at may magandang kagamitan sa pagbibinyag.

Aming pinasalamatan ang Diyos na kami ay kanyang sinorpresa sa gayong dakilang paraan. Ako ay naniniwala na mayroon pa syang mas dakilang karanasan na nag-aantay para sa amin. Palagi ninyo kaming isama sa panalangin." Joao Lotze, Cologne, Germany

***Mahalagang pamamagitan:*** "Ang una ay akin lamang tinapos na binasa ang aklat na [40-Days-Book]. Simula sa unang pahina ako ay totoong humanga. Tayo ay hindi lamang dapat nananalangin para sa isang tao, gayon din ay may pagmamahal na sila ay alagaan. Ito ang tumutulong upang ang pamamagitan ay mabuhay. Sa kasamaang-palad, ako ay walang nakitang pamamagitan sa ganitong paraan. Ipinamumuhay ang iyong pananampalataya! Ako ay naniniwala na ito ay magkasing halaga para sa taong nananalangin, at sa taong idinadalangin. Gayundin, ako ay naniniwala na ang samahan sa loob ng iglesia ay magiging malakas. Oh ako'y umaasa na ang gayong samahan ay mangyayari kagaya ng inilalarawan sa huling bahagi ng aklat. Sa katunayan, ako ay napaiyak, sapagkat ako ay naghangad ng ganitong klaseng samahan sa matagal na panahon. Ako ay naniniwala na ang aklat na 'Christ in me' ay makapagpapalago at makapagpapalaya sa atin mula sa ating mga sariling kabutihan. Marami akong nabasang mga aklat tungkol sa 'Christ in me', ngunit ang aklat na ito tila ba ang mas makatutulong. Naniniwala ako na ang iyong buhay sa panalangin ay mapalalakas ng aklat na ito, upang ang samahan sa iglesia ay maaalagaan at gagawin nitong mas buhay ang pamamagitan. Ang aklat na ito ay nagbigay sa

akin ng pag-asa para sa aking sarili, para sa iglesia at para sa mundo. Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil sa aklat na ito. Sa susunod, aking pinaplano na pag-aralan ang 40-Day gabay na aklat, idadalangin ito at pagkatapos ay dalhin ito saan man ituro ng Diyos."

***Ilang linggo ang nakalipas*** ako ay nakatanggap ng email mula sa isang kapatid na babae. "Ayon sa iyong nalalaman, noong una akin lang binasa ang aklat hanggang matapos. Ngunit sa kadahilanan na aking naumpisahan na pag-aralan ang mga pagsamba kasama ng aking katambal sa panalangin, aking natuklasan na ito ay mas higit na mahalaga kaysa sa aking inisip nang una. Ako ay nakakuha ng kasagutan sa mga bagay, na hindi ko nakamtan ng sa aking sarili. Salamat sa Diyos dahil sa aking katambal sa panalangin, na masinsinan at aktibong nakikisangkot." H.K.

***Hindi na sigurado:*** "Ang libreto na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagbabagong Buhay ay tumimo sa akin nang hindi pangkaraniwan. ...Ang maipanganak sa pamilyang Adventista ako ay naniwala na aking tinatahak ang tamang landas. Ang kabanata na tungkol sa 10 birhen at lalo na ang Roma 8:9b: *"Ngayon kung sinuman na wala ang Espiritu ni Kristo, ay hindi sa Kaniya"* ay gumulat sa akin. Biglaan kong hindi nasiguro kung mayroon akong Espiritu Santo at kung Siya ba ay gumagawa sa akin, sapagkat hindi ko nakikita ang "bunga" sa aking buhay. Ngayong hapon ng Sabbath aking natapos basahin ang libreto at isang malalim at hindi maarok ang lalim na kalungkutan ang dumating sa akin. Pagkatapos ay aking binasa ang panalangin sa huling bahagi ng aklat at isang malalim na pagnanasa ang nagkaroon sa loob ko na tanggapin ang Espiritu Santo, upang pahintulutan Siyang baguhin ang aking puso at ako ay hugisin ng Diyos sang-ayon sa Kaniyang kalooban. ...A.P.

***Kilalanin SIYA:*** "May ilang panahon ang nakalipas aking nabasa ang iyong artikulo tungkol sa pagpapanibagong buhay. Ako ay naging abalang-abala ng paksang ito sa loob ng tatlong taon. Ngayon, sinimulan ko pa lamang basahin ang *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*. Ang akin lamang masasabi ay AMEN para dito! Ako ay natutuwa na sa mga pahina nito ay aking nakita ang marami sa 'aking sariling' kaisipan. Ako ay nasa ilalim ng paniniwala na sa ating iglesia tayo ay nawawala sa layunin ng isang pulgada. Hindi ko maalis sa aking pakiramdam na nawala sa ating paningin ang mahahalaga! Malimit ito ay may kinalaman sa 'kung ano ang katotohanan', 'kung paano tayo mamumuhay' o 'gaano kahalaga ang propesiya', at hindi ko

sinasabi na ito ay mali. Ngunit hindi natin napuna kung BAKIT ibinigay ng Diyos sa atin ang mga bagay na ito! Hindi ba't ang katotohanan ay naglalayon ng ganap na pagsasama sa Diyos? Sa halip,hindi ba't ang mga lugar na ito ang tutulong ng TUNAY sa atin na makilala ang Diyos? Hindi ba't ang layunin ng propesiya na kilalanin natin ang kadakilaan ng Diyos at ang lubos na kapangyarihan, na maunawaan natin na hawak Niya ang buong sanlibutan sa Kaniyang kamay at pinangungunahan ito at sa gayong paraan ay maaari Siyang manguna at hugisin ang ating mga buhay? Ano ang buhay na walang hanggan? Juan 17:3: *"At ito ang buhay na walang hanggan, na MAKILALA Ka nila, ang tanging tunay na Diyos, at si Jesu-Kristo na Iyong pinadala."* Sa parabula ang kasintahang lalaki ay nagsabi lamang sa limang mga mangmang na dalaga: *'Hindi ko kayo nakikilala'* Ang layunin ng ating pananampalataya ay makilala lamang ang Diyos, na makasama Siya, upang tayo ay Kaniyang mapuspos kagaya ng pagpuspos Niya sa temple noon (2Cronica 5:13,14). At 'pag Siya ay dumaloy sa atin, mapuspos ang ating buong pagkatao, kung gayon hindi na tayo ang nabubuhay, sa halip si Kristo ang namumuhay sa atin." (Ang sumulat ay kilala ng editor)

## KAGULAT-GULAT NA MGA KASAGUTAN SA PAMAMAGITAN

"Ang ikalawang 40-Day na aklat mula kay D. Smith ay isang hindi kapani-paniwala na pagpapala para sa akin. Ang ilan sa mga taong aking idinalangin ay nakaranas ng 180° na pagbabago sa kanilang buhay.

Sa panahon ng 40 Araw ako ay nagkaroon ng malalim na pag-uusap tungkol sa espirituwal sa isang kaibigan. Sinabi niya sa akin na ang kanyang buhay ay nagkaroon ng kakaibang direksyon sa mga nakalipas na linggo. Nagkaroon siya ng mas malaking pangangailangan na manalangin, lalong nagbubulay-bulay sa Salita ng Diyos at aking nakayang pabayaan ang mga bagay na mawala na nagging mahalaga at kanais-nais sa kanya dati. Ako ay nagkaroon ng katapangan na sabihin sa kaniya ang tungkol sa 40-Day na aklat at binanggit ko din sa kanya na isa siya sa lima na aking idinadalangin. Pagkatapos siya ay tumugon sa positibong pagkamangha: 'ikaw pala ang may kagagawan ng lahat ng bagay na ito.'

Isang babae ang nagpasya na italaga ang kanyang buhay ng 100% sa Diyos. Kahit na siya ay mananampalataya simula ng siya ay bata, siya ay namumuhay na wala ang Diyos. Wala siyang interes sa pananampalataya at lubusang nabitag sa maka-sanlibutang buhay. Siya ay lubusang nabago ngayon; ang bawa't isa na nakakakilala sa kanya at nakakita sa kanya ngayon, ay nagulat. Siya ngayon ay

nag-aaral ng Biblia na kasama ko at nakikibahagi sa 40-Araw na programa sa aming iglesia at nais na himukin ang bawat isa na magkaroon ng mas seryosong buhay-pananampalataya.

Isa pang batang babae, na aking idinalangin, ang nangailangan na makisangkot sa isang linggo ng pagsasanay at kinakailangan na manirahan na kasama ng ibang kasangkot. Siya ay nag-aalala kung paano nya gugugulin ang kanyamg panahon sa mga taong hindi niya kakilala. Isang araw bago siya umalis ay aking pinalakas siya sa panalangin at sinabi ko sa kaniya na siya ay aking idinadalangin ng ilang panahon na. Kaya't kami ay nanalangin na siya ay bibigyan ng kapayapaan sa sitwasyong ito at gagawin Niya ang karanasang ito bilang kasagutan sa panalangin. Sa panahon ng kurso ng pagsasanay siya ay tumawag sa akin at natutuwang sinabi sa akin na gumawa ang Diyos sa kanya ng isang bagay na mahirap paniwalaan. Hindi lamang Niya siya binigyan ng ganap na kapayapaan, ngunit siya din ay nabigyan ng tapang na huwag makisangkot sa mga panggabing aliwan, na kung saan ay kinapapalooban ng sayawan, alak, atbp.

Pagkalipas ng 40 araw ako ay nagpatuloy sa pagdalangin sa mga taong ito, simula nang aking marinig at makita ang dakilang pamamaraan na kung paanong sinasagot ng Dios ang dalangin." A.M. (pinaikling salaysay)

## PAANO GUMAGAWA ANG DIYOS SA TULONG NG PAMAMAGITAN

"Sa nakalipas na limang taon, ako ay lubos na nawalan ng kinalaman sa isang tao na mahalaga sa akin. Para bang hindi niya pinapansin ang aking mga mensahe. Narinig ko na hindi na siya nakapunta sa iglesia sa loob ng 3 taon. (Siya ay lumaki sa loob ng iglesia). At siya ay may ka-relasyon na hindi Kristiyanong babae. Aking inilagay ang kabataang lalaki na ito sa aking listahan ng idadalangin, kahit na hindi ko iniisip na posible magkaroon muli ng ugnayan sa kanya, mula nang siya ay manirahan 600 km ang layo at hindi niya ako sinasagot. Gayunpaman, ako ay nanalangin para sa 'senyales ng buhay'.

Sa maikling abiso, aking narinig ang tungkol sa nalalapit na bautismo ng kanyang kapatid na lalaki, kung saan 'nangyari lamang' na ito ay magaganap sa lugar na malapit sa akin at ito ay sa panahon ng 40-Araw ng Pananalangin (na ito ay nai-plano nang orihinal sa ibang petsa). Nagpasya akong dumalo – at kami ay nagkita! Nagkaroon kami ng malalim pag-uusap at sinabi niya sa akin na may panahon na naramdaman niya ang pangangailangan na bumalik sa Diyos ngunit wala siyang kalakasan na baguhin ang kanyang pamumuhay. Aking

binanggit sa kanya na sa nakalipas na 20 araw ako ay nananalangin ng masinsinan para sa kanya at kahit noong una pa siya ay kabilang na sa listahan ko ng panalangin. Siya ay walang masabi na tamang-tama sa mga panahong ito kanyang naramdaman na ang Diyos ay gumagawa sa kaniya.

Sa panahon ng napaka espirtuwal na programa ng bautismo siya ay kinilos at nang nanawagan ang pastor, aking naramdaman ang labanang nangyayari sa loob niya at pagkalipas ng mahabang pakikipagpunyagi sa wakas siya ay lumuhod at nagsimulang umiyak. Kaniyang isinuko ang kaniyang sarili muli sa Diyos! Sa katapusan ng gabing yaon kanyang binanggit sa akin na siya ay nagpasya na muling dadalo nang palagi sa iglesia at babaguhin ang kanyang pamumuhay. Hindi niya inaasahan na ang katapusan ng sanlinggo ay matatapos sa ganito.

Ilang linggo ang nakalipas, muli kaming nagkita sa isang pulong ng mga kabataan, na muling nagpalakas sa kanya at naitayo siyang muli. Nagpapasalamat ako sa Dios pagsisisi ng isang minamahal na tao..” M.H.

## ANG SIMBAHAN SA LUDWIGSBURG/BADEN-WUERTTEMBERG, GERMANY

“Nang una, kaming mag-asawa ay nag-aral ng 40-Araw na aklat at naranasan ang dakilang personal na pakinabang at pagpapala sa panahon ng panalangin. Matapos ito, kami ay bumuo ng pulong panalangin dalawang beses sa isang lingo sa iglesia, at aming binabasa ang aklat kasama ng mga miyembro ng iglesia. Aming lubusang naranasan ang pagpapala at pangunguna ng Dios at kami ay nakaranas ng maraming himala sa loob ng 40 araw. Bilang iglesia sinariwa at pinasigla kami ng Diyos: ang mga miyembro ng iglesia na walang lakas ng loob na makipag-usap sa hindi kakilala, ay biglaang nakipag-usap sa iba ng may kusa. Binubuklod kami ng Diyos papalapit sa isa’t-isa sa pamamagitan ng panalangin. Nagkaroon kami ng tanging karapatan na espesyal na maranasan ang manalangin para sa limang katao sa loob ng 40 araw. Gumawa ang Diyos sa mahalagang paraan sa buhay ng mga taong ito. Paulit-ulit na dumadalo ang mga tao sa lansangan sa aming program ng Sabbath. Kami ay nagbibigay ng pag-aaral ng Bibliya sa isang pamilya. Kanilang nalaman ang Sabbath sa pamamagitan ng kanilang napanood sa internet at sa aklat na *The Great Controversy* at ilang panahon din na nagsaliksik ng iglesya.” Katja at Christian Schindler, Seventh-Day Adventist Church in Ludwigsburg (pinaikling salaysay)

## KARANASAN NG 40 ARAW

"Nagsimula ang lahat sa seminar ng *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapani-bagong Buhay*. Sa panahong iyon isang pagnanasa ang lumago sa aking kalooban na maranasan ang Diyos sa aking pangaraw-araw na buhay. Pagkatapos ay aking narinig ang tungkol sa 40 araw ng panalangin at pagsamba. Ito ay naging malinaw kaagad sa akin – nais kong maranasan itong pakikipagsapalaran. Sa katotohanan, hindi ko alam ang magiging kahihinatnan ng aking pinasok. Ang humanap ng angkop na kasama sa pananalangin (na kung saan ay bahagi ng programa) ay hindi mahirap. Ang hamon sa akin ay ang paghanap ng panahon para sa aming dalawa na manalangin sa loob ng 40 araw. Bilang isang nurse ang aking oras ng pagtatrabaho ay iregular. Hindi ko na naisip ang tungkol dito. Gayunman, pinagpala ng Diyos ang aking pasya mula sa umpisa. Aking hinintay ng may pagnanasa ang mahahalagang minuto ng araw na kami ay makapag-bahagi sa bawat isa ng paksa at ang paghingi ng Espiritu Santo. Aming natuklasan na ang panalangin ay nagbago ng mahalagang bagay sa aming mga buhay. At hindi namin ito maitago sa aming mga sarili. Sa bawat pagkakataon na dumarating kami ay nahihimok na magbahagi ng anumang bagay. Ito ay mahalaga sa akin na mang-ganyak sa ibang tao na magkaroon ng kagayang karanasan. At ang epekto nito ay aming nakita. Ang ilang miyembro ng iglesia ay nahawahan ng aming kasigasigan. At biglaan nagkaroon ng bagong pares ng pagsamba. Aming inaantay sa bawat linggo ang panahon na kami ay makapagbahagi ng aming karanasan. Ang 'virus' na ito ay nakuha din ng ilan sa aming mga kabataan. Ang 40 araw ay masyadong mabilis na natapos. Hindi namin nais na matapos. Kaya't aming ipinag-patuloy ang aming pagsamba gamit ang aklat na *Maranatha – The Lord is Coming* isinulat ni Ellen White. At hindi kami pinaghintay ng Diyos ng matagal. Sa loob pa rin ng 40 araw kami ay pinagkalooban Niya ng kamangha-manghang kasagutan sa panalangin. May isang tao na aming idinadalangin sa panahong ito,ang muling nakipag-ugnayan sa iglesia matapos ang mahabang panahon ng pagkawala. Kami ay lubos na natuwa. Ang mga tao sa aking paligid ay mas naging mahalaga sa akin. Naging mas malakas ang pagnanasa ko na ibahagi ang pag-ibig ng Dios sa ibang tao. Ang aking buhay ay nabago. Marami sa amin ay higit nakilala at naunawaan ang isa't isa. Marami ang nakibahagi sa buhay ng iba at nariyan para sa iba. Ang pagsasama ay nagkaroon ng ganap na bagong kahulugan. Ang 40 Araw na panalangin at pagsamba ni Dennis Smith ay malaking tulong sa akin. Ito ay mas madali kaysa sa wariing humanap ng kasama sa panalangin at maranasan ang Diyos. Ang mga taong mahal sa atin ay pasasalamatan tayo dahil dito." Hildegerd Welker,

Crailsheim Seventh-Day Adventist Church, ay isang nurse sa silid ng pag-oopera. (bahagyang pinaikli)

## SI JESUS ANG ATING HALIMBAWA

Si Jesus ang ating dakilang halimbawa sa lahat ng bagay. Sang-ayon sa Lukas 3:21-22 ating mababasa: *"Nangyari nga, nang mabautismuhan ang buong bayan, na si Jesus ay binautismuhan naman, at nang nananalangin, ay nabuksan ang langit, At bumaba sa kanya ang Espiritu Santo na may anyong katawan, tulad sa isang kalapati..."*

May binanggit si Ellen White tungkol sa kaganapan na ito: "Bilang tugon sa Kaniyang dalangin sa Ama, ang langit ay nabuksan, at ang Espiritu ay bumaba kagaya ng kalapati at nanirahan sa Kaniya."[130]

Nakakamangha ang nangyari sa Kaniyang ministeryo: "Tuwing umaga Siya ay nakikipag-usap sa Kanyang Ama sa langit, **at tinatanggap sa kanya ang sariwang bautismo ng Espiritu Santo."**[131] Kung si Jesus ay nangangailangan ng sariwang bautismo ng Banal na Espiritu sa araw araw, gaano pa kaya natin ito mas higit na kailangan!

---

**130** E.G. White, *Ye Shall Receive Power* (1995), p. 14.4

**131** E.G. White, *Signs of the Time,* Nov. 21, 1895

KABANATA 7

# KAPAKANAN AT PAGBABAHAGI

*Ang kagalakan na ating ipinagkaloob ay bumabalik sa ating mga puso.*
*(Kasabihan ng Aleman)*
*Paano ko matutulungan ang ibang tao na maranasan ang "Buhay na masagana" (Juan 10.10)*

## PAPAANO GISINGIN ANG MALASAKIT SA BUHAY NA PUSPOS NG ESPIRITU?

Ano ang maaaring gawin ng iglesia at ng mga pinuno? Narito ang ilang mga posibilidad na nagpapakita ng mga bagay na maaaring gawin bilang mga pinuno (halimbawa: bilang presidente, pastor, sekretarya ng simbahan o misyon, pinuno ng mga institusyon o ilan pang pangunahing tao) sa pakikipag-ugnayan sa mga kapulungan ng iglesia, grupo at mga simbahan.

### Mga Posibilidad

1. **Pagsamba ng dalawahan:** Pag-aralan ang 40-Araw-Pagsamba bilang mag-asawa o maaari na magsama ng iba sa pananalangin. Umpisahan ang unang 40-Days na aklat "Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming", ni

Dennis Smith ng Review and Herald, at kung naaangkop sa mga sumusunod ay gamitin ang ikalawang 40-Days na aklat na may pamagat “Prayers and Devotions to Revive your Experience with God.” Kapag ang mag-asawa ay nagkaroon ng pagsamba nang magkasama, ito ay malaking pakinabang at nagtataguyod ng malalim na pagsusuyuan. Natural, maaari din na sumamba na kasama ang iba. At tamang-tama din naman na personal na magkasama, at maaari din na gamitin ang telepono, Skype o di kaya ang media. Ang pagsamba ng grupo o magkapares ay may pinakadakilang tagumpay. Ang salita ng Diyos ay nagrerekomenda na tayo ay manalangin ng dalawahan (Mateo 18:19) at gumawa ng dalawahan (Lukas 10:1). Itong pamamaraan ng pagsamba ay ang pinakamabuting pangunahing kailangan upang magbigay inspirasyon sa iba, na gawin din ang ganito.

2 **Ipakilala o magbahagi ng babasahin.** Halimbawa:
Ang librito na “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” (makukuha ito ng walang bayad sa lahat ng wika na ito ay naisalin).
Mahigit 80 na patotoo ng mga nakabasa at daan daan na pag-uusap ang nagpapatunay na ang librito na ito ay sadyang mahalaga sa mga sumusunod na paraan:

- Ito ay nakapagbukas ng kanilang mata upang makita ang espirituwal na kalagayan: ligtas o pahamak? (marami pang nakatala sa kabanata 2)
- Kanilang naunawaan ang mga mahahalagang hakbang patungo sa espiritwal na buhay. Araw-araw na pagsuko kay Kristo, araw-araw na paghingi na tanggapin ang Banal na Espiritu. (DA 676)
  Ang iba pang mga hakbang ay ipinakita ng Banal na Espiritu. (marami pang nakatala sa kabanata 3)
- Sa pananalangin na kasama ang mga pangako ng Banal na Kasulatan, sila ay may kapanatagan na tinanggap nila ang Banal na Espiritu. (marami pang nakatala sa kabanata 5)
- Ang kanilang dakilang galak ang nagiging dahilan upang sila ay maging mga saksi at mga taga-pamahagi ng librito.

Sa pamamagitan ng karanasan ng marami, aming natutunan na ang pagbabasa ng “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” kasama ng 40-Days na aklat 1 at 2 ay umaakay para sa pinakamabuting mga resulta. Ang “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” ay nagmumulat ng mga mata at pinakamahusay na tulong na magsimula kaagad. Ang 40-Days na aklat ay nagpapalawak at tumutulong na mapalakas ang buhay

espirituwal. At saka, ito ay tumutulong sa personal na pagsamba tuwing umaga at magkaroon ng tugon ang mga panalangin.

3. **Maikling babasahin sa panahon ng pagsamba:** Sa mga nakalipas na panahon, mga piling sipi hinggil sa Espiritu Santo ay maaaring mabasa sa panahon ng pagsamba bago ang pangangaral. (5-10 minuto). Ang mga inirerekomenda na babasahin ay nakatala sa ilalim ng susunod na punto. Matapos ang ilang sandali, ang mga tao ay maaaring hikayatin na bumuo ng 2 grupo upang maisagawa ang 40-araw na pagkaunawa (suriin ang punto 12).

4. **Mga sipi mula sa mga literatura** ay maaaring mailimbag sa pahayagan ng simbahan o di kaya ay mairekomenda ito sa panahon ng pag-aanunsyo:

- The Desire of Ages, Ch 73: "Huwag magulumihanan ang iyong puso"
- The Acts of the Apostles, ch 5 "Ang Kaloob ng Espiritu"
- Christ's Object Lessons, ch 12 "Humiling upang Magbigay"
- Testimony Treasures volume 3, Ang Pangako ng Espiritu, p 209-215
- Kaisipan mula sa Isang Araw mula sa EGW pagsambang aklat "Ye Shall Receive Power" (makukuha sa inyong lokal na Adventist Book Center)

5. **Ibahagi ang mga karanasan:** mas mainam kung madalas na ibabahagi ang inyong karanasan sa panahon ng pagsamba. Ang pansariling karanasan mo ay maaaring ibahagi, o di kaya ay ang karanasan ng inyong kasamahan sa simbahan o sa ibang simbahan. Maaari kayong makasumpong ng patotoo sa website – pindutin lamang ang "Mga Patotoo".

6. **Apat na Bahagi na Pantas-aral (seminar) bilang simbuyo-Sabado:** Ito marahil ang pinakamabisang paraan upang mabilis na lumikha ng kapakanan sa simbahan. Ito ay namumukod na Sabado na may 3-4 na paghaharap, na mag-uumpisa sa gabi ng Biyernes, sumunod ay sa oras ng pagsamba sa araw ng Sabado, at uulitin sa hapon ng Sabado. Ang maaari na pangkalahatang paksa ay ang "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" na programa:

- Ang gabi ng Biyernes ay tamang-tama na panahon upang ibahagi ang mga karanasan, at maaaring magbahagi ng nakakaantig na mga karanasan. Kung posible, nararapat na ibahagi ang personal na karanasan ng tagapagsalita. Isa pang posible na gawin ay pag-usapan ang tungkol sa "Pagsuko kay Jesus". Maaaring masumpungan ang suhestiyon hinggil dito sa librito na "Kay Jesus Manahan", kabanata 2 "Pagpapasakop kay Jesus".

- Inirerekomenda na ipangaral sa mga susing isipan mula sa “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” sa oras ng pagsamba. Upang mas maging wasto: magbahagi ng 2-3 sipi mula sa pambungad ukol sa kakulangan ng Banal na Espiritu. Ipagpatuloy ang susing isipan mula sa Kabanata 1 “Ano ang itinuturo ni Jesus tungkol sa Banal na Espiritu?” at sa kabanata 2 “Ano ang sentro ng ating mga suliranin?” (marahil ito ay mahahati sa magkaibang oras)
- Sa panahon ng pagpupulong sa hapon, maaaring ibahagi ang susing isipan mula sa kabanata 3 “Ang ating mga problema-sila ba’y kayang lutasin?- Paano?”
- Sa panahon ng pagpupulong sa ikalawang hapon, ibahagi ang susing isipan mula sa kabanata 5 “Ang susi sa praktikal na karanasan.”

Sa ibang iglesia na kung saan ang pantas-aral ng “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” ay naganap na, maaari na muli silang magkaroon ng programa ng Sabado o di kaya ay panibagong pantas-aral mula sa librito na “Manahan Kay Jesus”. Muli, maaari din magkaroon ng apat na bahagi mula sa apat na kabanata.

Isang kapakinabangan sa paghahanda para sa simbuyo-Sabado na ipamahagi ang mga katuwang na literatura ng maagang panahon, na may kasamang mungkahi na pag-aralan ng mabuti. Napatunayan din na kapaki-pakinabang na umpisahan ang 40-Araw-Panalangin, sa katapusan ng sanlinggo matapos ang simbuyo-Sabado (tignan ang punto 12) o di kaya ang nakatugmang babasahin ng isang kabanata sa bawat sanglinggo mula sa “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay.” (tignan ang punto 7)

7. **Nakatugmang Pagbasa: Isang Kapitulo bawat sanglinggo –** isang madali at makakatulong na posibilidad ay basahin ang isang kabanata sa loob ng sanglinggo (mas makakaigi kung ang kabanata na ito ay mababasa ng mas higit sa isa) mula sa “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay” o “Manahan kay Jesus” o isa sa mga 40-Days na aklat. Ang isang grupo o di kaya ang buong iglesia ay maaaring magkasundo sa petsa ng umpisa. Ito ay maaaring gawin kahit bilang paghahanda para sa apat na bahagi ng pantas-aral (tignan ang punto 6) o di kaya ay pagkatapos ng simbuyo-Sabado. Ang bawat kaanib ay maaaring magpasya kung nais nilang magbasa ng mag-isa, o kaya ay may kasamang isa, at maaari din ang naka-grupo. Sa panahon ng Sabado, makakabuti na basahin ang susing isipan sa naka-ukol na kapitulo

sa loob ng 5 minuto at mag-anyaya ng mga tao na magbahagi ng kanilang personal na testimonya. At kung walang magbahagi ng kanilang karanasan, ay maaari din naman bumasa ng karanasan ng iba. (Maghanda ng mas maagang panahon – suriin ang Testimonya). At i-anunsyo kung anong kapitulo ang babasahin sa susunod na sanglinggo. Maaaring mag-order ng 40-Days na mga libro sa www.spiritbaptism.org

8. **Magdaos ng Pangangaral** ukol sa pamumuhay na kasama ang Banal na Espiritu, o himukin at humiling na ang iba ang gumanap. Mayroong mahusay na pangangaral mula kay Dwight Nelson sa ilalim ng pamagat na: "Ground Zero and the New Reformation: How to be Baptized with the Holy Spirit." Ang mga pangangaral na nag-umpisa nuong ika-2 ng Setyembre, at ang iba pa nuong Agosto 30 at Setyembre 13 ay nasa www.pmchurch.tv/sermons.

9. **Magdaos ng Pag-aaral ng Biblia** ukol sa pamumuhay na kasama ang Banal na Espiritu o di kaya ay basahin ito ng malakasan.

10. **Maliit na mga grupo o mga grupo ng pananalangin** ay maaaring bumasa at pag-usapan ang nauukol na babasahin at manalangin ng magkasama. Sa karagdagan, ang dalawahan ay maaaring imungkahi na magtungo sa 40-araw ng pagsamba at isang beses sa sanglinggo ay magtagpo ang buong grupo upang pag-usapan, magbahagi ng karanasan, at manalangin ng magkasama. (tignan ang punto 12).

11. **Misyon pang-Sabado –** Sapagka't ang buhay kasama ang Banal na Espiritu ay nagdudulot na tayo ay maging misyonero, isang magandang posibilidad, sa palagiang batayan o sa tiyak na bahagi ng panahon, na itaguyod muli ang misyon pang-Sabado. Ito ay sangkap na saligan ng ating mga tagapanguna. Ang ating mga ninuno ay nagsasagawa ng misyon pang-Sabado sa tuwing unang Sabbath ng buwan. Maaaring isang dedikadong miyembro o di kaya maliit na grupo ay maaaring ipalagay na responsable para sa mapanalanginin na paghahanda at pagpapatupad. At kung ito ay maisasama sa mga nabanggit na mga posibilidad sa itaas, ito ay makakatulong na maitaguyod ang masayang oras ng Sabado. Sa karagdagan, ito ay maaaring gumising sa espiritu ng pagiging misyonero.

12. **Pag-aralan at pag-usapan ang konsepto ng 40-Araw –** ang konsepto na ito ay naiharap sa una, ikalawa, at ikatlong aklat ng 40-Araw sa ilalim ng bahagi na "Panimula at Pangkalahatang-ideya". Pagkatapos, ito ay maaaring pag-usapan sa lupon ng iglesia, lupon ng misyon, at lupon ng komperensya. Ang konsepto na ito ay maaari din na iharap sa pulong ng mga pastor, pulong ng mga matatanda sa iglesia, pulong ng mga misyon at pulong ng mga kabataan, pulong ng distrito at paaralang misyon. Ang konsepto na ito ay nakakatulong sa iba't-ibang bahagi gaya ng mga sumusunod:

- Makakatulong na magkaroon ng malapit na relasyon kay Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
- Makakatulong na mapalakas ang buhay mapanalanginin (mag-isa, magkasama, o grupo)
- Makakatulong na mapalalim ang personal na karanasan.
- Makakatulong na mapatibay ang espirituwal na buhay sa pamamagitan ng 40-Araw na pagsamba sa Espiritu Santo.
- Mapagaan ang pamamagitan sa mga nawawala o hindi pa naaabot na mga tao at mapagaan ang paghahanap sa kanila.
- Makakatulong sa pagsuporta sa pangangaral, grupo ng nagmamalasakit, o di kaya ay ang pag-aaral ng Biblia.

Ito ay nakakamit sa tulong ng tatlong espiritwal na mga hakbang:

- Personal na espiritwal na pagpapasigla sa pamamagitan ng 40-araw na pagsamba na maaaring gawin ng dalawahan.
- (Sa pamamagitan ng mga talakayan na nakapaloob sa mga libro ay ang mga "Katanungan Tungkol sa Talakayan" at araw-araw na panalangin sang-ayon sa "Pokus sa Panalangin" para sa Banal na Espiritu)
- Ang puspos ng Espiritu na pamamagitan at bawa't kaanib ay kumokonekta sa limang mga tao na hindi pa naaabot, o di kaya ang mga kapatiran na nanghihina sa pananampalataya.
- Mga gawain ng pangangaral (pagtatanghal, grupo ng nagmamalasakit na may kaisipan sa pag-misyon, pag-aaral ng Biblia, maliliit at katamtaman ang laki na eksibisyon. Halimbawa, sa kalusugan, pagkalalang o pag-aaral ng mga hula).

Para sa mga taong tagapag-buo ng programa, ang konsepto ng 40-Araw, na tinatawag na "Instruction Manual", ay magagamit kung iyo itong pipindutin rito: 40Day-Instructions.pdf. Ito ay naglalaman ng mga kinakailangang mga hakbang upang maging matagumpay ang inyong karanasan sa loob ng 40-Araw. Ang

mga naimungkahi na paraang espiritwal ay ang pinakamabuti para sa mga nakaplanong serye ng mga pangangaral. Sa ganitong paraan, ang mga pinuno at miyembro ng iglesia, sa ganang sarili ay nakapaghahanda. Sa pamamaraan ng pamamagitan at ang bawa't kaanib ay kumokonekta sa limang hindi pa napapaabutan na mga tao, ang bukiran ay naihahanda para sa hanay ng pangangaral. Sari-saring paraan ng pangangaral ay maaaring magamit. Para sa nais makipag-alam ukol sa pag-order ng 40-Days na mga libro ni Dennis Smith, maaaring bisitahin sa internet sa ilalim ng www.spiritbaptism.org.

13. Magbigay ng **papel na may impormasyon** hinggil sa 40-Araw programa ng panalangin para sa bawa't miyembro. At bilang karagdagan, inirerekomenda na itala ang petsa para sa umpisa ng 40-Araw serye sa inyong iglesia.

14. Magpalimbag ng mga **nauukol na mga artikulo** pahayagan ng inyong simbahan, pahayagan ng inyong komperensya, pahayagan ng union, mga periyodiko, website ng inyong iglesia, gayundin sa pahayagang balita mula sa inyong iglesia at gayundin sa ibang departamento ng iglesia.

15. **Magsiyasat:** Matapos ang pag-aaral sa tema ng Espiritu Santo, maliliit na mga papel ay maaaring ipasa para sa maiksing pagsisiyasat:
    - Kung ang indibiduwal ay malimit o araw-araw na nananalangin para sa Banal na Espiritu, maaaring nilang markahan ng tsek.
    - Kung ang indibidwal ay nananalangin ng may pangako para sa Espiritu Santo, maaari nilang markahan ng dalawang tsek.

Ito ay mabuting paraan upang malaman ang kasalukuyang katayuan sa kanilang lugar.

**Paghahandang puspos ng panalangin** para sa lahat ng naitalang mga posibilidad ay napakahalaga. Napakaimportante, bilang mga indibiduwal na nananalangin na humiling sa mga partikular na miyembro ng iglesia, sa mga grupo ng mga nananalangin, at maging sa buong iglesia para sa partikular na pamamagitan para sa partikular na kahilingan – para sa pagpapatupad at tagumpay.

# PAANO IPAMAMAHAGI ANG LITERATURA UKOL SA PAGPAPANIBAGONG BUHAY?

**Layunin:**

Isang kapatid na lalaki ang minsang nagsabi: "Ang mensaheng ito ay kailangang makarating sa bawat Adventistang tahanan sa palibot ng mundo. Gagawin ko ang aking bahagi," At kaniyang ginagawa ito – ng labis. Isang kapatid na babae ang sumulat: "Ang munting aklat na ito ay kailangang maisalin sa lahat ng pangunahing mga wika, o pinakamahusay sa lahat." Siya ay nagwagi sa kaniyang komperensiya at ngayon ay ipinangangaral ang paksang ito sa buong mga distrito. At saka, sa pamamagitan ng gabay ng Diyos, siya ay nakapagdala ng libong mga aklat sa kalapit na mga bansa na hindi tinatanggap ang pananampalatayang Kristiyano dati.

**Paglago at Pananalapi:**

Sa pamamagitan ng gabay ng Diyos, ang libritong Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay ay maipapaabot sa lahat ng Adventistang pamilya sa kanilang sariling wika – ng walang bayad. Sa tulong ng mga manggagawa, maraming komperensiya at mga union ang nakapagbahagi na ng libreng mga kopya sa mga pamilya sa kanilang sari-sariling distrito. Ang tagatuklas ay ang Swiss-German Conference sa Switzerland, ang Australian Union sa Austria, at ang Baden-Wuerttemberg Conference sa Germany. Ang proyektong ito ay lumago sa pamamagitan ng natatanging pagkukusa. Sa pamamagitan ng impluwensiya ng Diyos at sa Kaniyang biyaya mahigit na 600,000 kopya na ang naipamahagi hanggang 2017. Nais naming anyayahan kayong manalangin na patuloy tayong gabayan ng Panginoon at pagkalooban ng kinakailangang kaparaanan upang maitaguyod ang proyekto. Kami ay karaniwang humihiling ng pondo mula sa mga Conferences o Unions na may matatag na badget sa pananalapi upang masagot ang kalahati ng halaga ng pagpapaimprinta. Para sa iba, ngunit lalo na sa mga missions, sa tulong ng Diyos, ibig naming tugunan ang lahat ng kinakailangang pananalapi mula sa aming sarili. Ngunit ang mga gumagamit sa katapusan ay laging makakatanggap ng materyal ng walang bayad, kahit na sa mas malaking bilang.

**Isang Tumpak na Personal na Kinakailangan**

Aming hinahangad para sa iyo na abutin ang iba pa. Ang isang tumpak na kinakailangan sa pamamahagi ay ang pagiging personal na nabiyayaan ng mensaheng ito at ang pagkakaroon ng Kristo na naninirahan sa iyong puso sa pamamagitan ng pagtanggap ng Banal na Espiritu sa bawat araw. Pakiusap na basahin sa The Desire of Ages, p. 676.2 [egwwritings.org] ang napakahalagang sanggunian sa salita ni Jesus sa Juan 15:4:

"Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo" Ito ay mangangahulugan ng dalawang bagay:

- Isang palagiang pagtanggap ng Kaniyang Espiritu
- Isang buhay ng lubusang pagpapasakop sa Kaniyang paglilingkod

Bakit ibinigay ni Jesus ang pahiwatig na ito? "Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo upang ang aking kagalakan [ang kagalakan ng ni Jesus ay ang bunga ng Banal na Espiritu Gal. 5:22] ay mapasainyo, at ang inyong kagalakan ay malubos." (Juan 15:11)

## Mga posibilidad upang Mamahagi:

**Panalangin:**

Ito ay mahalaga na ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa tiyak na mga tao ay kinakailangang handa sa pamamagitan ng kumakalingang pananalangin (intercessory prayer). Sinabi ni E.G. White sa Evangelism, p.341.3," Sa pamamagitan ng madalas na pananalangin ikaw ay dapat na gumawa para sa mga kaluluwa, dahil ito lang ang tanging pamamaraan na kung saan maaari mong maabot ang mga puso."

**Pamamahagi ng aklat:**

Maaari mong iabot ang aklat sa pamamagitan ng pagbabahagi ng iyong mga empresyon at karanasan sa mga nakatanggap. Ang mga ito ay maaaring mga kaibigan, mga lider at mga taong may hinahawakang mga tungkulin sa mga iglesya, komperensiya at mga union, mga palimbagan, proyekto ng misyon, at iba pang mga institusyon. Isa pang mahalagang oportunidad ay naipagkaloob sa panahon ng kombensyong pagpupulong sa isang puwesto o publikong pamamahagi sa pahintulot ng mga tagapag-organisa. Isaisip na ang bawat Adventistang pamilya ay makatanggap ng libreng kopya.

Ang aklat ay maaari ring ipadala sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng mga taong nakakatagpo ng personal ang tumanggap.

**Pamamahagi sa pamamagitan ng internet**

Isang pinaka-napapanahong paraan upang ipamahagi ang mensahe ay sa pamamagitan ng email. Ang mensahe ay naipadala sa Australia at mula roon ay naipadala sa Mizoram, India. Ito rin ay nakarating sa Pakistan sa pamamagitan ng Brazil. Maaaring mong basahin ang mensahe sa www.schritte-zur-personlichen-erweckung.info . Maari kang mag-imprinta at/o ipasa ito sa pamamagitan ng simpleng koneksyon sa isa o marami sa lahat ng isinaling mga wika. Maaari mo ring maipaalam sa mga tao na ang website ay magagamit sa Engles sa www.steps-to-personal-revival.info. Sa katapusan ng 2016, sa gabay ng Diyos at sa tapat na suporta ng mga tagasalin, ang mensahe ay maaring magamit na sa 20 mga wika, kasama ang 8 pang wika na malapit nang sumunod rito. Sa tulong ng Diyos, marami pa ang tiyak na susunod.

**Pamamahagi sa pamamagitan ng e-books**

Ang libreng e-book ay maaari sa website na ito sa 'epub" at 'mobi' formats. Maaari ka ring mag-order ng e-book sa pamamagitan ng Amazon sa halagang €1.00.

**Pamamahagi sa pamamagitan ng Social Networks**

Isang napaka-epektibong paraan upang maibahagi ang nilalaman ng website na ito o koneksiyon sa PDF books sa mga kaibigan at mga kakilala ay sa pamamagitan ng networks tulad ng Facebook, Google+, Twitter or WhatsApp. Sa pamamagitan ng pamamahagi at pag-anyaya, maaari mong maabot ang iyong mga personal na contacts, gayun din ang mga bagong tao sa ibat-ibang mga bansa at mga kontinente.

**Pamamahagi sa pamamagitan ng mga Sermon at mga Seminar**

Lahat ng mga pastor at mangangaral na layko ay mayroong kahanga-hangang opurtunidad na ibahagi ang mensaheng ito sa mga simbahan sa isa o marami pang sermon. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng iyong sariling pag-aaral o sa pamamagitan ng pag-gamit ng mga materyales mula sa aklat. "Hindi ko pa naipangaral ang paksa na narinig o nabasa na ng iglesya. Sa pamamagitan ng pang-edukasyong pananaliksik na nalalaman ko ngayon na ito ay lubos na mahalaga na basahin o pakinggan ang gayong isang mahalagang paksa ng 6-10 ulit," (Personal na karanasan at payo ni Ptr. Helmut Haubeil). Kung nais mo, maaari mong ipahiwatig na iyong ginagamit ang pangunahing isipan o sipi mula sa aklat.

Kung ikaw ay hindi nangangaral maaari kang humiling sa iba na gamitin ang paksang ito sa kanilang mga sermon.

Isang Sabadong pagsasanay na may pangkalahatang paksa na "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" ay kinakailangang naglalaman ng kahit tatlong paksa:

Sermon:
**Ano ang ubod ng ating mga problema?**
Ang atin bang mga problema ay may espirituwal na dahilan?
Tayo ba ay kulang sa Banal na Espiritu? Paano ko susuriin ang aking Espirituwal na Buhay?
(Ito ang mga pangunahing kaisipan mula sa pagpapakilala, gayon din sa mga kabanata 1 at 2)

1. Programa sa hapon:
   **Ang ating mga problema ay kaya bang lutasin – Ngunit paano?**
   - Paano tayo makakabuo ng isang masaya/maligaya at matatag na pamumuhay Kristiyano?
   - Paanong pinupuno ng Banal na Espiritu ang ating buhay? Ang lihim na salita ay "araw-araw". (Ito ang mga pangunahing kaisipan ng kabanata 3)

2. Hapon o gabing programa
   - **Susing pinag-uusapan para sa praktikal na pagsasagawa/ Paano isasagawa ito ng tunay (Der Schlussel zur Praxis)**
   - Paano ko maaaring isagawa at maranasan ang kasagutan ng Diyos sa aking buhay?
   - Paano ako dapat manalangin para sa kasiguraduhan ng pagbuhos ng Banal na Espiritu?
   - (Ito ang mga pangunahing kaisipan ng kabanata 5)

## Personal na mga patotoo

Personal na mga patotoo tungkol sa mga sumusunod na paksa ay napakahalaga:

- Tungkol sa personal na mga impresyon o kaalaman na nakamit sa pamamagitan ng babasahin
- Tungkol sa mga epekto na dala ng mensaheng ito sa ating mga buhay

## Pagsasalin tungo sa iyong sariling lokal na wika

Kung ang aklat ay hindi pa naisalin sa iyong sariling lokal na wika, marahil kaya mo – sa pamamagitan ng panalangin at awa't tulong ng Diyos – humanap ng isang tao, na may nais at kayang gawin ito. Tagasalin, na personal na nabagbag ng mensahe ay may malaking kalamangan. Hanggang ngayon, karamihan ng pagsasalin ay natapos ng kusang-loob, yamang ang tagasalin rin ay mayroong malaking paghahangad na maipalaganap ang mensaheng ito. Ngunit minsan ang pagsasalin ay nangangahulugan na makagawa ng kabuhayan. Yaong mga tagasalin ay binabayaran ng "parang kapatid" na sahod. Kami ay nagpapasalamat, kung ikaw ay makikipag-ugnayan kay Helmut Haubeil ng personal patungkol sa pagsasalin. Siya ay may mga mabuting payo na maibabahagi at masisiguro na ang aklat ay mailalabas sa parehong ayos sa bawat wika.

Sa pamamagitan ng Espiritu Santo tayo ay mayroong isang kahangahangang lider sa lahat ng mga sitwasyon sa buhay at kalakasan ayon sa kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian.

Nang gayon ang ating mga karakter ay maaring mabago at tayo ay maaring magingmahalagang kasangkapan sa gawain ng Diyos. An gating araw-araw na pagpapasakop at bautismo ng Espiritu Santo ay mag-aakay sa tunay na pambihirang tagumpay sa ating mga buhay.

Ang Panginoon ay ibig na ihanda tayo para sa napakadakilang panahon sa kasaysayan ng ng sanlibutan. Nais Niya na tayo ay maging handa ng personal para sa Kaniyang pagdating at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo tayo ay gagawang magkasama sa pagtatapos ng gawain ng ebanghelyo. Nais Niyang akayin tayo ng matagumpay sa panahon ng kahirapan.

Hayaang bigyan ka ng Diyos ng personal na pagpapanibagong buhay at repormasyon sa pamamagitan ng araw-araw na pagpapasakop at ng araw-araw na bautismo ng Espiritu Santo.

Nais kong magtapos sa isang talata sa Biblia at isang panalangin para sa pagpapanibagong buhay:

*"Kung ang aking bayan ...ay magpakumbaba at manalangin, at hanapin Ako at tumalikod sa kanilang masasamang lakad, Akin silang papakinggan mula sa langit, at patatawarin ko ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain."* (2 Cron. 7:14)

***Panalangin: Amang nasa langit, paki-usap bigyan mo kami ng kapakumbabaan (Mikas 6:8) Ilagay sa aming mga puso ang malaking pagnanasa na manalangin at hanapin ang Iyong mukha. Gawin o kaming kusa at tulungan Mo kaming talikuran ang aming masasamang mga lakad. Paki-usap ganapin Mo ang kinakailangan sa amin at bilang resulta ng Iyong pangako iparinig Mo sa amin ang Iyong kasagutan.Patawarin kami sa aming mga kasalanan at pagalingin Mo kami sa aming pagiging malahininga at pagtalikod. Paki-usap tulungan kami na ipasakop ang aming mga sarili kay Jesus araw-araw at sa pamamagitan ng pananampalataya matanggap namin ang Espiritu Santo. Amen.***

“Ang isang pagpapanibagong buhay ay kinakailangang asahan lamang na kasagutan sa panalangin.”[132] “Ang bautismo ng Espiritu Santo tulad ng sa araw ng pentecotes ay umaakay para sa isang pagpapanibagong buhay ng tunay na relihiyon at sa pagganap ng maraming kahanga-hangang mga gawa.”[133]

---

132 E.G. White, *Selected Messages, Book 1* (1958), p. 121.1

133 E.G. White, *Selected Messages, Book 2* (1958), p. 57.1

## Mungkahi para sa karagdagang pag-aaral

Isang mahalagang payo: basahin itong libreto, kung maaari, araw-araw sa loob ng anim na araw. Ang pang-edukasyong pananaliksik ay ipinakita na kinakailangan na ang isang mahalagang paksa para sa ating buhay ay dapat mabasa o marinig ng anim hanggang sampung ulit bago ito ay tuluyang maunawaan ng isang tao. Subukan ito. Ang resulta ang hihikayat sa iyo.

Isang guro ang sumubok nito: "Ang mga salitang ito na nagbibigay ng pag-asa ang umakit sa akin: 'Subukan ito kahit minsan. Ang resulta ang hihikayat sa iyo.' Nais kong maranasan ito, at sa ikatlong pagbabasa ito ay kumapit sa akin at aking naramdaman ang dakilang pag-ibig para sa ating Manunubos, na kung saan ay aking pinakaaasam sa buong buhay ko. Sa loob ng dalawang buwan aking nabasa ito ng anim na ulit at ang resulta ay kapakipakinabang. Ito ay para bang aking nauunawaan kung paanong si Jesus ay malapit sa atin at maaari tayong tumingin sa Kaniyang dalisay, mabait at mapagmahal na mga mata. Mula noon ay hindi ko nais na humayo muli na wala ang ligayang ito para sa aking Tagapagligtas." C.P.

Tumanggap ako ng maraming pasasalamat at masigasig na mga patotoo tungkol sa kanilang bagong buhay kasama ang Espiritu Santo. Halos lahat sila ay mula sa mga mambabasa, na masidhing binasang muli ang libreto ng maraming beses.

## Panitikan sa Topic na ito


- *40 Days [Book 1] Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming,* Dennis Smith, Review and Herald, 2009
- *40 Days [Book 2] Prayera and Devotions to Revive your Experience with God,* Dennis Smith, Review and Herald, 2011
- *40 Days [Book 3] God's Health Principles for His Last Day People,* Dennis Smith, Review and Herald, 2011
- *40 Days [Book 4] Prayers and Devotions on Earth's Final Events,* Dennis Smith, Review and Herald 2013
- *If My People Pray – An Eleventh – Hour Call to Prayer and Revival,* Randy Maxwell, Pacific Press 1995
- *Revive Us Again,* Mark A. Finley, Pacific Press 2010
- *The Radical Prayer,* Derek J. Morris, Review and Herald 2008

## 40 – ARAW MANWAL AT TAGUBILIN

Maaari ninyong masumpungan ang mga materyales na makatutulong para sa pagbubuo ng 40 mga Araw ng panalangin kasama ng serye ng pangangaral pagkatapos, gamit ang 40 Araw na aklat ni Dennis Smith sa website: *www.SpiritBaptism.org* sa ilalim ng 40 Days Instruction Manual.

## Bagong Karanasan sa pamumuhay kasama ang Espiritu Santo

Sinabi ng ating Panginoong Jesus: *"Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi Ko..."* (Mga Gawa 1:8)

**Isang natatanging kahilingan:** Kung kayo ay mayroong karanasan sa pamumuhay kasama ang Espiritu Santo sa inyong buhay o sa inyong pagsaksi, kung gayon aming lubos na pasasalamatan ito kung kayo ay makapagpapadala ng maikling salaysay kay Helmut Haubeil upang kaniyang maibahagi ito sa *Missionsbrief* (isang maliit na pahayagang panliham sa Aleman tungkol sa gawain ng misyon). Paki-usap na inyong sabihin sa amin kung nais lang ninyo ang inisyal pagkatapos ng inyong pag-uulat o kung maaari naming ibahagi ang inyong buong pangalan at kung saan simbahan kayo dumadalo. Inyong tandaan na ang inyong karanasan ay magpapalakas ng iba upang lumago ang kanilang paglalakad kasama ang Espiritu Santo o para simulan ang paglalakbay kasama ang Banal na Espiritu.

**Contact:**

Helmut Haubeil
Rosenheimerstr. 49
D-83043 Bad Aibling/Oberbayern, Germany
E-mail: helmut@haubeil.net
Language: German o English

PULYETO 2:
MGA HAKBANG TUNGO SA PERSONAL
NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

Ang Daan para sa Ganap na Kaligayahan

# MANATILI KAY JESUS

"Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo." Ang pamamalagi kay Kristo ay nangangahulugan-gang ng isang patuloy na pagtanggap ng Kaniyang Espiritu, isang buhay ng tapat na pagpapasakop sa Kaniyang paglilingkod.

E.G.White

*Desire of Ages, DA 676.2*

Ang pamamalagi sa Kanya ay hindi isang gawain na dapat nating gawin bilang isang kondisyon upang tamasahin ang Kanyang kaligtasan. Sa halip ito ang ating pagpayag upang Kaniyang gawin ang lahat ng bagay para sa atin, nasa loob natin, at sa pamamagitan natin. Ito ay isang gawaing ginagawa Niya para sa atin – ang resulta at ang kapangyarihan ng Kaniyang tumutubos na pag-ibig. Ang ating bahagi lamang ay pumayag, magtiwala, at maghintay sa Kaniya na ganapin kung ano ang Kaniyang ipinangako. (Andrew Murray)

KABANATA 1

## ANG PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS

*Ano ang itinuro ni Jesus Tungkol sa Banal na Espiritu? Alam mo ba ang pinaka-kamanghamanghang mensahe ni Jesus?*

KABANATA 2

## PAGSUKO KAY JESUS

*Ano ang ibig sabihin ng pagsuko? Mawawala ba ang aking sariling kalooban ng dahil dito? O ako ay magiging malakas? Ano ang maaaring humadlang sa atin upang isuko ang ating mga sarili kay Jesus?*

KABANATA 3

## SI JESUS AY NANANATILI SAYO

*Ano ang mga bagay na kailangan upang si Jeus ay manirahan sa akin? Papaano ang "pananatili ni Jesus sa akin" ay mag eepekto sa aking buhay? Ang lubusang makakamtan: Maranasan ang kapunuan ng Diyos.*

KABANATA 4

## PAGSUNOD SA PAMAMAGITAN NI JESUS

*Paano ako mabubuhay sa galak na pagsunod? Ano ang mga katangian ng may katapatang pagsunod? Bakit ito'y kagalakan?*

Maaari mong basahin,i-download at ipadala ang libritong ito sa kaibigan ng walang bayad mula sa **www.steps-to-personal-revival.info**

Minamahal na mga Kasamahan,

Sa kasalukuyan, ako ay naglilingkod bilang pastor ng dalawang simbahan sa California. Una kong nalaman ang tungkol sa iyong babasahin matapos ko na mapakinggan si Pastor Dwight Nelson sa kaniyang lingguhan na programa sa internet. Ito ay tunay na tumimo sa aking puso ng malalim. Marami na akong babasahin na napakinggan na may kinalaman sa Banal na Eapiritu, nguni't aking maipapahayag na hindi ko ito napagtuunan ng pansin. Ako ay tunay na naniniwala na sa kakaibang kadahilanan, pinili ng Diyos ang panahong ito na abutin ang maraming mga nilalang sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. At ako ay nagagalak na masumpungan ito ng dahil sa iyong pagsisikap.

Isang bagay na aking maisasaksi sa iyo. Mula pa lamang sa unang kapitulo, atin ng namalas sa simple na pamamaraan ang isang makapangyarihang katotohanan na kakausap sa ating mga utak at tayo ay mapapaisip. At ang proseso ng pagbabasa ng maraming ulit ay napaka-epektibo. Sa lahat ng aking nakakausap, nakakatalakayan at naipapangaral ng ukol sa libro, ang Banal na Espiritu ay mas lalong nagiging kaakit-akit. Ito ay kahalintulad sa una natin itong napakinggan. Namasdan ko ito sa aking sarili. Hindi ako makausad mula sa unang kapitulo hangga't hindi ako nakakapagsermon ng tatlong ulit ukol sa nilalaman nito. Hindi ko na kayang maipaliwanag pa, ngunit hindi ko mapigilan na bumasa ng libro at ang resulta ay nararamdaman ng iglesya. Akin na talagang ipinahayag sa nakalipas na taon, at ang aming distrito ay may malaking paglago. Ang lahat ay aking itinataas sa Diyos at sa pagbibigay ng kapangyarihan mula sa Banal na Espiritu para sa mga miyembro. At kami ay tumitingin sa hinaharap na mayroon pang mas higit kaysa sa taon na ito!

Mula kay D.R. Enero 2018

***Pastor Dwight Nelson,*** *pangunahing pastor sa Pioneer Memorial Church-Andrews University, ay nagsabi, na ang munting libro (Mga Hakbang Tungobsa Personal na Pagpapanibagong-Buhay) 'ay nagbago sa kalooban ko, nais ko din na ganito ang mangyari sa inyo.'*
*Siya ay nangaral ng serye ng tatlong sermon:* ***"Ground Zero and the New Reformation: How to be Baptized with the Holy Spirit."***
*Siya ay kumukuha ng ibang mga salita mula sa 'Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Bubay' ito ay nagdulot sa 4000 na downloads at mga kahilingan na ilang libo na aklat. Naririto ang link para sa kanyang mga sermon. http://www.pmchurch-tv/sermons (Sept 2nd, Sept 9th, Sept 23rd)*

# *Mga Hakbang* TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

**Helmut Haubeil** ay isang negosyante at ministro. Matapos ang matagumpay na pagtatrabaho bilang kinatawan sa isang kompanya ng mga bapor, siya ay tumugon sa panawagan ng Dios na makisangkot sa gawaing ministeryo sa edad na 37 at naglingkod bilang ministro sa loob ng 16 na taon. Pagkaraan siya ay naging direktor ng isang klinika Adbentista sa Bad Aibling, Germany. Siya ang may tatag at patnugot ng "Missionsbrief" (Isang pahayagan ng mga misyon nakalimbag sa wikang Aleman) at makaraan magretiro siya ay gumanap ng malaking tungkulin upang tulungan ang gawaing misyon sa Gitnang Asya at India.

*"Bakit hindi tayo magutom at mauhaw sa regalo na Espiritu sapagkat ito ang tanging dahilan upang tayo ay magtamo ng kapangyarihan? Bakit hindi natin pag-usapan ito, idalangin ito, ipangaral ang may kinalaman nito?*

Ellen G. White, Testimonies for the Church, vol. 8, p. 22